


ANG IKALIMANG TATAK

 Iyukod natin ang ating mga ulo ngayon para sa panalangin.

² Mapagbiyayang Amang Makalangit, ang Makapangyarihang Diyos sa lahat, na Siyang bumuhay muli kay Jesus Cristo mula sa mga patay, at ipinakilala Siya sa amin sa huling mga araw na ito, sa Kapangyarihan ng Banal na Espiritu, kami'y nagpapasalamat para sa mga makapangyarihang pagbisitang ito ng walang-kamatayang Diyos. At ngayon, Ama, kami'y nahaharap sa panibagong oras, isang oras na maaring bumago sa Walang-Hanggang destinasyon ng maraming tao.

³ At upang lapitan ito, Panginoon, kami ay di-sapat. Sapagka't, ito ay nasa mga Kasulatan, na, "Kinuha ng Cordero ang Aklat at binuksan ang mga Tatak."

⁴ O Cordero ng Diyos, lumapit ka, aming dalangin. Kami'y tumatawag sa Iyo, Panginoon, ang dakilang Manunubos. Lumapit Ka at ipakita sa amin ang Iyong plano ng katubusan na naitago sa loob ng mga taon, na binubuksan ang Ikalimang Tatak na ito para sa amin ngayong gabi, Ama, at inihahayag kung ano ang nasa ilalim ng Tatak na iyan para sa amin; upang kami nawa'y lumisan na isang mas mabuting mga Cristiyano kaysa aming kalalagayan ngayon, maging mas karapat-dapat para sa gawaing nakatakda sa unahan. Aming hinihiling ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Makakaupo na kayo.

⁵ Magandang gabi, mga kaibigan. Itinuturing ko itong isang dakilang pribilehiyo na maparito ngayong gabi, sa dakilang pangyayaring ito. Wala akong alam na anumang dako kung saan ako ay makadarama ng mas mabuti pa, kaysa ang maging nasa gawain ng Hari. At ngayon sa pagdating lalung-lalo na sa mga araling ito kung saan ating sadyang hinihintay; kung hindi Niya ihahayag Ito sa akin, hindi ko Ito maibibigay sa inyo. Hindi ko sinisikap na gamitin ang anuman sa sarili kong mga kaisipan o anumang bagay; sadyang kung paano lamang Niya Ito ibibigay. Iya'y tama. At ako—ako'y nakatitiyak, kung hindi ko gagamitin ang sarili kong mga kaisipan, at Ito ay dumating sa paraan na Ito ay marapat. At sa buong buhay Ito kailanman ay hindi naging mali. Hindi ito magiging mali sa pagkakataong ito.

⁶ Ngayon, tayo'y sadyang maluwalhati at talagang, talagang nagpapasalamat sa nagawa Niya para sa atin, ang dakilang mahiwagang kamay ng Diyos na buhay! Anong bagay pa ba ang hihigit, gaano pa ba tayo magiging higit na mapalad na mga tao, kaysa ang mapasa ating presensiya ang Hari ng mga hari, Panginoon ng mga panginoon?

7 Marahil ating hihipan ang mga silbato at—at itataas ang mga bandila, at ilalatag ang mga karpeta at lahat na, para sa Presidente ng bansa kapag darating sa siyudad. Ngunit, isipin lamang, iyan ay maaaring mainam, at ito'y magiging isang karangalan sa siyudad.

8 Ngunit isipin. Sa ating munting, abang tabernakulo, ngayong gabi, ating iniimbitahan ang Hari ng mga hari, ang Diyos. At hindi natin. . .Hindi Siya nagnanais ng mga karpeta upang mailatag, at kung anu-ano pa. Ang hangad Niya ay ang mga mapagpakumbabang puso na mailaan, upang makuha Niya ang mga mapagpakumbabang pusong ito at ihayag sa kanila ang—ang mabubuting bagay na imbak Niya para sa kanilang lahat na nagsisi-ibig sa Kaniya.

9 Ngayon, hiniling natin. . .At ako'y mayroong isang patotoo na nais ko—kong ibigay. Ngayon, kung ako'y nagkamali rito; narinig ko lang ito, at maaaring maging mali ako. Ngunit sa palagay ko ang mga tao ay naririto, at ang patotoong iyan ay sa kanila napapatungkol.

10 At pagkatapos, mga ilang araw ang nakalilipas, nang ako'y naroon sa aking tahanan ngayon, sa—sa Arizona, kami'y nakatanggap ng isang—isang tawag na nagsasabing mayroong isang munting batang lalaki na mayroong reumatikong lagnat. At iyan ay nagtutungo sa puso. At siya ay mistulang. . .Ang kaniyang ama at ina ay talagang magiliw, mahal kong mga kaibigan. Iyan ay isa sa ating mga diyakuno rito, ng iglesia, Kapatid na Collins. Ang kaniyang munting anak na lalaki, munting Mikey, kalaro ni Joe, ay naghihirap sa reumatikong lagnat sa puso. At pinauwi na siya ng mga doktor, inilagay siya sa kama, at sinabi sa mga magulang ni huwag man lamang siyang papayagang bumangon, o itaas ang kaniyang ulo, kapag iinom ng tubig. Inumin ito mula sa isang istro; siya ay talagang grabe. At ang mga magulang, na tapat, ay pumupunta sa tabernakulo rito, at nananampalataya.

11 At mga ilang gabi ang nakaraan, sa hindi paghihintay, kami ay nag-anunsiyo ng mga gawaing pagpapagaling sa Linggo. Ngunit, sa nakita natin na kailangan nating sumagot ng mga katanungan, kaya kung gayon kailangan nating iliban ang gawaing pagpapagaling.

12 At pagkatapos ako ay mayroong munting ilang bagay na itinatago sa loob ko, sa puso ko.

13 At gustong mabatid ng ina at ama kung madadala nila ang bata sa—sa silid. At dinala nila ang munting bata roon, at ipinahayag ng Banal na Espiritu na siya'y magaling na.

14 At kaya, ang mga magulang, bilang paggalang doon, dinala ang munting bata pauwi at ipinadala siya sa paaralan, basta't ipinadala lamang siya sa paaralan.

15 Nalaman iyan ng doktor, kaya ang doktor ay hindi talaga natuwa sa gayong bagay. Kaya, sinabi niya sa ina na ang bata ay dapat na nasa higaan, siyempre. At isinalaysay niya sa kaniya ang istorya. At palagay ko ang lalaki ay isang, naunawaan ko, ay isang mananampalatayang Cristiyano, sa isang denominasyon. Isang—isang Sabadista, yung doktor. At kaya ang sabi n'ya, “Buweno, kailangan mong . . . oras na para sa bata, na suriin ko iyan.” Sabi, “Kailangan mo, kahit papano, na ipasuri iyan.”

Ang sabi niya, “Napakainam.”

16 Kinuha ang bata, at sinuri ito ng doktor, sa dugo, kung saan naroroon ang reumatikong lagnat. At nalaman ko na ang doktor ay labis na namangha na hindi niya alam kung ano ang gagawin. Ang munting batang lalaki ay ganap na normal, malusog at mabuti, wala ni isang . . . ? . . . ang natagpuan.

17 Ngayon, narito ba ang mga Collins? Maaring nasabi ko iyan ng mali. Nais kong . . . Tama ba yan, Kapatid na babaeng Collins? Oo. Tama. Oo. Iya'y munting Mikey Collins, mga anim lang, pitong taong gulang.

18 At iyan ay nangyari mismo sa silid, mga tatlong gabi ang nakararaan. Oh, sila . . . Kinakailangang may Isa sa silid na iyan bukod pa sa tao! Iyan ay ang—ang dakila at makapangyarihang Jehovah, iya'y tama, na dumating upang igalang ang Kaniyang Salita. At ako—ako ay talagang nalulugod na marinig iyan. Kita n'yo? Alam kong lahat tayo'y nalulugod. Hindi lamang ako, ngunit lahat, dahil paano kung iyan ay ang—ang inyong munting anak na lalaki o aking munting anak na lalaki?

19 At, tandaan, ako'y nagbibigay ng patotoo, sadyang tulad ng isang yan, at pumulut ng isa rito at doon. Ito'y nagaganap sa lahat ng dako, ngunit sadyang upang ipaalam sa inyo na—na ang totoong ministryo ko ay nasa Banal na Pagpapagaling. Ngunit inyong . . . Ako'y naririto para sa mga Tatak na ito. Sapagka't, maya-maya, mauunawaan n'yo kung bakit kailangan kong gawin ito. At, kaya, hindi ako isang tagapagturo, hindi ako isang teologo. Ako—ako ay nananalangin lamang para sa may sakit, at mahal ko ang Panginoon. At ngayon, ngayon rito, kahit, na . . .

20 Kagabi nagbigay tayo ng isang patotoo ng isang munting batang babae . . . Nakuha ko ang kaniyang pangalan. At nakuha iyan ni Billy ngayon dito, kung saan, sa magulang at kung sino sila. At ang munting batang babaeng ito ay nasa huling kalalagayan na ng leukemia, mga halos . . . Sadyang napakagrabe na hindi na nila siya mapakain pa sa pamamagitan ng bibig nito; kailangan siyang . . . ang kaniyang dugo ay isinalin sa mga ugat. At siya ay isang magandang munting bagay. Siya ay maliit para sa kaniyang edad, parang tulad ng munting binibining ito rito, palagay ko. Ngunit siya ay mga *ganito* kataas, masyadong . . . Sila ay tulad ng karamihan sa atin. Masasabi

n'yo sa pamamagitan ng pananamit ng bata, na . . . at ang mga magulang, na sila'y talagang mahirap na mahirap, sadyang napakahirap, at, kaya, ngunit talagang magalang. At ipinahayag ng Banal na Espiritu na ang batang iyan ay magaling na.

²¹ Ngayon, isipin lamang iyan, may leukemia, iyang munting kaibigan. At ang dugo ay talagang grabe na hindi na nila mapakain pa siya sa pamamagitan ng bibig. Ito'y kailangang kumuha, pumunta sa hospital at kumuha ng dugo, o ang pagsasalin ng dugo sa mga ugat, pakainin ito; palagay ko, glucose, o anuman. Hindi ko alam ang terminong pangmedisina para sa karamdamang iyan, ngunit, gayun pa man, kailangan iyang pakainin sa ganiyang paraan. At bago nilisan ng bata ang dako, humingi ng isang hamburger.

²² At ang mga magulang, makaraang marinig nila ang Banal na Espiritu, ng GANITO ANG SABI NG PANGINOON, kita n'yo, sila . . . At, sila, mga estranghero, hindi pa kailanman naparito dati. Ngunit sila . . . Isang—isang magiliw na matandang mag-asawa na sadyang nakakuha ng upuan nila rito para sa kanila, ilang minuto ang nakararaan, Kapatid na lalaki at Kapatid na babaeng Kidd, ay tinuruan sila kung anong gagawin, at ano ang dapat pakinggan. At ang bata ay kumain ng kaniyang mga pagkain sa daan pauwi.

²³ Dalawa o tatlong araw makaraan iyan, nasa paaralan. At pumunta sa doktor, at ang doktor ay talagang manghang-mangha! Ang sabi n'ya, “Wala ni isang bakas ng leukemia na natagpuan sa bata.” Kita n'yo? Ngayon, iya'y biglaan, mismo sa punto, ang Kapangyarihan ng Makapangyarihang Diyos sa lahat, upang kunin ang dumadaloy na dugo at linisin ito, kaagad tulad niyan, at—at ilagay ang pagpintig ng—ng bagong buhay pabalik doon. Pagka't, ang inyong—dumadaloy na dugo ninyo ang inyong buhay, mortal. At para makalikha ng mga bagong selula, at linisin ang luma! At—at ano iyan, iyan ay ganap na . . . Sasabihin ko ito, iyan ay isang mapanglikhang gawa ng Makapangyarihang Diyos sa lahat; upang kunin ang isang—isang dumadaloy na dugong narumihan ng kanser, hanggang sa ang munting bata, naninilaw at namamaga, at, sa loob lamang ng ilang sandaling panahon, isang bagung-bagong dugong dumadaloy!

²⁴ Ako'y naniniwalang . . . Hindi ko ipapangusap ito sa Kaniyang Pangalan; ipapangusap ko ito sa aking . . . sa kapahayagan ng aking pananampalataya, kung anong naganap sa Sabino Canyon noong isang araw. Ako'y naniniwalang ang oras ay papalapit, kung kailan ang mga nawawalang mga bisig at paa at braso ay mapapanauli, at ang maluwalhating Kapangyarihan ng Manglilikha. Ako—ako ay naniniwalang, kung magagawa Niyang magpalitaw ng isang squirrel, na walang . . . Narito ang lalaki o babae, mayroon lamang isang

bahaging nawawala. At iyan ay ganap na hayop, sa sarili nito. Siya ay Diyos. Ako—mahal ko Siya.

²⁵ Buweno, ngayon, ako'y nagpasimula sa mga paksang iyon, at tayo'y sadyang patuloy na mangusap lamang. At ang mga tao sa paligid ng mga dingding, at nakatayo sa mga pasilyo at sa mga silid, at kung saan-saan pa, kaya ako'y pupunta ng direktso sa Mensahe.

²⁶ At gusto kong sabihin ito, at gusto kong magpasalamat sa Kaniya na Siyang sumasalihat ng dako. At, na, sa araw na ito, walang nalalaman ni isang bagay tungkol sa Ikalimang Tatak, Ito'y dumating sa gayunding mahiwagang paraan, kaninang umaga, sadyang mga isang oras bago magbukang-liwayway, nang ako ay nasa panalangin. At sa araw na ito . . .

²⁷ Inilaan ko lamang ang huling lima o anim na araw na ito, sa isang maliit na silid lamang, na walang nakikitang sinuman. Lalabas lamang at kakainin ang aking pagkain kasama ng isang—kasama ng isang kaibigan, kasama ang ilan sa aking mga kaibigan dito. At, siyempre, alam ninyo kung sino ang kaibigang iyan, iya'y sina Kapatid na lalaki at Kapatid na babaeng Wood. Oo. At—at alam n'yo, at ako'y pumunta roon at—at nanatili sa kanila, at lahat ng tao ay naging napakabuti. At walang anumang bagay, kundi lamang. . .

²⁸ Sinisikap ko na manatili mismo sa Mensaheng iyan ng mga Tatak na ito. Ito'y mahalaga. Ako'y naniniwalang ito'y—ito'y ang oras ng panahon ng paghahayag Nito, ng kapahayagan Nito.

²⁹ At ngayon gusto kong kayo ay maging tiyak ngayon, habang maaga, bago, ng kasing dali ng inyong magagawa, isulat ang inyong lingid na mga pagkaunawa ng—ng Pitong Tatak na ito, kung mayroon kayo niyaon, at ilapag ang mga ito sa desk. At marahil si Kapatid na Neville o sinuman ay maaring maglagay ng isang kahon dito. [Mayroong nagsabing, “Narito ang kahon.”—Pat.] Oh, heto—heto, nakita ko na sila ngayon. Iya'y mabuti. Mas mabuting makuha ko ang mga ito ngayong gabi, para marahil ay mapag-aralan ko pa ang mga ito ng ilang sandali, para sa Linggo ng umaga. Ngayon, huwag, sa oras na ito, mismo sa oras na ito, huwag ninyong gawin iyang mga kahilingan para sa, sabihing, “Ang ebidensiya ba ng Espiritu Santo ay *ito*?” Kita n'yo? Ako—gusto kong mabatid ng tungkol, sa kung anong aking itinuro, kita n'yo, para makuha natin ang isang paksang ito (tulad ng mga kapanahunan ng iglesya) ng direktso, kita n'yo, sapagka't iyan ang ating pinag-uusapan ngayon.

³⁰ Ngayon, tulad ng tayo ay mananalangin para sa may sakit, kung gayon iyan marahil ay kukuha ng isang—ng isang ibang panalangin. At kayo'y pinahiran, pumasok para sa ibang bagay, alam n'yo. At hinahanap ninyo ang Diyos, upang matuklasan, “Magkakaroon ba ng isang tao roon ngayong gabi, Panginoon?”

31 “Oo, iyan ay magiging isang taong nakasuot ng isang dilaw na damit, nakaupo sa kanang-panig na sulok. At kapag tinawag mo siya, tawagin siyang *ganito*. At sabihing *ganito* at *ganito* ang kaniyang nagawa. At siya ay may *ganoon—at—ganoon*.” Pagkatapos ikaw ay bumaba roon at pagmasdan, at naroon nga siya. Kita n’yo? Hayan nga kayo, kita n’yo. Ito’y iba. Kita n’yo?

32 At sa paraang ito, ako’y nananalanging, “Panginoong Jesus, ano ang interpretasyon Nito? Ihayag Ito sa akin.” Amen.

33 Ngayon kunin natin ang ating—ilabas natin ang ating mga Tabak muli ngayon, at, ang Salita.

34 At pinasasalamatang ko ang espirituwal na pagsuporta ni Kapatid na Neville, gayun din ang kaniyang pangkapatid na pag-ibig, dito sa aking likuran, na nananalangin para sa akin. At sa inyong lahat diyan, din. At, ngayon, ngayong gabi bilang Biyernes ng gabi, sisikapin nating, gawin lamang iyan na... ating...

35 Hindi n’yo maaring tamaan ang lahat ng mga bagay. Inyong... Pagkat, maaari n’yong kunin Iyan, isa lamang sa mga Tatak na iyon, at manatili, sadyang—sadyang dalhin Ito ng diretso sa pamamagitan ng Kasulatan, kaagad mismo. Kita n’yo? Gugugol ito ng mga buwan at mga buwan at mga buwan, at hindi n’yo pa rin Ito makukuha, pagka’t ang—ang Tatak Mismo ay nag-uugnay ng buong Kasulatan, mula sa Genesis hanggang sa Apocalipsis, ang isang Tatak Nito.

36 Kaya ang sinisikap kong gawin, ay, iwasan ang mapalayo mula Rito, ako’y magsusulat ng isang Kasulatan, o—o isang munting tala rito kung saan, at manatili mula... Sadyang manatili sa isang bagay na iyan, kailangan kong magbantay pabalik, pagka’t, ako lamang... Nangungusap, ako ay nangungusap sa—sa pamamaraan... Ako—umaasa akong ito ang tamang inspirasyon. At pagkatapos kapag ako—kapag ako ay tumingin pababa upang tingnan ang... At ako—ako ay magpasimulang mangusap, at nararamdaman ko ang aking sarili na lumalayo sa isang paksa, ako’y babaling paikot, titingin sa panibagong paraan, upang sikaping makakuha ng panibagong Kasulatan, upang makapunta riyan, nakita n’yo, upang tipong liwanagin ito ng kaunti sa bahaging iyan, sa halip na sikaping magpatuloy riyan.

37 At kaya ngayon pag-aaralan natin ngayong gabi, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang tulong, ang—ang Ikalimang Tatak. At Ito’y isang maikli lang. Ito’y medyo mas mahaba ng kaunti kaysa isa. Ang apat ng mangangabayo, ngayon, ay tig-dalawang talata bawat isa, at ito ay tatlong talata sa isang ito. Ngayon, ang Ikalimang Tatak ay nagpasimula, sa ika-6 na kabanata ng Apocalipsis, ang ika-9 na talata.

³⁸ At, ngayon, kung sakali mang kayo ay isang—isang estranghero na hindi pa narining ang apat na mangangabayong ito, buweno, kayo. . . Kita n'yo, minsan kayo—kayo ay sadyang babalik at—at tipong maglagay ng ilang bagay, at kapag ginawa n'yo, inaasahan n'yo na mauunawaan Ito ng mga tao. Kaya kung mayroong isang maliit na bagay na hindi n'yo naunawaan, buweno, medyo magtiis lang ng kaunti. O, kunin ang teyp at pakinggan Ito, at—at ako'y nakatitiyak kayo—kayo'y makakukuha ng isang biyaya mula Rito. Ako ay nakakuha. Ako—ako ay umaasa na kayo—na kayo rin.

³⁹ Ngayon, maghanda ang lahat, mula sa ika-9 na talata ngayon hanggang sa ika-11, o kasama ang ika-11.

At nang buksan niya ang ikalimang tatak, ay nakita ko sa ilalim ng dambana ang mga kaluluwa ng mga pinatay dahil sa salita ng Dios, at dahil sa patotoong sumakanila:

At sila'y sumigaw ng tinig na malakas, na nagsasabi, Hanggang kailan, Oh Panginoong, banal at totoo, na iyong. . . hahatulan at ipaghihiganti ang aming dugo sa mga nananahan sa ibabaw ng lupa?

At binigyan ang bawa't isa sa kanila ng isang maputing balabal; at sa kanila'y sinabi, na mangagpahinga pa ng—ng kaunting panahon, hanggang sa maganap ang bilang ng kanilang mga kapuwa alipin. . . kanilang mga kapatid, na mga papatayin namang gaya nila.

⁴⁰ Ngayon, ito ay mas mahiwaga pa. At ngayon para sa kapakanan ng mga teyp, at mga klerikong tao at mga tagapagturong nakaupo kasalukuyan, ngayon, kung mayroon kayong ibang pananaw mula Rito; ako ay mayroon, din. Ngunit kinukuha ko lamang Ito mula sa inspirasyon, na siyang ganap na bumago ng aking pananaw Rito. Kita n'yo?

⁴¹ At pagkatapos aking natuklasan, gaya ng pagkakakita n'yong nahayag ang mga ito, Ito'y umuugma mismo pabalik at dinadala ang mga kapanahunan ng iglesyang iyon at ang mga Kasulatang magkakalakip, at pinagtatali Ito. Kita n'yo? At iyan ang dahilan na ako'y naniniwala na Ito'y nanggaling mula sa Diyos. Ngayon, napagtanto natin iyan.

⁴² At iniisip ko na minsan tayo'y dumidepende sa kung anong maaring masabi ng ilang tanyag na tagapagturo tungkol Dito. Kita n'yo? At iya'y—iya'y mabuti. Hindi ko hinahatulan ang tagapagturo, hindi sa ano mang paraan. At hindi ako humahatol sinuman. Hinahatulan ko lamang ang kasalanan, di-paniniwala; hindi ang sinuman.

⁴³ At sinabi ng ilang tao na, “Tinutuligsa mo ang mga organisasyon.” Hindi, hindi ko ginagawa. Ako—tinutuligsa ko ang sistema ng organisasyon; hindi ang mga tao roon, ang grupo

ng mga tao na bumubuo ng organisasyon, alam n'yo. Kundi ang sistema kung saan sila'y napapasa-ilalim, iyan ang aking tinutuligsa, Katoliko at Protestante, pareho. Naku! Ako'y . . .

44 Ang ilan sa pinakamatalik na mga kaibigan na—na—na aking kilala, ay mga Katoliko, sadyang . . . ? . . . Napagtanto n'yo ba . . . At ang tao ay maaring nakaupo rito ngayong gabi, marahil. Ang tanging paraan lamang na naitayo natin ang tabernakulong ito, dahil isang Romano Katoliko ang nanindigan sa korte roon, at nagpunta sa harapan para sa akin, at, naku, tulad ng hindi gagawin ng sinuman. Iya'y tama. At hindi nila iyon mapahindian. Iya'y tama.

At ang sabi, "Natantiya nila ang bilang, 'Masyadong maraming mga tao.' "

45 Ang sabi n'ya, "Oh, hindi iyan magdadagdag ng walumpu pa sa simbahang iyan, tulad niyan." Sabi, "Ang simbahang iyan ay nakatayo roon." Sabi, "Ako—kilala ko ang pastor, at lahat tulad niyan." At ang sabi, "Ang simbahang iyan ay matagal ng naroon." Sabi, "Ang ilan sa inyo ay makapagdaragdag dito, kung gayon bakit sila hindi?" Isang Romang Katoliko, mabuti kong kaibigan. Kita n'yo? Opo, ginoo.

46 Isang—isang batang lalaki na isang—isang Katoliko, isang tunay na natatangi kong kaibigan, ay nakipag-usap sa akin. Mayroong isang tindahang hardwer; bago ako umalis. Sabi niya, "Billy, ako—alam kong hindi ka naniniwala sa sistema ng aming relihiyon." Ang sabi niya, "Ngunit sinasabi ko sa iyo mismo ngayon," sabi, "Kinilala ng Diyos ang mga panalangin mo para sa amin! Ako'y naniniwala, kung ikaw ay maisasangkot sa kaguluhan saan man sa bansa," sabi, "bawat Katoliko sa bansa ay pupunta sa iyo." Kaya, kita n'yo, iyan ay . . .

47 Ang sabi n'ya, "Bawat nagpapasanan ng krus," ang kaniyang tawag doon. Sasabihin ko ito sadyang sa paraan na pagkasabi niya. Siyempre, inaangkin nila ang pagiging ganiyan dahil ang mga sinaunang mga Cristiyano ay nagpasan ng mga krus sa kanilang mga likod. Alam natin iyan sa pamamagitan ng kasaysayan. At inaangkin nila na sila ang sinaunang mga Cristiyano, na sila nga, ngunit ang sistema ay inilihis sila mula sa daang iyan, kita n'yo.

48 At silang mga tao, isang Katoliko, o Hudyo, o anuman iyan, sila'y mga taong nilalang na mula sa gayun ding puno na ating pinanggalingan. Kita n'yo? Iya'y tama. Sila'y—sila'y mga taong nagmamahal, at kumakain, at umiinom, at natutulog, at sadyang tulad ng iba pa. At kaya kailangang huwag nating hatulan kailanman ang mga indibidwal, hindi, ni isa, kita n'yo. Ngunit, hindi natin dapat hatulan ang mga indibidwal.

49 Ngunit, bilang isang ministro, kailangan kong hampasin ang serpiyenteng iyan sa labas doon, na kumakagat sa mga taong iyon, kita n'yo. At hindi ko—hindi ko man lamang. . . Sadyang

ako, at sa aking sarili, hindi ko gagawin iyan kung hindi iyan isang kautusan mula sa Diyos, na ako ay natatali sa tungkuling gawin iyan, kita n'yo. At kailangan kong tanganan iyan ng totoo at tapat.

⁵⁰ Ngunit kung ang isang Katoliko, Hudyo, o anuman siya, ay pumarito; kung siya ay isang Mohammedan, Griyego, o Orthodox, o maaring maging anupaman siya. Kung siya'y dumako rito upang maipanalangin, ako'y mananalangin ng sadyang kasing sinsero para sa kaniya tulad ng aking gagawin para sa aking sarili. Iya'y tama. Tiyak, sapagka't ito'y isang taong nilalang. At ako'y nanalangin na para sa mga Budista, at mga Sikh, mga Jain, mga Mohammedan, at—at bawat uri, kita n'yo, tulad niyan. At hindi ko sila tinatanong ng anumang katanungan; ipinapanalangin ko lamang sila, sapagka't sila ay mahalaga, isang taong nilalang na gustong gumaling, at sikaping gawin ang buhay ng mas magaan ng kaunti sa daan para sa kanila.

⁵¹ Ngayon napagtanto natin, na, dito, at marami sa inyo rito ay kilala ko, mayroong kahit papanong dalawa o tatlong talagang iskolar na nakaupo rito. At—at sila'y matalino, at nakabasa na mula sa—mula sa doktrina ng ibang tao hinggil sa paksang ito. At gusto kong mabatid ng mga kapatirang ito na ako—ako'y hindi humahatol sa mga taong ito. Ipinahahayag ko lamang kung ano ang ipinapakita sa akin ng Panginoon. At iyan lang ang mayroon ako.

⁵² Ngayon, hindi natin gustong isipin kailanman na, dahil sa ilang labanderang babae o—o munting mag-aararong batang lalaki sa labas doon, ay hindi makakakuha ng isang kapahayagan mula sa Diyos. Dahil, inyong nakita, iyan. . . Ang Diyos, sa katotohanan ay Kaniyang inihahayag ang Kaniyang Sarili sa kasimplehan. Iya'y, nakuha natin iyan noong Linggo, upang pasimulan ito mula sa, kung paano Niya inihahayag ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang kasimplehan. Iyan ang nagpapadakila sa Kanya.

⁵³ Ngayon hayaan—hayaan lamang akong. . . Hayaan lamang akong magbalik-aral diyan sa loob lamang ng ilang minuto. Ang nagpapadakila sa Diyos, ay sapagka't nagagawa Niya ang Kaniyang Sariling napakasimple. Iyan ang nagpadakila sa Kanya. Ang Diyos ay dakila, at nagagawa ang Kaniyang Sarili sa gayon na lamang kasimpleng anyo na ang matatalino ng mundong ito ay hindi Siya matagpuan. Sadyang hindi nila Siya matagpuan, sapagka't ginagawa Niya ang Kaniyang Sariling napakasimple. Ngayon pagmasdan. At ito, sa kaniyang sarili, ay ang hiwaga ng kapahayagan ni Jesus Cristo. Kita n'yo? Ito, sa kaniyang sarili, na ang. . . Wala ng. . . anumang makahihigit pa sa Diyos. At hindi kayo makagagawa ng anumang bagay na kasing simple ng ginawa Niya sa Kaniyang Sarili. Kita n'yo, iyan ang nagpadakila sa Kanya. Kita n'yo?

54 Ngayon, isang dakilang tao, magagawa lamang niyang maging mas dakila ng kaunti, o marahil ay makayuyukod siya at sabihing, “Kumusta ka na?” sa iyo, kita n’yo, o isang bagay tulad niyan. Ngunit hindi niya mapapababa ang kaniyang sarili. Mayroong sadyang isang bagay tungkol sa kaniya. Siya’y isang tao. Sadyang hindi niya mapapababa ang kaniyang sarili. Pagka’t, kapag siya ay bumaba ng napaka-liit, kung gayon, ang unang bagay alam n’yo, kailangan niyang tumukoy sa kung ano’ng ginawa ng iba pa, at tulad niyan. At pagkatapos sisimulan niyang hilahin ang kaniyang sarili pataas muli, kita n’yo.

Ngunit, ang daan pataas ay pababa, sa Diyos. Oo.

55 Ang mga matatalino ng mundo ay nagsisikap, sa kanilang karunungan, na matagpuan Siya. Sila’y umaakyat lamang palayo sa Kaniya, sa paggawa niyan. Kita n’yo, ang mga matatalino ng mundo, kung sinisikap n’yong ipaliwanag ang isang bagay sa pamamagitan ng ilang matematika o isang bagay. Tandaan, inilagay Niya iyan sa...Sa Biblia, sa Apocal... Hindi, ipagpaumahanhin n’yo.

56 Isaias 35, ako’y naniniwalang iyan nga, na kahit ito’y napaka—ito’y napakasimple na maging ang isang—isang—isang mapagpabayang tao ay mauunawaan Ito, kita n’yo. Buweno, “Maging isang mangmang ay hindi maliligaw roon.”

57 Hindi iyan nakita ng mga matatalino ng husto, dahil sa karunungan nila, nagiging mas malayo pa mula sa Kaniya, dahil sa pagpupumilit na matagpuan Siya sa pamamagitan ng karunungan. Ngayon, huwag kalilimutan iyan. Iya’y maii-teyp, kita n’yo. Ang mga matatalino, sa kanilang karunungan, ay tumungo ng napakalayo upang sikaping matagpuan Siya sa pamamagitan ng kanilang karunungan, hindi nila Siya nakita, kita n’yo. Kung sila’y magiging sapat na malaki upang maging sapat na simple, matatagpuan nila Siya. Kung kayo’y sapat na malaki upang maging sapat na simple! Kita n’yo iyan? At, alam n’yo, iyan—iyan talaga ang Katotohanan.

58 Ako’y nakapunta na sa mga tao, sa kanilang mga opisina, at iba pa, na talagang mga tao, kilala, mga hari, kita n’yo, at mga makapangyarihan, mga monarka, at kadalasan sila ang mga kilalang mga tao. Pagkatapos, ako’y nakapunta sa mga dako kung saan ang isang tao ay mayroong isang pampalit ng kasuotan, marahil ilang ministro na gustong makipagtalos sa akin sandali, at inyong—inyong iisipin na ang mundo ay hindi makapagpapatuloy kung wala siya, kita n’yo. At iyan—iya’y sadyang kapalaluan sa ulo, kita n’yo. Ngunit, ang isang—isang kilalang tao, ang isang kilalang tao ay umuupo at sinisikap na pag-isipin ka na ikaw ang kilalang tao. Kita n’yo? Kita n’yo, magagawa niyang ipakumbaba ang kaniyang sarili.

59 At, nakita ninyo, ang Diyos ay napakadakila hanggang sa nagagawa Niyang ipakumbaba ang Kaniyang Sarili, isang dako,

na ang taong nilalang ay hindi makababa ng ganoon kalayo, kita n'yo. Iyan lang lahat. At sa kanilang . . .

⁶⁰ At sinisikap nilang hanapin Siya. Ngayon tingnan. Sinisikap nilang matagpuan Siya sa pamamagitan ng pagpapadala sa mga kabataang kalalakihan sa paaralan, at kumuha ng digring Batsilyer sa Sining. At—at sinisikap nilang matagpuan Ito sa pamamagitan ng isang teolohiyang terminolohiyo ng—ng—ng—ng Biblia. At sinisikap nilang matagpuan Siya sa pamamagitan ng mga programang pang-edukasyon, at sa pamamagitan ng mga programang pang-organisasyon, at sa pamamagitan ng pagpapaganda ng mga bagay, at sinisikap na matagpuan. Wala siya roon, wala nga. Nilalaban n'yo lamang ang hangin, iyan lang lahat. Kayo'y—kayo'y lumalayo mula Roon.

⁶¹ Sila'y maaaring maging sapat na kilala upang maging—upang maging sapat na simple, matatagpuan nila Siya sa direksiyong iyan, sa pamamagitan ng pagiging simple. Ngunit hangga't ikaw ay papunta patungong karunungan, ikaw ay palayo mula sa Kaniya.

⁶² Ngayon hayaan n'yong ipaliwanag ko iyan para hindi ninyo malampasan ito. Hangga't pinipilit n'yong hanapin ang Diyos sa pamamagitan ng karunungan, tulad ng naganap sa hardin ng Eden, tulad ng naganap sa mga araw ni Moises, tulad ng naganap sa mga araw ni—ni Noe, tulad ng naganap sa mga araw ni Cristo, sa mga araw ni Juan, sa mga araw ng mga apostoles, at sa araw na ito! Kapag pinipilit ninyong na unawain Ito, at pilitin na matagpuan ang Diyos sa pamamagitan ng karunungan, kayo'y tumutungo ng lalong malayo mula sa Kaniya sa lahat ng pagkakataon. Sinisikap ninyong maunawaan Iyan. Walang paraan upang gawin ito. Tanggapin lamang Ito. Kita n'yo? Sampalatayanan lamang Ito. Huwag piliting unawain Ito.

⁶³ Hindi ko maunawaan kung bakit, na, buweno, maraming mga bagay. Hindi maraming mga bagay ang aking nauunawaan o kayang maunawaan. Hindi ko maintindihan kung paanong ang munting batang ito na nakaupo rito ay kumakain ng gayon ding pagkain na aking kinakain, at—at, heto siya, mayroong isang ulo na punong-puno ng buhok, samantalang ako ay wala ni anuman. Hindi ko maunawaan ito. Sinasabi nila sa akin na ginagawa ito ng calcium; at hindi ko mapanatili ang aking mga kuko sa daliri na maputol ng sapat, at ni wala ng buhok upang magupit. Hindi—hindi ko maunawaan iyan. Tulad ng lumang kasabihan, ako . . .

⁶⁴ Sadyang hindi para baguhin ang posisyon, ang kaseryosohan; kundi, Iyan ay kaseryosohan, ngunit hindi pa ako nakapunta sa Tatak.

⁶⁵ Paanong ang isang itim na baka ay nakakakain ng berdeng damo, at nakapagbibigay ng puting gatas, na nagiging dilaw na mantikilya! Ako—siguradong hindi ko iyan maipapaliwanag,

kita n'yo. Pagkat, kita n'yo, bawat isa ay isang produkto ng isa pa. At kung paano nagagawa iyan, hindi ko kayang ipaliwanag iyan.

⁶⁶ Hindi maipapaliwanag kung paanong ang dalawang liryo ay nakatayo, o dalawang bulaklak, na may parehong lahi, at isa ay pula, at ang isa pa ay dilaw, at isa ay kayumanggi, at isa ay asul. Hindi ko maunawaan ito. Siya ring araw ang sumisikat sa kanila. Saan nanggagaling ang kulay? Kita n'yo? Ako—hindi ko maipaliwanag ito, ngunit gayun pa man kailangan n'yong tanggapin ito.

⁶⁷ Akin lamang inaasam na sana ay may ilang dakilang teologo ang magpapaliwanag sa akin kung paanong ang daigdig na ito ay nananatili sa orbita. Nais kong makasiyentipikong makapaghagis kayo ng bola sa akin sa hangin, na umiikot, at hayaan nitong gawin ang ikalawang pag-inog, sa parehong puwesto. Hindi n'yo magagawa iyan. At gayun pa man ito ay napakaperpektong naorasan hanggang sa masasabi nila ang eklipse ng araw sa minuto, dalawampung taon mula ngayon. Sila'y walang orasan sa kanila o isang relos, o anumang piyesa ng makinarya, na ganoon kaperpekto. At gayun pa man iyon ay nananatili roon. At, pagkatapos, humihilig patalikod. Ano naman kung iyon ay tutuwid ng kaunti? Oo. Ginagawa n'yo lamang ang inyong sarili na hangal, upang subukan, kita n'yo.

⁶⁸ Kaya, kita n'yo, huwag piliting makakuha ng karunungan, upang makaunawa. Paniwalaan lamang kung ano ang Kaniyang sinasabi. At kung gaano kayo nagiging higit na mas simple, kung gayon hayan na kayo, matatagpuan n'yo Ito. Ngayon, ako'y lubos na nagpapasalamat para rito, nagpapasalamat na Siya ay, ginawa ang Kaniyang Sariling simple. Ngayon, ating natagpuan, ang ika-6 na kabanata at ang ika-9 na talata. Hayaan akong mag-umpisa ngayon.

At nang buksan niya ang ikalimang tatak, ay nakita ko sa ilalim ng dambana ang mga kaluluwa ng mga pinatay dahil sa salita ng Dios, at dahil sa patotoong . . . sumakanila:

⁶⁹ Pansinin, walang nabanggit hinggil sa panibagong Hayop, o isang buhay—buhay na Nilalang, sa pag-anunsiyong ito ng Ikalimang Tatak. Ngayon tandaan, mayroon noon, sa Ikaapat na Tatak. Nagkaroon, sa Unang Tatak, Ikalawa, Ikatlo, at Ikaapat, ngunit wala rito. Kita n'yo?

⁷⁰ Ngayon, kung inyong napansin, basahin lamang natin muli, isa sa mga Tatak. Tayo'y bumalik sa Ikaapat na Tatak, kita n'yo. At iya'y ang ika-7 talata.

At nang buksan niya ang ikaapat na tatak, ay narinig ko ang tinig ng ikaapat na nilalang na buhay na nagsasabi, Halika . . . tingnan.

. . . nang buksan niya . . . ang ikatlong tatak, ay narinig ko ang tinig ng-ng ikatlong nilalang na buhay na nagsabi, Halika at tingnan.

. . . ng ikalawang nilalang na buhay . . . Halika . . . tingnan.

. . . at ang unang nilalang na buhay ay nagsabing, Halika at tingnan.

71 Ngunit pagkatapos nang tayo'y makarating sa Ikalimang Tatak, walang Hayop. Ngayon pansinin lamang.

At nang buksan niya ang ikalimang tatak, ay nakita ko sa ilalim ng dambana . . .

72 Kaagad-agad! Nakita n'yo, walang—walang Hayop doon. At ang isang Hayop ay naglalarawan ng kapangyarihan. Alam natin iyan, kita n'yo. Walang buhay na Nilalang.

73 Ngayon, isa sa mga Nilalang na iyon, napag-alaman natin, sa pag-aaral ng—ng—ng kapahayagan sa mga iglesya, na ang isa sa kanila ay mayroong . . . ay isang leon; at ang isa pa—ang isa pa ay isang guyang baka; at ang isa pa ay isang tao; at ang isa pa ay isang agila. Ating napag-alaman, sa mga kapanahunan ng iglesya, na yaang apat na Hayop, nangangahulugang apat na kapangyarihan, ay tinipon sa paligid ng mga Gawa ng mga Apostoles, sa paraan ding ang—ang tabernakulo sa ilang. At naunawaan n'yo ito, pagka't hindi ako gugugol ng oras upang pumunta roon. Kung paano natin iyon iginuhit dito, at ipinakita ng sadyang tamang-tama! Sila ay nagbabantay Rito, ang Cordero at ang Salita, upang isakatuparan ang Salita tulad ng ginawa nila sa—sa kaban ng tipan sa Banal na Dako sa ilang, at iba pa.

74 Ngayon, sunod-sunod nating ipinakita, sa pamamagitan ng pang-angkan na mga kulay ng Israel, at sa pamamagitan ng . . . Gaano karami ang nakarinig ng pitong—pitong kapanahunan ng iglesya? Sa palagay ko'y halos lahat, dalawa sa tatlong bahagi ninyo. Pansinin, na maging ang kalikasan ng Hayop ay tamang-tamang isang pang-angkan na sagisag, kung saan ang apat . . . ang labing dalawang angkan ay nakalagay, apat sa bawat bahagi, o—o tatlong angkan sa bawat bahagi. At ang apat na Hayop ay nakaupo at nagbabantay, sa mga angkan ito, mula sa apat na direksiyon.

75 At, nang, tayo'y nagtungo at kinuha ang mga Ebanghelyo, at ipinakita ng tamang-tama. Kapag kayo ay pumasok sa kaban, sila ay nagbabantay sa kaban, ang tipan. At pagkatapos ay natuklasan natin na ang tipan ng bagong Iglesya, ang representasyon Nito sa lupa, ay ang Banal na Espiritu. Ibinalik ng Dugo, sa atin, ang Espiritu Santo. At ang apat na Hayop ang kumakatawan, at bilang ang—ang labing dalawang angkan ng Israel, habang ito ay nagbabantay. At natagpuan ang kanilang mga kalikasan, at kinuha ang gayon ding kalikasan at dinadala

ito sa bawat isa sa apat na Ebanghelyong iyon, tamang-tama, ay parehong tamang-tama. Ang isa ay nangusap sa leon, ang isa pa ay sa guya, at ang isa . . . Ang apat na Ebanghelyo! Hayan na nga. Ang apat na Ebanghelyo ang siyang proteksiyon ng Banal na Espiritu. Amen.

⁷⁶ Ako'y sadyang laging nagtataka . . . Ito'y nanatili sa akin. Ngayon, ito ay mga anim na taon na, palagay ko, mula nang marinig ko ang isang tanyag na tao na nagsabing iyon ay ang . . . "Ang mga Gawa ng mga Apostol ay ang balangkas lamang." Narinig ko itong nasabi ng maraming beses. Ngunit ang marinig ang isang tao na nasa kaniyang katayuan, bilang isang mangangaral at bilang isang tagapagturo, na nakapagsulat ng ilan sa mga tanyag na aklat na binabasa ng mga tao sa lahat ng dako, at sabihin na ang mga Gawa ng mga Apostol ay hindi totoong nababagay bilang katuruan sa Iglesya!

⁷⁷ Samantalang, ang Mga Gawa ng mga Apostol ang pinaka pundasyon Nito; hindi ang balangkas. Ang pundasyon! Pagkat, sinabi ng Biblia na ang—ang—ang—ang pundasyon ng Diyos "ay natatayo sa ibabaw ng Doktrina ng mga apostol," tama, "Si Cristo, ang Ulo, ang panuluk na Bato."

⁷⁸ At nang ang taong ito ay tumayo roon at ginawa ang pahayag na iyan, Ako—ako—ako—ako lamang . . . Ang puso ko ay sadyang nanglupaypay. At inisip ko, "Hindi nakapagtataka." Buweno, nakita ko ngayon, sa mga Tatak. Ito'y sadyang hindi pa nahahayag. Iyan lang lahat. Kita n'yo?

⁷⁹ Kaya, na, naroon nga sila, nakatayo roon, ngunit mayroong anong bagay na sadyang sinasabi iyan. Ngayon, pansinin, sila'y nagbabantay.

⁸⁰ Ngayon, nang makuha natin ang Mateo 28:19, at itinuloy ang bagay na iyan pababa sa Mateo, na kumakatawan sa leon. At dumarating, doon, natagpuan nating tamang-tama kung bakit sila nagbautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. At naroon Siya, nakatayo roon kasama ang mismong Kasulatan na iyan, upang bantayan ang sagradong pagkatiwala ng bautismo, ng Pangalan ni Jesus Cristo. Tama. Buweno, aalis na ako sa mga kapanahunan ng iglesya ngayon.

⁸¹ Pansinin. Ngunit, dito, nang tayo ay dumako sa Ikalimang Tatak na ito ngayon, doo'y—doo'y—doo'y walang mangangabayong lumabas, at walang Hayop upang ianunsiyo Ito. Si Juan lamang ay . . . Binuksan Ito ng Cordero, at nakita Ito ni Juan. Walang sinuman doon ang nagsabing, "Ngayon halika, tingnan. Halika, tingnan." Pansinin, walang kapangyarihan ng Nilalang na buhay. O mayroong . . .

⁸² At sa Ikaanim na Tatak, walang Hayop upang ianunsiyo Ito. At sa Ikapitong Tatak, walang Hayop upang ianunsiyo Ito. Walang mga kapangyarihan upang ianunsiyo Ito. Kita n'yo, walang gumawa nito. Sa . . . Tingnan. Sa . . . Pagkatapos ng

Ikaapat na Tatak, walang pag-anunsiyo sa pamamagitan ng anumang kapangyarihang Hayop, mula sa Ikalima, Ikaanim, o Ikapitong Tatak, wala sa anumang paraan.

⁸³ Ngayon pansinin. Gusto ko ito. Tulad sa mga panahon ng mangangabayo ng apat na mga kabayo, ang mangangabayo (nag-iisa) ng apat na iba't-ibang mga kabayo, mayroong isang Hayop na nag-anunsiyo ng kapangyarihan. Sa bawat panahon na ang mangangabayo ay sasakay sa panibagong kabayo at darating upang mangabayo, panibagong uri ng isang Hayop ang lumalabas at iaanunsiyo iyon, “Iya’y isang dakilang hiwaga.” Kita n’yo? “Iyan ang hiwaga.” Bakit? Inaanunsiyo ang hiwaga.

⁸⁴ Bakit walang isa rito sa Ikalimang Tatak, upang ianunsiyo Ito? Heto ito, batay sa kapahayagang ibinigay sa akin ng Panginoong Jesus sa araw na ito, kita n’yo, o kaninang umaga, maaga. Iyan ay, na, ang hiwaga ng mga kapanahunan ng iglesya ay tapos na, sa panahong ito. Ang hiwaga ng anti-cristo ay hayag na, sa panahong ito. Kinuha na ng anti-cristo ang kaniyang huling pagsakay, at natagpuan natin siya sa kaniyang maputlang kabayo, pinaghalu-halo sa kaniyang maraming mga kulay, at sumakay tuloy—tuloy patungong kapahamakan.

⁸⁵ Nakuha natin ito sa mga Trumpeta, at sa iba pa, nang itinuro natin iyan. Tutungo ako rito ngayon, ngunit tayo ay diretsong nawala sa paksa muli. At tayo—tayo ay nagtungo . . . siya’y sumakay . . .

⁸⁶ Iyan ang dahilan kung bakit wala ng isa pa roon. Ngayon, tayo’y walang naisulat na dahilan, ilang mga kadahilanan para sa isang bagay. Ngayon, alalahanin ninyo, sa una, pasimula, sinabi kong hindi maaaring magkaroon ng anumang bagay kung walang dahilan. Natatandaan n’yo ba ang maliit na patak ng tinta? Kita n’yo? Ngayon kailangan n’yong alamin ang kadahilanan. Mayroong ilang dahilan kung bakit hindi na nila kailangan magkaroon ng isang Hayop, o isang kapangyarihan, upang ianunsiyo ang Tatak na ito na nabuksan. At ang Diyos lamang ang tanging makapaghahayag kung bakit, iyan lang lahat, sapagka’t lahat Ito—lahat ay nakasalalay sa Kaniya.

⁸⁷ Ngunit ang dahilan na Kaniyang inihayag Ito, sa aking pang-unawa, na ito ay dahil sa ang hiwaga ng Aklat ng Katubusan, hanggang sa yugto na ang anti-cristo ay inihahayag; at sa gayun ding panahon, ang Iglesya ay wala na, at ang mga bagay na ito ay hindi man lamang naganap sa kapanahunan ng iglesya, sa anumang paraan. Iya’y tama. Sila’y—sila’y malayo mula sa kapanahunan ng iglesya. Ang Iglesya ay lubusang Inagaw, sa panahong ito. Ang Iglesya ay pumaitaas, sa ika-4 na kabanata ng Apocalipsis, at hindi nagbalik hanggang Ito ay bumalik kasama ng Kaniyang Hari, sa ika-19 na kabanata. Ngunit ang mga Tatak na ito rito ay naghahayag kung anong naganap noon, kung anong nagaganap, at kung anong magaganap. Kita n’yo? At, ngayon,

kung ano ang magaganap para sa kapanahunan ng iglesia, ay inihayag ng mga Tatak na ito, At ngayon ay pagmasdan kung anong kumuha Nito.

⁸⁸ Ang—ang apat na mga yugto ng mangangabayo niya ay naihayag. Ang apat na yugto anti-cristo, na nangangabayo, ay nahayag na sa panahong ito, samakatuwid hindi na nila kailangan pang magkaroon.

⁸⁹ At mayroong apat na Nilalang na buhay ang Diyos, upang ianunsiyo ang mangangabayo habang sila'y tumatakbo. Ang apat na Hayop ay apat na mga kapangyarihan. Ngayon, alam natin na ang *Hayop*, sa interpretasyon ng mga termino ng mga sagisag ng Biblia, ay nangangahulugang “kapangyarihan.” Ngayon, kunin nating mabuti iyan. Ang apat ay mga Hayop, sa Biblia, ay nagrerepresenta ng isang kapangyarihan sa mga tao.

⁹⁰ Ngayon, kung matuklasan natin, tulad sa Daniel, nang makakita siya ng isang bansa na tumayo, iyon marahil ay maaaring maging isang oso na may hawak na isang tadyang sa kaniyang tagiliran, sa simbolo. Pagkatapos nakakita siya ng panibagong kapangyarihan na tumayo, isang kambing. Iyan ay nagrerepresenta ng isang bagay. Pagkatapos nakakita siya ng panibagong kapangyarihan na tumayo, at—at iyon ay isang leopardo na may napakaraming mga ulo. Ito ay nagrerepresenta ng isang kaharian. Pagkatapos ay nakakita siya ng isa pa na tumayo, isang malaking leon na may mga ngipin, at—at niyurakan ang natitira. Iyan ay nagrerepresenta ng ibang kapangyarihan, sa kabuuan. Ang isa ay isang—ising kaharian ni Nebuchadnezzar; at ang isa pa, tipo ng—ng isang panaginip. Nakakita si Daniel ng isang pangitain; si Nebuchadnezzar ay nanaginip ng isang panaginip. Ngunit ipinaliwanag ni Daniel ang kaniyang panaginip, at tamang-tama sa pangitain.

⁹¹ Amen! Whew! Oh! [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kaniyang kamay ng minsan—Pat.] Kung alam n'yo lamang kung anong naganap! Anong naganap bago tayo umalis dito? Naunawaan n'yo? Aba, anim na dire-diretsong mga panaginip na dumating ng tamang-tama sa pangitain. Amen. Kita n'yo? Isang panaginip, na binigyang kahulugan, ay isang pangitain. Sapagka't ang isang tao na marahil ay hindi ipinangak na may isang ikalawang kamalayan upang manatili, na gising kapag kaniyang nakikita iyan, pagkatapos ang Diyos ay dumako sa ikalawang kamalayaan na ito at nangusap sa kaniya. Na, Kaniyang ipinangako na, sa mga panaginip, sa mga huling araw, Kaniyang bibisitahin ang mga tao, at gayun din sa mga pangitain. Kita n'yo?

⁹² Ngayon, ang isang pangitain ay kapag ikaw ay gising na gising, nakatayo ng tuwid tulad nito, at ilang mga bagay ay nahahayag. At nakatayo, sasabihin sa kanila agad mismo ang

tungkol doon; nakita kung anong naganap, at anong magaganap, at iba pa.

⁹³ Ngunit, ngayon, ang isang panaginip ay kapag ikaw ay natutulog, at ang iyong limang pandama ay hindi aktibo, at ika'y—ika'y nasa iyong ikalawang kamalayan. Ikaw ay nasa kung saan, sapagka't, kapag ikaw ay bumalik, naalala mo kung saan ka nanggaling, natatandaan mo iyan sa buong buhay mo. Kita n'yo? Kaya, ito'y ang inyong ikalawang kamalayan. Pagkatapos upang, kita n'yo. . .

⁹⁴ Tulad ng palaging sinasabi ni Kongresman Upshaw, “Hindi ka maaring maging isang bagay na hindi ikaw.” At iya'y sadyang tama, kita n'yo.

⁹⁵ At, pagkatapos, kung kayo ay ipinanganak na isang tagakita. Ngayon, kita n'yo, upang gawin iyan, ang dalawang kamalayang iyan ay kailangang maging mismong magkasama; hindi ang isa *rito* kasama ang limang pandama, aktibo, at ang isa pa *rito* kapag ikaw ay natutulog, at ang limang pandama ay hindi aktibo. Ngunit, kita n'yo, kung silang dalawa, ikaw ay ipinanganak, mismo magkasama, hindi ka natutulog. Ikaw ay pumupunta lamang mula sa isa patungo sa isa pa, tulad—tulad niyan. Hindi ka natutulog. Walang sapat na silid upang matulog. At hindi mo maaring gawin ang iyong sariling gayon.

⁹⁶ Kaya, “Ang mga kaloob at mga pagtawag ay itinakda ng Diyos.” Sila ay—sila ay mga kaloob ng Diyos at mga pagtawag, na “walang pagsisisi,” sabi ng Biblia. Kita n'yo? Sila ay itinalaga na bago itatag ang sanlibutan. Kita n'yo?

⁹⁷ Ngayon, ngayon, natuklasan natin na ang . . . Isang hayop, ni Daniel, ito'y nangangahulugang iyon ay isang kapangyarihang tatayo sa kalagitnaan ng mga tao. Tama. At—at ang mga pangitain ni Juan dito, din, ay nagpakita na iyon ay mga kapangyarihan, mga bansa na tatayo. Tulad, ang Estados Unidos ay lumitaw sa Apocalipsis 13, bilang isang cordero. At pagkatapos kung gusto ninyong mabatid, kaiba . . .

Sasabihin n'yong, “Buweno, iyan, iya'y tumutukoy tungkol sa pambansang kapangyarihan.”

⁹⁸ Ito rin ay nagrerepresenta ng banal na kapangyarihan, din, isang hayop. Alam n'yo ba iyan?

⁹⁹ Pansinin si Rebekah; nang—nang ang—ang lingkod ni Abraham, si Eliezer. . . Nang siya'y dumating upang kunin si -bekah—Rebekah, siya. . . Isinakay Niya siya sa isang kamelyo, ang mismong kamelyong kaniyang pinainom. At sinakyan niya ang kamelyong ito, upang katagpuin ang di pa niya nakikitang kasintahang lalaki. Ang mismong bagay na kaniyang pinainom, ay ang mismong bagay na nagdala sa kaniya patungo sa kaniyang panghinaharap na tahanan at asawang lalaki.

100 At ito'y gayun ding bagay sa ngayon, kita n'yo. Ang mismong bagay na dinidiligan ng Iglesya, iyan ay ang Binhi, ang Binhi ng Salita. Ito'y ang mismong Salita na naging buhay at magdadala sa atin sa di pa natin nakitang Kasintahang Lalaki. Kita n'yo? Kita n'yo?

101 At tingnan kung gaano kaperpekto. Iniwan ni Isaac ang tahanan, at nasa labas sa kaparangan, malayo mula sa kaniyang tahanan, nang makita siya ni Rebekah.

102 At sasalubungin ng Iglesya si Cristo sa alapaap, at pagkatapos ay dadalhin Niya Siya pabalik sa Tahanan, Tahanan ng Ama, kung saan ang mga mansiyon ay nahanda. Kinuha ni Isaac si Rebekah sa gayun ding paraan.

103 At, pansinin, iyon ay pag-ibig sa unang tingin. Oh, naku! Siya'y sadyang tumakbo upang salubungin siya.

104 At ganiyan ang paraan na sasalubungin ng Iglesya si Cristo, sa alapaap, at magpakailanma'y makakasama Niya.

105 Ngayon, mga termino ng Biblia, ang mga Hayop na ito ay mga kapangyarihan. Pansinin. Gusto kong, ngayon, gusto kong mapansin n'yo.

106 Ang Diablo ay mayroong kaniyang apat, na nagbabagobagong, de-kolor na mga hayop, upang magpatuloy. Mayroon siyang kaniyang apat na hayop. Iyan ay lahat silang tatlo, na inilagay sa isang kulay ng isa, at ginawa iyang isa na isang—isang maputlang kabayo; isang maputing kabayo, mapulang kabayo, maitim na kabayo. At nakita natin, bawat isa sa mga iyon ay isang yugto ng kaniyang ministeryo, isang yugto ng sinaunang iglesya na nabuo tungo sa isang denominasyon, sa Nicaea. Ang orihinal na Pentekostal na iglesya, na siyang pinagbuhusan ng Espiritu Santo, bumababa, kumuha ng isang anti-cristong espiritu, bumuo ng isang organisasyon, nagsilang sa ilang mga anak na babae ng organisasyon. Binabago ang kaniyang kapangyarihan, tatlong beses, at inilagay sila sa isa, at gumawa ng isang maputlang kabayo. At pagkatapos ay binigyan ng isang pangalang tinawag na Kamatayan, at sinakyan siya patungong Walang Hanggan. Sadyang kasing linaw ng maaari! Ngayon, ngayon pansinin, siya ay binigyan nitong—nitong kabayo, at sinasakyan niya ito.

Ang Diyos, ang Diyos ay mayroon, din, sa bawat panahon . . .

107 Ngayon pagmasdan. Nang ang anti-cristo ay lumitaw, una, sa ano siya lumitaw? Maputing kabayo. Kita n'yo, aba, inosente tulad ng kaniyang maaring gawin, isang doktrina lamang sa iglesya. Gusto nila ng pakikisama. Ang inyong pakikisama ay kay Cristo. Ngunit gusto nila ng isang pakikisama. Sadyang hindi nila matagalan iyon, gusto nilang kumuha . . .

108 Buweno, alam n'yo na, tulad ng munting mga pangkat ay titinding sa iglesya. Alam, alam n'yo ito, kayong mga pastor. Kita

n'yo? Sila'y, tulad ng sinasabi nilang, "Mga ibong pare-pareho ang balahibo." Ngunit kung tayo'y ipinanganak namang muli, mga kapatid, iyan—hindi iyan ang ugaling dapat kunin, kita n'yo. Hindi. Ngayon, tayo—tayo—tayo . . .

¹⁰⁹ Kung tayo ay may nakitang isang bagay na mali sa ating mga kapatiran, tayo'y manalangin lamang at itago ito sa harapan ng Diyos, at mahalín ang taong iyan hanggang madala natin siyang tama tungo sa Presensiya ng Diyos. Kita n'yo? Iyan ang paraan, tamang paraan upang gawin ito.

¹¹⁰ Alam n'yo, sabi ni Jesus. "Magkakaroon ng mga panirang damo roon," sapagka't sinabi ni Jesus na magkakaroon, "ngunit huwag n'yo silang bubunutin; maisasama n'yo pati ang trigo roon." Kita n'yo, "Basta't hayaan lamang sila." Kaniyang gagawin . . . Hayaan n'yong Siya ang gumawa ng paghihiwalay kapag ang panahon ay dumating. Kita n'yo? Hayaang lahat iyon ay lumaking magkasama.

¹¹¹ Pansinin, nang lumabas ang hayop, ang anti-cristo ay lumabas na nakasakay sa isang hayop, ang kaniyang kapangyarihan.

¹¹² Oh, gusto ko ito! Ako'y sadyang nagsisimulang makaramdam ngayon mismo ng pagiging relihiyoso, kita n'yo, marahil ang kasiglahan. Pansinin, nang ang anti-cristo . . . Oh, yaong—yaong mga kapahayagan, sa Presensiya ng bolang Apoy na iyon na nakalutang doon sa isang silid! Hanggang . . . Oh, kapatid! Kahit na nakita ko Iyon, mula pa sa pagkabata, sa tuwing Iyon ay lalapit, naaalarma ako Nito. Halos ilagay Niya ako sa isang walang-malay na kondisyon. Hindi kayo kailanman masasanay Rito; hindi n'yo kaya. Ito'y napakasagrado.

¹¹³ Pansinin, nang ang anti-cristo ay nagtungo (apat) sa kaniyang mga hayop ng ministeryo, doon, ang Diyos ay nagsugo ng isang Hayop upang labanan ito. Kita n'yo? Ngayon pagmasdan. Pagkatapos, sa bawat pagkakataong (ang hayop ay sumasakay) sa kaniyang kabayo, ang anti-cristo ay sumakay sa kaniyang kabayo, sa kaniyang hayop, upang ianunsiyo ang kaniyang ministeryo; isinugo ng Diyos ang Kaniyang Hayop, din, at Siya ay nakasakay Roon, upang ianunsiyo ang Kaniyang pakikipaglaban dito.

¹¹⁴ Ngayon, sinasabi ng Kasulatan, "Kapag ang kaaway ay dumating na tulad ng isang baha, ang Espiritu ng Diyos ay nagtatayo ng pamantayan laban dito."

¹¹⁵ At kaya nang ang kaaway ay lumabas bilang isang anti-cristo; ang Diyos ay nagsugo ng isang tiyak na tipo ng kapangyarihan upang salubungin siya. At pagkatapos kapag sila'y . . .

¹¹⁶ Siya'y lumabas muli, bilang isang nakasakay sa mapulang kabayo, panibagong kulay, panibagong kapangyarihan, panibagong ministeryo; ang Diyos ay nagsugo ng panibagong

isa sa likod niya, upang labanan iyan, upang hawakan ang Kaniyang Iglesya.

117 Isinugo ang ikatlo; muli, isinugo ng Diyos ang sa Kaniya, ang ikatlong Hayop ay dumating at inianunsiyo iyon.

118 Isinugo niya ang ikaapat; isinugo ng Diyos ang Kaniyang isang ikaapat. At pagkatapos ang anti-cristo ay nagwakas, at ang mga kapanahunan ng iglesya ay nagwakas, din, sa panahong iyon. Pagmasdan. Ngayon, oh, ito ay talagang mabuti!

119 Ngayon, nakita natin na ang diablo ay nagpabago-bago, apat—apat na mga hayop, nangangahulugan kung anong kapangyarihan sila ay nahayag sa...o anong kapangyarihan ang inihayag niya sa mundo, at paano sila nagwakas dito sa maputlang, “kamatayang” kabayo.

120 Ngayon tayo’y tumingin sa kapangyarihan ng Diyos, ng mga Hayop na ito, upang labanan sila.

121 Ang unang Hayop ng Diyos, na Kaniyang sinakyan palabas upang salubungin ang anti-cristo, ang anti-cristong espiritu nang iyon ay nasa kaniyang katuruan pa lamang. Ngayon tandaan, nang ang anti-cristo ay unang sumakay, siya ay nasa isang ministryong pagtuturo. Ang anti-cristo ay sumakay, una, sa isang ministryong pagtuturo. Ngayon pagmasdan ang isa na lumabas upang salubungin siya: ang leon, ang Leon sa angkan ni Juda, na siyang Salita. Nang ang kaniyang bulaang katuruan ay lumabas, ang tunay na Salita ay lumabas upang salubungin siya.

122 Iyan ang dahilan kung bakit nagkaroon tayo ng isang Irenaeus, at isang Polycarp, at—at—at—at ang mga taong iyon, isang San Martin.

123 Nang ang anti-cristong iyon ay tumatakbong taglay ang kaniyang bulaang katuruan; isinugo ng Diyos ang Kaniyang katuruan palabas, ang Salita, ang Leon sa angkan ni Juda, na siyang Salita na nahayag sa Banal na Espiritu. At ang Banal na Espiritu, doon, upang ihayag ang Kaniyang Sarili, na siyang Salita!

124 Iyan ang dahilan na ang sinaunang Iglesya ay may mga pagpapagaling, at mga himala, at mga pangitain, at kapangyarihan, ay sapagka’t iyon ang buhay na Salita, sa anyong Leon sa angkan ni Juda, tumatakbong humayo upang labanan iyon. Amen! Ngayon nakuha n’yo ba ito? Isinugo niya ang kaniyang kapangyarihan, anti-cristo; Isinugo ng Diyos ang sa Kaniya, ang Salita. Anti-cristo, bulaang katuruan; ang totoong Katuruan ay lumabas na kasama nito, upang labanan iyon! Ngayon, iyan ang nauna. Ngayon, ito ang unang Iglesya, apostoliko, na lumabas upang salubungin siya.

125 Ngayon, ang ikalawang hayop na isinugo ng anti-cristo palabas, ay isang mapulang hayop, na siyang...na kaniyang

sinakyan, ay upang mag-alis ng kapayapaan (at) mula sa lupa, at—at makipagdigma.

¹²⁶ Ngayon, ang ikalawang lumabas upang labanan siya, ay ang guyang Hayop. Ang guya ay nangangahulugang isang pagpapagal, isang Hayop ng pagpasan.

¹²⁷ At ngayon kung tayo ay maaring tumigil lamang ng ilang minuto. Hayaan akong, oo, hayaan akong, sadyang upang makatiyak na makikita n'yo ito ngayon. Ngayon, iyan ang uri na maaring maging medyo nakakalito sa inyo. Ngunit kunin natin ang Tiatira sa banda rito. Pagmasdan at tingnan kung hindi ito isang—isang—isang nagpapagal na Iglesya, tingnan n'yo.

At sa anghel ng iglesya sa Tiatira ay isulat mo, Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Dios, na ang kaniyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng tansong binuli;

Nalalaman ko ang iyong mga gawa, . . .

¹²⁸ Kita n'yo, lahat ay nagiging mga gawa ngayon, kita n'yo, sapagka't iyan ang isa na tumatakbong kasama niya.

. . . at ang iyong pagibig, at ministryo, (kita n'yo, lahat iya'y pawang. . .) at pananampalataya, at . . . pagtitiis, at ang iyong mga gawa (mulí, dalawang beses, "ang iyong mga gawa"), at ang iyong mga huling gawa ay higit sa mga una.

¹²⁹ Kita n'yo, iyan ay nagpapakita na, ang Kapanahunang Tiatira, makaraang ang anti-cristo ay mapirmi at dumating sa loob ng Kapanahunang Tiatira, ang munting Iglesya ay walang magawa kundi sadyang—sadyang magpagal lamang.

¹³⁰ At isa pang bagay, ang guya, din ay, ay isang Hayop na panghandog. Kita n'yo? Ibinigay nila ang kanilang mga buhay na sadyang kasing kusa na kanilang maibibigay sa kanila, sa madilim na mga kapanahunan, isang libong taon doon na kontrolado ng Katolisismo ang mundo. At sila ay nagpatuloy lamang mismo, oo o hindi. Hindi nila inalintana ang mamatay. Kung iyan ay kamatayan, iya'y ayos lang. Sila'y nagpatuloy at namatay, kahit paano. Bakit? Ang mismong Espiritu ng kapanahunan!

¹³¹ Iyan ang dahilan na sila, iyan ang dahilan na si Irenaeus, iyan ang dahilan na si Polycarp, si Juan, si Pablo, ang mga dakila at matatapang na mga taong iyon doon, ay nilabanan ang bagay na iyon!

¹³² Nakita iyan ni Pablo. Ang sabi n'ya, "Aking talastas, na makaraan ang pag-alis ko, ay magsisipasok sa inyo ang mga lobo, mga kapatid, mangagtuturo ng mga bagay na masasama, at ito'y magdadala sa inyo palayo." Tingnan ninyo iyang mabagsik, munting, matandang apostol na nakatayo roon, ang kaniyang likod ay bugbog at puno ng mga latay, ang kaniyang mga

mata'y lumuluha. Ngunit mas malayo ang kaniyang nakikita kaysa sa kanilang. . . sa lawak na isinasakatuparan ito sa dako roon, na nakikita nila ang sangdaan at dalawampung milyong mga taong liwanag na agwat sa liwanag. Siya'y nakakakita ng direktso tungo sa Kawalang Hanggan. Naroon nga siya. At inihula niya iyon at sinabing iyon ang magaganap. At sinabi, din, bumaba sa panibagong kapanahunan na darating. Ngayon pansinin, naroon siya.

¹³³ Kasunod, makaraan siya, si San Juan ang nabuhay ng pinakamahaba. At nang sinisikap ni Juan na kunin ang lahat ng sagradong mga epistola, na pinahiran ng Espiritu Santo, at pinagsama-sama sila at ginawa ang Biblia, hinuli siya ng imperyong Romano at inilagay siya sa Isla ng Patmos. Siya ay naroon sa Isla ng Patmos para sa kapakanan ng Salita ng Diyos. Tinutulungan siya ni Polycarp na isalin iyon.

¹³⁴ Binasa ko, noong isang araw, ang liham na isinulat mismo ni Maria kay Polycarp. At pinagwiwikaan. . . hindi siya pinagwiwikaan. Ngunit pinapurihan siya sa pagiging isang magiting na tao na makapagtuturo at tanggapin ang mga katuruan ni Jesus Cristo, ang Siyang ipinanganak niya, mula sa Diyos. Ang sariling maikling liham ni Maria na kaniyang isinulat kay Polycarp.

¹³⁵ Si Polycarp ay ipinakain sa mga leon, alam n'yo. Hindi, siya ay sinunog. Ito—ito ay masyado nang huli para sa kanila upang magpakawala ng isang leon sa arena, at kaya sinira nila ang isang silid-paliguan, isang lumang paliguang-bahay roon, at inilagay siya sa—sa—sa arena at—at sinunog siya.

¹³⁶ At sa kaniyang daan, dumarating pababa, siya'y naglalakad na ang kaniyang ulo ay nakayuko. Ang sabi ng Romanong senturion, “Ikaw ay isang matandang lalaki, at iginagalang. Bakit hindi mo itakwil ang bagay na iyan?”

¹³⁷ Siya ay nanatili lamang na nakatingin sa Kalangitan. At isang Tinig ang nangusap mula sa kung saan. Hindi nila maunawaan kung saan. Sabi, “Polycarp, huwag kang matakot. Ako'y kasama mo.” Uh-huh. Bakit? Siya'y nakatayo kasama ng Salitang iyon.

¹³⁸ At nang pasimulan nilang isalansan ang mga tabla sa kaniya, upang sunigin siya, mayroong isang Makalangit na musika na dumating bumaba. At—at ang mga awitin mula sa ilang parang Anghel kung saan na umawit ng awit. Ni minsan ay hindi man lamang siya nagkurap ng mata sa mga manglilibak.

¹³⁹ Iya'y magigiting na mga tao. Iya'y mga tao na makatatayo. Ang mga martir sa mga kapanahunan, doon, ay nagpakasakit ng terrible. Ngunit ano sila? Sila ay nasa ilalim ng inspirasyon, ang Espiritu ng Diyos, ang kapangyarihan. Ako. . .

¹⁴⁰ Huwag kalilimutan ito, iglesya. At kayong mga kapatiran, sa teyp, gusto kong suriin n'yo ito. Paano makagagawa ang

mga tao ng iba pang bagay maliban sa kapangyarihan ng Diyos na napakawalan sa kanila? Ilalagay ko ang kahong ito na taas dito, upang irepresenta iyan. Kung ang Diyos ay magsusugo ng isang Espiritu sa kanila, iyan lamang ang tanging bagay kung saan sila'y makagagawa, ay sa Espiritu na kumikilos sa kanila. Ngayon patutunayan natin sa inyo, sa pamamagitan ng kasaysayan ng Iglesya, at sa pamamagitan ng—ng pagbubukas ng mga Tatak, at ang mga kapangyarihan na pinakawalan; at pagmasdan, tamang-tama, ang Iglesya ay tumugon sa—sa pagpapahid, at wala silang magawang anupaman.

¹⁴¹ Ngayon, ang una ay ang leon na iyan na umungal, iyang puro, dalisay na Salita.

¹⁴² Ang ikalawa, sa Tiatira, ay ang guya. At Iyon ay isang—isang pasan. . . isang Hayop ng pasanin. Ipagpaumanhin n'yo. At Iyon din ay isang panghandog na Hayop. At hindi ba iyan eksakto ang kaawa-awang, munting Iglesya? Ang Roma ay pumirmi roon, sa isang libong taon ng madilim na mga kapanahunan, at anumang bagay na hindi nag-angkin bilang kabilang sa Romanong iglesya ay inilagay sa kamatayan kaagad. At kailangan nilang magpakasakit, magtungo mula sa isang dako patungo sa isa pang dako.

¹⁴³ Kayong mga Mason, tatawagin ko ang inyong atensiyon. Natatandaan n'yo ba ang tanda ng krus? Ngayon inyong—nalalaman ninyo kung ano ang aking sinasabi.

¹⁴⁴ Ngayon pansinin. Ngayon, kung inyong—kung inyong napansin, iyan ay pagpupuno at pag-iingat sa Bibliang iyan. Kita n'yo? At kailangan nilang makipagtiis sa isa't-isa. Hayan na nga, ang guya. At kapag iyan ay dumating sa oras. . . Binasa natin iyan kagabi. Kita n'yo, nang ang bagay ay lumabas, at ang paghahandog ay dumating, at kailangan nilang tumungo.

Ang sabi Niya, “Huwag mong sasaktan ang alak at Langis.”

¹⁴⁵ Ano ang ginawa nila? Sila'y kusang loob na lumakad doon at namatay. Bale wala sa kanila, sapagka't ang Espiritu ng Iglesya sa araw na iyon ay pagsakripisyo, pagpapagal. At sila'y lumakad ng sadyang kasing laya ng magagawa nilang paglakad, na pinahiran ng tunay na Espiritu ng Diyos ng kapanahunang iyon, at namatay na tulad ng mga bayani, isang sakripisyo; libu-libong maka libu-libong ulit, animnapu't walong milyon sa kanila ang nasa talaan.

¹⁴⁶ Guya, sakripisyo! Oh, naku! Naunawaan n'yo ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Okey. Mabuti. Ngayon, sakripisyo, ito lamang ay makapagpapakasakit sa kapanahunang iyan, upang labanan ang dakilang pakikilaban para sa isang libong taon na iyon.

¹⁴⁷ Ngayon, ang ikatlong hayop na lumabas mula sa Diablo, ay ang maitim na kabayong ito. Kita n'yo?

¹⁴⁸ Ngayon, ang ikatlong Hayop na lumabas, isang kapangyarihan mula sa Diyos, upang labanan siya, upang labanan ang mga kapangyarihan ng maitim na kabayo; ay isang tao, marunong, matalino, taglay ang karunungan ng Diyos. Alam n'yo, ang tao ay mas matalino, kaysa anuman sa mga hayop. Kita n'yo? Siya ay mas matalino, pagka't magagawa niyang linlangin siya, halos. Siya ay marunong, tuso. Kita n'yo? At siya . . .

¹⁴⁹ Ang—ang kapanahunan, mula sa madilim na kapanahunan, ngayon ay lumalabas na mula sa madilim na kapanahunan; ngayon, itong kabilang panig, nang ang maitim na kabayang ito ay tumatakbo, nang sila'y nagpabayad para sa kanilang—kanilang—kanilang mga paghahandog at lahat ng bagay na ginawa nila. At ang salapi ay sadyang . . . Naku, alam n'yo kung paano iyan.

¹⁵⁰ Ngayon, ang sumunod na bagay na lumabas, upang labanan iyan, ay ang Hayop na may mukha ng isang tao; matalino, edukado, matalino, mabuti, pinahiran ng Espiritung iyon ng araw na iyon. Napansin n'yo ba iyan? Ngayon, siya'y lumabas upang labanan siya, sa pamamagitan ng katalinuhan ng karunungan ng Diyos sa kaniya. Iyan ang kapanahunan ng repormasyon, Martin Luther, John Wesley, at ang iba pa. Kita n'yo, iyan ay ang repormasyon. Zwingli, at, naku, silang lahat, Knox, Calvin, at silang lahat, kita n'yo, ay lumabas. Iyan ay isang katalinuhan. Ngayon, inyong pagmasdan, tamang-tama mula sa madilim na kapanahunan, mula sa repormasyon, sa gawing ito, pagmasdan, iyon ay ang katalinuhan ng tao.

¹⁵¹ Kung inyong ibababa ang inyong mga bintana ng sadyang kaunti pa! Ako'y naniniwalang ang mga tao ay medyo naiinitan, oo, marahil, doon. Kung inyo lamang hihilahin ang mga bintana papaba ng kaunti pa. Pagka't, alam ko, kung ako rito na nakatayong nangangaral, ay naiinitan, alam kong kayo rin, sa banda rian.

¹⁵² Buweno, pansinin, iyon ay ang katalinuhan ng tao. Ngayon, nauunawaan n'yo ba?

¹⁵³ Ang ikatlong hayop na iyan na isinugo palabas ni Satanas, siya'y naging tuso, din. Pagmasdan, "Isang takal na trigo sa isang denario. Tatlong takal na sebada sa isang denario." Kita n'yo? Oh, naku! Kita n'yo? Ang pamamaraan ng pagkuha ng salapi, ang katusuhan, upang makuha ang ginto ng mundo, at ang kayamanan, ay madala roon. Iya'y eksakto upang tuparin. Iyan ang nagpasimulang magpabayad para sa mga panalangin. At para . . . Gumawa ng isang dakong tinatawag na purgatoryo, at ipanalangin ang mga ninuno nila palabas. At, naku, kailangan n'yong ihabilin ang inyong mga titulo at lahat na, ang inyong pag-aari. Ang iglesya, at ang estado nga, ay pareho, at kinuha ng iglesya ang inyong pag-aari.

154 At hindi n'yo ba nakikita, ang ilan sa mga ebanghelistang ito, sa araw na ito, ay mayroon pa ring gayun ding pahid na iyan sa kanila? Na nagagawang ipasuko sa mga matatandang mga tao ang sustento nila, at isalin ang titulo ng mga tahanan nila patungo sa ilang mga bagay. Aba, kapatid, hindi ko—hindi ko gustong mapunta sa ganoon, kita n'yo. Ngunit ngayon ako'y mananatili mismo kasama nito; ako'y lumingon pabalik upang makita kung saan ako pupunta. Ngayon pansinin, silang mga tao, iya'y nasa kanila. Iya'y nasa kanila. Iyan—iyan —iyan ay wala ni isang bagay na kinalaman sa akin. Ako ay responsable lamang para Rito na narito.

155 Ngayon pansinin, ang—ang Hayop na dumating upang labanan ito, ngayon, ay isang tao. At alam nating lahat na ang Hayop na ito, ng tao, ang kapangyarihang ito ng tao, sa kaniyang mga karunungan, ay napansin na ang ostiyang iyan na hawak ni Martin Luther sa kaniyang kamay, kapag siya'y umaakyat sa mga baitang na iyon . . .

156 Ang sabi nila, “*Ito* ang Dugo ni Jesus Cristo. *Ito* ang katawan ni Jesus Cristo.”

157 At itinapon iyon ni Luther, at ang sabi, “It’y tinapay at alak. Hindi ito ang katawan ni Cristo; pagka’t, iyon ay naitaas na, at nakaupo sa kanang kamay ng Diyos, gumagawa ng pamamagitan.” Kita n'yo, karunungan; kita n'yo, tao.

158 At nang si John Wesley ay dumating, makaraan na si Zwingli ay pumasok, at si Calvin.

159 At nailagay nila ang iglesya sa isang dako, sa seguridad, hanggang sa hindi na nila nais pa ang mga rebaybal. “Anuman ang mangyayari ay mangyayari.” Iyan lang lahat. At sila’y namuhay lamang ng anumang uri ng pamumuhay. Ang Luteranong iglesya ay napaka-baluktot, at ang Anglikanong iglesya! Oh, naku! Ang buong bansa ay naging bulok, sadyang tulad ng kalalagayan nito ngayon. Ang mga iglesya ay nabaluktot. Nang si Haring Henry na—na VIII, at dumating sa Inglatera, at makaraan si Mariang mabagsik, at lahat ng mga bagay na ito na naganap. At, pagkatapos, ang iglesya ay punong—puno ng karahasan at kabulukan. Maraming nag-aangkin ng Cristianismo, at namumuhay ng may apat o limang asawang babae, o gumagawa ng anumang bagay na naisin nila, at nagpapatuloy, at karumihan.

160 Si John Wesley, pinag-aaralan ang Kasulatan, binabantayan Ito, iyon ay nahayag sa kaniya na ang Dugo ni Jesus Cristo ay nagpapagiging-banal sa isang mananamalataya. At kayo’y . . . hindi dapat . . . Pagkatapos anong ginawa niya? Siya lumabas sa panibagong repormasyon. Iniligtas niya ang mundo sa kaniyang araw, tulad ng ginawa ni Luther. Kita n'yo? Ano nga iyan? Ang taong iyan, kapangyarihang Hayop, na lumalabas.

161 Binigyan ang tao ng karunungan, ng pagkaunawa, na ang bagay ay mali. “Hindi iyan ang Dugo ni Jesus Cristo. Hindi iyan ang—ang katawan ni Jesus Cristo. Iyan ay nagrerepresenta ng katawan.” Kita n’yo?

162 Iyan pa rin ang isang malaking pagtatalo sa pagitan ng Katoliko at Protestante ngayon. Iyan lamang ang tanging bagay na hindi n’yo mapagkasunduan mismo sa ngayon. Ang lahat ng iba pang mga bagay, maari silang magkasundo, ngunit iyan; itong mga konsehong yaon na mayroon sila. Pansinin ngayon. Ngunit, ito, ngunit sila—sila ay hindi magkasundo roon. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng tatlong beses—Pat.] Kita n’yo?

163 Ang isa, “Ay ang Dugo, at,” sinabing, “ito’y ang literal na Dugo; na ang pari ay may kapangyarihan upang baguhin ang tinapay na ito tungo sa literal na katawan ni Cristo.” Iyan nga kung ano ang munting tabernakulo, sa—sa iglesya, alam n’yo. Iyan ang dahilan kung bakit sila ay gumagawa ng mga tanda at anumang uri ng isang paganong alay habang sila’y nagpapatuloy, alam n’yo, at iniyuyuko ang kanilang sarili, at iniaangat ng bahagya ang mga sombrero nila, at kung anu-ano pa. Iyan ay hindi sa gusali; ito’y para roon sa ostiyang iyon na nasa—sa tabernakulo. At pansinin kung gaano katusong nahila iyan ni Satanas!

164 Ngunit, kita n’yo, sa panahong iyan, sa katauhan ng tao, kita n’yo, ang Diyos ay naglagay ng isang Espiritu ng karunungan sa tao, upang maunawaan na iya’y mali. Ngayon, iyan ay upang labanan ang ikatlong hayop, na nagdala sa iglesya sa sobrang kabulukan, na kaniyang sinasakyan, na iyan nga ay terrible. Ang mga repormador, anong ginawa nila noon, sila sa kapanahunan ng mga repormador? Dinala nila ang Iglesya, mula sa paganong seremonya nito ng pagsamba sa diyus-diyosan, pabalik sa Diyos muli. Kita n’yo? Iyan ang dahilan ng paglabas ng Hayop, ang katalinuhang iyan ng tao, ang mangangabayo, upang gawin ito.

165 Ngayon, ngunit, basahin ngayon ang talata 3 at...o, Apocalipsis 3:2, sandali lamang. Ngayon, minarkahan ko iyan dito para sa ilang dahilan. Ngayon ito ay, pumasok na ngayon, ang kapanahunan ng Luterano, sa kapanahunan ng mga repormador, ng Apocalipsis 3:2.

166 Anong ginawa nila, sila’y nag-organisa. Kaagad-agad nang pasimulan ni Luther ang kaniyang iglesya, inorganisa nila ito. Tama, gayunding bagay na ginawa ni Wesley. Gayunding bagay na ginawa ng Pentekostes, tamang-tama, inorganisa ito. At anong ginawa nila? Sila’y kumuha ng gayunding sistema na nilabasan nila. Kita n’yo?

167 Ngayon pagmasdan ito, Apocalipsis, tumutukoy sa iglesyang Sardis na ito. “Sa anghel ng iglesya,” ay ang unang talata, siyempre. Kita n’yo? Mabuti.

Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, . . .

168 Iyan ay, “Ang Salita na itinuro sa inyo,” kita n’yo, “ang mga bagay na natitira.”

. . . na malapit ng mamatay: . . .

169 Siya ay mismo noon nahahandang magpasimulang bumalik sa isang organisasyong sadyang tulad ng iglesya Katolika na kaniyang nilabasan. Kita n’yo?

. . . sapagka’t wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios.

170 Doon kayo nagtungo. Naroon ang . . . Doon siya tumutungo, pabalik muli. Hindi n’yo ba nakikita kung bakit ang mga organisasyonal na mga sistema ay mali? Sinong nagpasimula nito? Ang Diyos ba? Ang mga apostol ba? Ang Romano Katolikong iglesya ang gumawa nito. Ngayon sadyang hayaan ang sinumang tagapagsalaysay na magsabi ng iba. Ito’y wala roon. Sila nga, sinasabi nilang sila ang inang iglesya, at sila nga. Ngunit inorganisa nila ang bagay, at naglagay ng isang sistema, na may pangunguna ng tao roon. At hindi tayo kumuha ng isang tao, tulad ng ginawa nila; tayo ay kumuha ng isang buong konseho ng mga tao, pinagsama-sama sila, at pagkatapos ay mayroon na talaga kayong kaguluhan. Iya’y tama. Paanong ang isang konseho, sa paano mang paraan?

171 Ito’y sadyang parang, iniisip natin na ang demokrasya ay tama. Ako’y naniniwalang iyan nga, rin, ngunit ito’y hindi kailanman gagana ng tama. Hindi niyan magagawa. Kung mayroong bungkos ng mga Ricky sa palibot dito upang patakubuhin ito, paanong sa mundo ay gagawin mong tama iyan? Hindi mo magagawa. Pansinin, ang tunay na bagay ay isang maka-diyos na hari.

172 Pansinin ang Hayop, ang ikatlong Hayop, ngayon, ay ang katalinuhan ng isang tao. At kaniyang inirepresenta ang mga repormador na lumabas.

173 Mula sa mga diyus-diyosan, ng pagkuha, sabihing, “*Ito ang tinapay.*” [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga kamay ng apat na beses—Pat.] “*Ito ang alak.*” [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kaniyang kamay ng dalawang beses.] Kita n’yo, ang anti-cristo ay mayroon pa ring isang bagay na sumasagisag sa Cristiyanismo. Kailangan niyang magkaroon, pagka’t siya ay “laban,” kita n’yo. At pagkatapos, kung kailangan niyang maging laban sa isang bagay. . . .

174 Ngayon, kung siya’y darating sa bawat pagkakataon, sabihing, “Oh, ako’y isang Buddha.” Buweno, walang laman iyan na anuman. Lahat nga sila. Iyan lamang ay isang pagano, sa pasimula pa lang.

175 Ngunit ang anti-cristo ay tuso. Mayroon siyang lahat ng klase ng mga bagay na nagrerepresenta ng Cristiyanismo roon. Lamang, dinala iyon palihis sa kabilang panig, isang bagay na laban sa orihinal na Doktrina Nito. Kita n'yo, iyan ang gumawa sa kaniyang maging anti-cristo. Kita n'yo?

176 Kaya, ang mga repormador, nang ang Hayop ay lumabas sa anyo ng isang—ng isang tao, upang labanan iyon!

177 Ngayon, huwag kakalimutan ito, klas! Huwag kakalimutan ito! [Si Kapatid ng Branham ay kumatok sa pulpito ng apat na beses—Pat.] Kita n'yo? Alalahanin Ito, sa lahat ng mga araw ng inyong buhay! Kita n'yo? Ang mga Hayop na ito ay tama. Iya'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kita n'yo?

Pansinin, ang pagsamba sa diyus-diyosan ang nagdala ng...

178 Ang taong Hayop ay lumabas kasama ang kapangyarihan ng Diyos, sa pamamagitan ng karunungan na ibinigay sa kaniya ng Diyos, at dinala ang Iglesya mula sa pagsamba sa diyus-diyosan, pabalik sa Diyos. Ngunit sa...

179 Natuklasan natin, sa kapanahunan ding iyan ng iglesya, nang sila ay nagpasimulang magdomina, upang gumawa ng gayun ding bagay na ginawa nila sa pasimula, na ginawa ng Roma, ngayon siya ay gagawa ng mga anak na babae sa iglesyang iyan. At ano ang kaniyang sinabi?

180 Sabi, “Ngayong ika'y...Hindi kita natagpuang sakdal. At kailangan mong palakasin ang munting kalakasan na iyan na mayroon ka na natitira.” Ngayon pakinggan Siya na binibigyan sila ng babala, sa Apocalipsis muli, 3:3. Kunin natin...Buweno, ako'y naniniwalang nakuha ko iyan, sadyang mga ilang minuto ang nakaraan.

Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig, at ito'y tuparin mo, at magsisi ka.

181 Sadyang, sa ibang paraan, “Alalahanin na ikaw ay lumabas mula sa ganiyang kabulukan tulad niyan.” Kita n'yo? At tingnan dito.

...Kaya't kung hindi ka magpupuyat, ay paririyang ako sa iyo gaya ng magnanakaw, (uh-huh), at iyong malalaman...at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyang ako sa iyo.

182 Tuloy-tuloy pababa, Kaniyang kikilusin ang kandelerero, kita n'yo. Kaya, iyan na. Ano nga ito? Ang Liwanag ng Iglesya.

183 At siya ay nagtungo mismo papasok sa gayun ding organisasyon sistema ng paganong kadiliman na kaniyang nilabasan, at doon siya'y nananatili sa araw na ito, na may mga taong tapat-ang-puso na nag-iisip na iya'y ang Katotohanan, sadyang tulad nga ng mga Katoliko. At ang mga Protestante ay nagtatawa sa Katoliko; samantalang, ito'y anim sa isa, at isang

kalahating dosena ng isa pa, tamang-tama, sang-ayon sa Salita. Karunungan ng tao!

184 Ngayon pansinin. Oh, gaano ko Ito kagusto! Pakinggan Siya ngayon na nagbababala sa kanila. Ngayon, ngayon tayo. . . Kayo ba'y ganap na ganap na sumasang-ayon, bawat isa sa inyo? Ngayon, kung kayo'y hindi, sulatan ako ng isang katanungan. Na, ang mga Hayop na iyon ay tamang-tamang nakilala sa bawat kapanahunan, tulad ng pagpapakilala sa kanila ng Biblia rito. Iyan ang eksakto na ginawa nila roon. Ipinapakita ng kasaysayan kung anong ginawa nila. Tumingin tayo mismo rito at nakita kung anong ginawa nila.

185 At dito, yaong mga Hayop, ako—ako—hindi ko kailanman nalaman iyan noong una. Ako ay nakaupo lamang doon. Nakikita ko lamang ito na kumikilos sa taas doon, sadyang tulad sa inyo na tumitingin sa akin. Kita n'yo? At ito'y kailangang maging tama, pagka't ito'y narito mismo sa Biblia. Kaya paano kayo gagawa ng anupamang bagay kundi sabihing ito'y tama? Pansinin.

186 Ngayon, ang ikaapat na Hayop, na isinugo upang labanan ang anti-cristo, sa huling Hayop na ito. Handa na ba kayo? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Ang huling Hayop na isinugo, o ang huling kapangyarihan na lalaban sa anti-cristo na siyang laban sa Katuruan ng Diyos, ang anti-cristo, ay isang agila. Kita n'yo? Ang ikaapat na nabubuhay na Hayop ay isang agila. Ngayon, inyong sadyang pag-aralan ang mga kapanahunan, pag-aralan ang mga Kasulatan. Ay ang agila! At sa Biblia, ang huling kapanahunan ay kapanahunan ng agila. At inihalintulad ng Diyos ang agila sa Kaniyang mga propeta. Kita n'yo? Ito. . . Ngayon pagmasdan. Ang huling kapanahunan, ang kapanahunan ng agila, isang—isang tagapaghayag ng totoong Salita. Kita n'yo?

187 Bago kumilos ang Diyos sa paggawa, tulad ng Kaniyang ginawa sa mga araw ni Noe, Siya ay nagsugo ng isang agila. Nang Kaniyang ilabas ang Israel, at ang mga hukbo ni Paraon ay handa nang tumungo, Siya ay nagsugo ng isang agila. Bawat panahon, Siya'y nagsusugo ng isang agila sa hulihan, sa katapusan nito.

188 At dito ay nagsugo Siya ng isang agila, muli. Iya'y tamang-tama sa Salita. Kaya paano n'yo pa ito gagawing iba pang bagay? Nagsugo ng isang agila, (bakit?) isang tagapaghayag ng Katotohanan na bumabagsak sa lahat ng mga kapanahunan.

189 Kaya paanong sa mundo'y magagawa ng—ng guya, o ng—o ng tao, o anumang Hayop ang tumatakbo, paano iyan mahahayag malibang dumating ang isang agila? Mayroon silang kani-kaniyang kinalalagyan; sila ay makadiyos, isinugong mga Hayop, gayun din lamang tulad ng iba pa.

190 Ang leon, iyan ang orihinal. Doon ay kung saan ang anti-cristo ay humantong sa—sa pakikipaglaban.

191 Pagkatapos siya ay nagtayo ng panibagong kapangyarihan; Siya ay nagsugo ng isa pang kapangyarihan upang salubungin iyon.

192 Pagkatapos siya ay nagtayo ng panibagong kapangyarihan; Siya ay nagsugo ng panibagong kapangyarihan upang salubungin iyon.

193 At pagkatapos sa huling kapangyarihan, Kaniyang ibinaba ang agila, “Upang ipanumbalik ang mga anak patungo sa orihinal na Pananampalataya muli, ng kanilang mga ama.” Ang kapanahunan ng agila! Pagkatapos, pansinin ninyo, wala nang Hayop pa. Iyan nang lahat nito. Iyan ang katapusan. Ngayon, kung kukunin ninyo ngayon sa Apocalipsis 10:1, 7. Ako’y laging tumutukoy hinggil diyan. Tandaan, sa kapanahunan ng huling mensahero, kita n’yo, anong magaganap? “Lahat ng mga hiwaga ng Diyos ay mahahayag.” Ang agila! Amen!

194 Ngayon tingnan n’yo ang apat na hayop na tumakbo. Iya’y talagang tamang-tama. Pinaniniwalaan n’yo ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] At ngayon narito ang bawat kapanahunan, o bawat kapangyarihan na tumakbo sa likuran nito. At naroon ang Kasulatan na nagpapakita kung anong ginawa ng mangangabayo ng kaaway. Iya’y nahayag sa mga Tatak na ito. At gayun din iyan ay nahayag na ngayon na bawat Hayop, kapangyarihan na isinugo palabas ng Diyos, upang labanan ito, ay nahagip ng tamang-tama sa tuldok, hanggang sa panahon ng agila. Ngayon, kung ito na ang huling panahon, mayroong darating na isang agila, tama, at diyan. Ngayon, tandaan.

195 Ngayon, sa mga araw na ang leon ay dumating, ang orihinal na Salita, mga ika-sangdaan sa kanila ang nakinig sa leon.

196 Sa mga araw na ang—ang guya ay dumating, mayroon lamang isang munti’t kaunting patak sa kanila ang nakinig sa mensahe ng guya.

197 Sa mga araw na ang—ang tao ay dumating, siya’y kumilos sa mga tao, kita n’yo, kaya Siya ay tuso. Mayroon siyang nailabas na maliit na grupo.

198 At anong ginawa nila? Nakita iyan ni Satanas, kaya sadyang ibinalik niya sila at pinag-asawa sila tungo roon.

199 At tandaan, kapag ang agila sa wakas ay dumating, ito’y magiging ika-sangdaang bahagi ng isang porsiyento ang makikinig. Ito’y kapanahunan ng agila. Tandaan, ang lahat ng mga mangangabayong ito. . . At pagkatapos maging si Jesus ay nanghula, “Kung hindi Niya mamadaliin ang Kaniyang pagdating, walang anumang laman, wala na nga, ang maliligtas para sa Pag-agaw.” . . .? . . . Kasulatan ba iyan? [Kongregasyon

nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Nakita n’yo kung nasaan na tayo kung gayon, hindi ba, mga kapatid na lalaki at babae? [“Amen.”] Nakita n’yo kung nasaan na tayo?

²⁰⁰ Diyos, ako’y nagagalak ng husto, ako—ako—hindi ko alam kung ano ang gagawin! Ito ay hindi lamang ako na nakatayo rito upang—upang mangusap. Ako’y narito, din. Ako, ako’y kasama ninyo. Kita n’yo, ako, ito’y ako. Ako’y may pamilya. At ako’y may mga kapatid na lalaki’t babae na aking iniibig. At ang Diyos ng Kalangitan, sapat na mabait upang bumaba at— at ihayag ang bagay na iyan, sa pamamagitan ng Kaniyang sarili, sa pamamagitan ng mga pangitain na napatunayan sa loob ng tatlumpong taon, ay ang Katotohanan. Tayo’y narito. Tayo’y . . . Tayo ay nagsidating. Iyan ang lahat. Ang makasiyentipikong pananaliksik ay nagpatunay Dito. Ang pagpapatibay ng Salita ay nagpatunay Rito. At tayo’y narito! At ang kapahayagang ito ay dumating mula sa Diyos, at Iyan ang Katotohanan!

²⁰¹ May naunawaan ba kayong anuman? [Kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Iniisip ko lang kung kayo nga. Kita n’yo? Opo, ginoo. Hindi ko na siguro kailangan pang sabihin sa inyo kung gayon, Linggo. Pansinin. Pansinin. Kamangha-mangha! Ngayon, ngayon, pansinin ngayon.

²⁰² At pagkatapos batay sa—sa panahon na ilalabas ng Diyos ang mundo bago gunawin sa baha, isinugo Niya ang agila.

At sa panahon na Kaniyang palalayain ang Israel, isinugo Niya ang agila.

²⁰³ Naniniwala ba kayo na ang panahon, maging kay Juan, sa Isla ng Patmos, ang Mensaheng ito ay talagang walang kamali-mali na hindi Niya Ito maipagkatiwala sa isang Anghel? Alam n’yo, ang anghel ay isang mensahero. Ngunit alam n’yo ba na ang mensahero ay isang propeta? Naniniwala kayo riyan? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Patunayan natin iyan. Apocalipsis 22, tingnan natin kung iyan ay isang agila. Oo. Kita n’yo, siya ay isang . . . Tiyak, siya ay isang anghel, siya ang mensahero, ngunit iyan ay isang propeta na naghayag ng buong Aklat na ito ng mga Kapahayagan sa kaniya.

²⁰⁴ Apocalipsis, ang ika-22 kabanata at ika-19 na talata, ako’y naniniwalang iya’y tama kung naisulat ko iyan dito . . . 22:19, maaring ako ay mali. Hindi. [Mayroong nagsabing, “Iya’y 22:9, marahil.”—Pat.] 22:9, iyan nga ito. Tinitingnan ko ang 22:9. Iya’y Tama. Oh, oo, rito.

At sinabi niya sa akin, Ingatan mong huwag gawin iyan: ako’y kapuwa mo alipin, at ng iyong mga kapatid na mga propeta, . . .

²⁰⁵ Pagmasdan kong anong nakita ni Juan dito.

. . . akong si Juan, ako ang nakarinig at nakakita ng mga bagay na ito.

206 Ngayon siya'y nagsasara. Ito ang huling kabanata.

... At nang aking... marinig at makita, ay nagpatirapa ako upang sumamba sa harapan ng anghel na nagpakita ng mga bagay na ito, na nagpakita sa akin ng mga bagay na ito

207 At, “siya,” pagkatapos, “ang anghel,” kita n’yo.

At sinabi niya sa akin, Ingatan mong huwag gawin iyan:...

208 Walang tunay na propeta ang magpapasamba, o mensahero ng anumang klase, kita n’yo. Iya’y tanging sa Diyos lamang.

At sinabi niya sa akin, Ingatan mong huwag gawin iyan: ako’y kapuwa mo alipin, at ng iyong mga kapatid na mga propeta, at ng mga tumutupad ng mga salita ng aklat na ito: sumamba ka sa Dios.

209 Kita n’yo? Ngayon, ang Aklat ay napakahalaga, na, Iyan ay ang Salita ng Diyos. Ngayon pagmasdan. At nang mailabas ang Salita ng Diyos, Ito ay kailangang mailabas sa pamamagitan ng propeta, sapagka’t diyan ay pumupunta ang Salita ng Diyos.

210 Ako’y umaasang makatanggap ng isang katanungan hinggil riyon, sa—sa kahong ito rito. Naisip ko na sadyang idiin ko sila riyon, ng kaunti, alam n’yo na. Sa pakiramdam ko ay sadyang mayroong isa roon tulad niyan, iyan lang lahat. Ako—naisip kong ako’y makadadako roon, kita n’yo. Kita n’yo?

211 Bawat Salita ng Diyos ay dinala. Hindi binabago ng Biblia ang sistema, hindi nga, kita n’yo. Ito’y siya ring bagay. Kailangan itong dumating sa propetang ito na inaasahan nating darating, ngayon pansinin, Apocalipsis 10:1, 7.

212 Ngayon basahin natin ang—ang ika-9 na talata muli. Ngayon kunin natin... ating... Ngayon, bago tayo pumunta sa talatang iyan, mayroon akong gustong itanong sa inyo.

213 Nakita n’yo ba, ng walang kamali-mali, bago natin iwan ang mga Tatak na ito? Ngayon tandaan, wala nang kapangyarihan pang lumabas makaraan ang agilang iyan, kita n’yo, wala na. Sa tuwing may isinusugong isang bagay ang anti-cristo, ang Diyos ay nagsusugo ng isang kapangyarihan. Ang anti-cristo ay nagsugo ng panibagong kapangyarihan; ang Diyos ay nagsugo ng isang bagay upang labanan iyon. Pagkatapos siya ay nagpadala ng panibagong kapangyarihan; ang Diyos ay nagsugo ng isang bagay upang labanan iyon. Kita n’yo? At pagkatapos nang Siya ay bumaba sa agila, na siyang Kaniyang Salita, bumalik tulad ng Iyan ay nasa unang pagkakataon.

214 Ngayon pagmasdan. Hindi ba ang propeta na hinihintay nating dumating, ay isang tao na napahiran ng—ng Espiritu tulad ni Elias? Ito’y hindi magiging si Elias, siyempre. Ngunit ito’y magiging isang tao, tulad niyan, na bababa. At ang kaniyang pinakaministeryo ay upang ipadala, upang

ipanumbalik, sa mga nangahulog na mga taong ito dahil sa mga denominasyonal na kabaluktutang ito, pabalik sa orihinal na Pananampalataya ng mga ama. Ngayon, kung iyan ay hindi sama-samang nagtali sa Biblia, hindi ko—hindi ko alam kung ano ang gumawa. Ako—ako—wala na akong masasabi tungkol dito, pagka't ito na. Kararating n'yo. Iyan ang Katotohanan. Kayo ay kumuha ng anumang bagay mula roon, binaluktot n'yo iyon. Kita n'yo? Kaya, ito, ito'y kailangang maging sa gayong paraan.

²¹⁵ Ngayon pansinin, ngayon, sa ika-9 na talata, “Mga kaluluwa sa ilalim ng dambana.” Ngayon, dito ako makakakuha ng ilang talagang di pagsang-ayon. Ngunit sadyang pagmasdan lamang sandali. At sadyang... Kita n'yo? Naisip ko iyan, din, ngunit ito'y hindi dumating sa gayong paraan. Kailangan nating... Palagi kong iniisip na ang mga kaluluwang ito sa ilalim ng dambana ay ang—ang—ang mga martir ng sinaunang Iglesia. At ako'y tiyak na si Dr. Uriah Smith, at bawat isa sa kanila, ay nagsasabing iyan nga. Kita n'yo? Ngunit, gayun din ang naisip ko, ako mismo. Ngunit nang ipinakita sa akin ng Banal na Espiritu ang pangitain nito, hindi iyon ganon; hindi iyon ang mga kaluluwa.

Ngayon, ngayon sasabihin n'yong, “Buweno, ngayon, hindi ko alam ang tungkol diyan.”

²¹⁶ Buweno, ngayon, sandali lamang, matutuklasan natin. Tingnan. Ang mga ito ay hindi mga kaluluwa ng—ng Nobyang Iglesia, hindi sa anumang paraan. Inisip natin na iyan ang Nobyang Iglesia na naghihintay roon, mga kaluluwa sa ilalim ng dambana, kita n'yo, sumisigaw, “Hanggang kailan, Panginoon, hanggang kailan?” Hayaang basahin ko iyan muli ngayon, para makuha natin iyan ng tama.

At nang buksan niya ang ikalimang tatak, ay nakita ko sa ilalim ng dambana ang mga kaluluwa ng mga pinatay dahil sa salita ng Dios, at dahil sa patotoong sumakanila:

²¹⁷ Kita n'yo, “Ang Salita ng Diyos, at ang patotoo na sumakanila.” Ngayon, huwag—huwag kikilos mula riyon. Sandali lamang, kita n'yo.

At sila'y sumigaw... Hanggang kailan, ... Panginoon, hanggang kailan?... (kita n'yo?)... banal at totoo, hindi mo... hahatulan at ipaghihiganti ang aming dugo sa mga nananahan sa ibabaw ng lupa?

At binigyan ang bawa't isa sa kanila ng isang maputing balabal; at sa kanila'y sinabi, na mangagpahinga pa ng kaunting panahon, hanggang sa maganap ang bilang ng kanilang mga kapuwa alipin at—at... ng kanilang mga kapatid, na mga papatayin namang gaya nila.

218 Ngayon, sapagka't sila, sa panahong ito, kung inyong napansin, ang Ikalimang Tatak na ito na nabuksan, kita n'yo, ang Iglesia ay wala na. Hindi iyan maaaring maging, ang mga kaluluwa sa ilalim ng—ng sinaunang Iglesia.

219 Ngayon, ngayon, pakiusap, kung inyo lamang bibigyan ito ng atensiyon ngayon, pagka't ito ay isang napakalaking pagtata-... pagtatalo, kaya gusto kong makinig kayo ng talagang mabuti ngayon. At mayroon kayong mga papel, at mga bagay upang makapagsulat. Ngayon, gusto kong pansinin n'yo.

220 Ngayon, ang mga ito ay hindi maaaring yaong mga kaluluwa. Sapagka't, ang—ang mga kaluluwa ng—ng mga matuwid, minartir, at mga matuwid na tao, ang Iglesia, ang Nobya, ay kinuha na paitaas, kaya hindi sila maaring mapunta sa ilalim ng dambana. Sila ay mapapasa Kaluwalhatian, kasama ng Nobya. Ngayon pagmasdan. Sapagka't, sila'y lumisan na sa Pag-agaw, sa ika-4 na kabanata ng Apocalipsis. Sila'y dinala paitaas.

221 Ngayon, sino ang mga kaluluwang ito, kung gayon? Iyan ang susunod na bagay. Sino sila, kung gayon, kung hindi sila ang sinaunang Iglesia? Ito ay ang Israel na kailangang maligtas bilang isang bansa, lahat sila na mga itinalaga. Iya'y Israel. Iya'y Israel, mismo.

222 Sasabihin ninyong, “Oh, sandali lang.” Sasabihin ninyong, “Hindi maaaring sila.” Oh, oo, sila ay kailangang mailigtas.

223 Heto, ayusin natin iyan, sandali lamang. Ako ay mayroong apat o limang mga Kasulatan. Kukuha ako ng isa. Kunin natin ang Mga Taga Roma, sandali lamang, at tingnan kung sila nga. Kunin natin ang Aklat ng Mga Taga Roma, at pumunta sa—sa ika-11 na kabanata ng Mga Taga Roma, at matutuklasan natin. Sadyang... Basahin lamang natin ito, at pagkatapos ay kukunin na natin iyan sa ating sarili. Mga Taga Roma, ang ika-11 kabanata, ang ika-25 at ika-26 na talata. Ngayon ay makinig kay Pablo rito.

224 At sinabi ni Pablo, “Kung mayroon pa mang sinuman, kahit isang Anghel, na mangaral ng ibang ebanghelyo,” (ano?) “siya ay kailangang itakwil.” Pagmasdan.

Sapagka't hindi ko ibig, mga kapatid, na di ninyo malaman ang hiwagang ito (uh!), baka kayo'y mangamarunong sa inyong sariling mga haka (hayan na nga kayo); na ang pagkabulag ng isang bahagi ay nangyari sa Israel, hanggang sa maganap, pumasok ang kapunuan ng mga Gentil.

225 Ang huling Gentil na Nobya ay maipasok, para sa Nobya, ang pagkabulag ay dumating sa Israel para sa layuning iyan.

At sa ganito'y ang buong Israel ay maliligtas; gaya ng nasusulat, Magbubuhat sa Sion ang Tagapagligtas; Siya ang maghihiwalay sa Jacob ng kalikuan:

226 Tama! Ngayon, sila ay Israel, na nasa ilalim ng dambanang ito. Pagmasdan. Ang Israel ay binulag para sa pinaka layunin na tayo'y maligtas. Pinaniniwalaan n'yo ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Ngayon, sinong bumulag sa kanila? Diyos. Binulag ng Diyos ang Kaniyang Sariling mga anak.

227 Hindi nakapagtatakang, si Jesus, nakatayo roon sa krus, at silang mga Hudyo'y nagpapalahaw para sa Kaniyang Dugo! Ang mga Iyan ang Kaniyang Sariling mga anak. At Siya ang Kasulatan. Siya nga, Mismo, ang Salita. At dito, nalalaman Niya na may kagalakang tatanggapin Siya ng mga taong iyon! At iyan ang dahilan kung bakit Niya sila binulag, para hindi nila Siya makilala. Siya ay dumating sa gayong napakamapagpakumbabang paraan, at binulag sila nito, upang hindi nila tanggapin iyon. Kita n'yo? Sinabi ng Kasulatan na gagawin nila iyon. At binulag Niya. Binulag! Kinaawaan sila ni Jesus, ng husto, tulad ng sabi Niya, "Ama, patawarin mo sila. Hindi nila alam kung anong kanilang ginagawa." Kita n'yo? Sila ay mga bulag. Sinabi ni Pablo na sila ay binulag para sa isang layunin, para sa atin.

228 Pansinin. Ngayon gusto kong pagmasdan n'yo ito ng talagang mabuti. "Sila ay binigyan ng mga balabal." Wala sila ng mga iyan. Sila ay binigyan ng mga balabal, maputing mga balabal, bawat isa sa kanila. Ngayon, ang mga banal ngayon ay, mayroon nang tig-iisa; nakuha nila iyan dito. Ngunit, doon, "Sila ay binigyan ng mga balabal." At ang banal ay mayroon ng kani-kanila, at nagtungo na. Kita n'yo? Kita n'yo? Sila'y nagkaroon—hindi nagkaroon. . .

229 Sila, kita n'yo, wala silang pagkakataon, sapagka't sila ay binulag ng Diyos, ang sarili nilang Ama; upang ang biyaya ng Diyos ay maganap, upang ang Nobya ay makuha mula sa mga Gentil. Tama ba yan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.]

230 Hayaan—hayaang ipakita ko sa inyo ang isang magandang tipo rito kay Jose; Si Jose, ang Espiritung tao, ang agila. Siya ay ipinanganak kasama ng kaniyang mga kapatid na lalaki, sadyang tulad ng tunay na Iglesya ay kasama ng iba. At siya ay nakapagpapaliwanag ng mga panaginip at nakakakita ng mga pangitain. At ang lahat sa kanila ay kinamuhian siya. Minahal siya ng kaniyang ama.

231 Pansinin, pagkatapos, siya'y nasa labas, pinalayas ng kaniyang mga kapatid, hindi ng kaniyang ama. Pinalabas, ng kaniyang mga kapatid, at ipinagbili sa halos tatlumpung piraso ng pilak. Itinapon sa isang hukay, at ipinagpalagay na patay na.

232 Naitaas, at inilagay sa kanang kamay ni Paraon. At dahil siya ay pinalayas ng kaniyang mga kapatid, kita n'yo, siya ay binigyan ng isang Gentil na asawa, na hindi sa kaniyang sariling lahi. Sa pamamagitan niyon, naipanganak niya si Ephraim at Manasseh, na naidagdag sa Israel.

233 Habang sila'y pinagpala ni Israel, sa pamamagitan ng pagku-krus ng kaniyang mga kamay, mula sa pinakabata hanggang sa pinakamatanda, upang itulay ang mga pagpapala mula sa mga Hudyo, pabalik . . . o mula sa mga Hudyo patungo sa Gentil. Kita n'yo? Pinagkrus ang kaniyang mga kamay, sa mas nakababatang anak na lalaki, na siyang nakababatang Iglesya upang makapasok. "Ang—ang inang iglesya ay tumayo sa araw; isinilang niya ang sanggol na ito." At pansinin, upang kunin siya, pinagkrus ni Israel ang kaniyang mga kamay, sa tipo. At si Jose . . .

Silang parehong mga anak, ay isang Gentil na ina.

234 Ang nobya ni Israel, doon noon, ay pinagkrus, mula sa matandang Kaugalian, patungo sa Cristiyanong pamamaraan, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na nagpakrus sa mga kamay ni Israel. Ang sabi niya, "Pinagkrus ng Diyos ang aking mga kamay." Wala siyang anumang kinalaman doon.

235 Pansinin. Pagkatapos, si Jose, itinakwil ng kaniyang sariling mga kapatid, ng kaniyang sariling lahi, ay kumuha ng isang Gentil na nobya. Sadyang tamang-tama kung anong ginawa ni Jesus; itinakwil ng mga Hudyo, kumuha ng isang Gentil na Nobya.

236 Ngayon tayo'y bumasa ng isang bagay dito. Ako ay may Kasulatan na naisulat, mga Gawa 15. At, naku, ito ay sadyang ang uri ng dapat sana'y ituturo natin, kahit paano. Ngayon, naniniwala akong nakuha ko ito ng tama, basahin ang mga Gawa 15:14. Mabuti. Sana ito ay tama ngayon. O sige. "Sinaysay ni Simeon kung paanong ang Diyos . . ." Hindi, tayo'y mag-umpisa sa ika-13 talata.

At nang matapos na silang magsitahimik, ay sumagot si Santiago, . . .

237 Ngayon, kita n'yo, kung anong naganap, sila ay tumungo sa mga Gentil. Kita n'yo? At ang pagtatalo ay nagpatuloy, pagka't sila ay mga Hudyo. Kita n'yo?

At nang matapos na silang magsitahimik, ay sumagot si Santiago, na sinasabi, Mga kapatid, pakinggan ninyo ako:

Sinaysay na ni Simeon (iya'y si Simon Pedro) kung paanong dinalaw na una ng Dios ang mga Gentil, upang kumuha sa kanila ng isang bayan sa kaniyang pangalan.

238 Huh! Kita n'yo, ang pangalan ng aking asawang babae ay Broy. Nang kunin ko siya, siya ay isang Branham na. Kita n'yo?

239 Inilabas ni Jesus ang Kaniyang Iglesya, o ang Kaniyang Nobya, mula sa mga Gentil. Iya'y ang Kasulatan, tumipo, sadyang tulad nga ni Jose.

240 Ngayon pansinin ito, ngayon, ang mga kaluluwang ito sa ilalim ng dambana. Buweno, ang . . . ito, "Ang mga kaluluwang

ito,” nauunawaan na ngayon, “na nasa ilalim ng dambana,” kung bakit sila ay minartir ng mga makasalangang tao tulad ni Eichmann. Kita n’yo? Sila ay kumakapit na mahigpit, milyun-milyon sa kanila, kita n’yo, ngunit sila’y nanatiling mga Hudyo.

241 Ngayon, tandaan. Ano nga iyan? “Sila ay pinatay dahil sa kapakanan ng Salita ng Diyos,” hindi para sa patotoo ni Cristo. Naunawaan n’yo ba iyan?

242 Ngunit, tandaan, ang Iglesia ay pumasok, din, ang mga martir ng Iglesia, ay para sa Salita ng Diyos at sa patotoo ni Jesus Cristo. Ilan ang nakakaalam niyan, dito sa... [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Oo. Mabuti.

243 Ngayon, ngunit ang mga ito ay walang patotoo ni Jesus Cristo.

...dahil sa Salita ng Dios, at sa patotoong sumakanila:

244 Ang mga Hudyo! At kinamuhian sila ni Hitler, gayun din si Eichmann, gayun din si Stalin, lahat ng iba pa sa mundo. Kita n’yo? Ngunit sila ay nanatiling totoo sa pinaniniwalaan nila. At pinatay nila sila dahil sila ay mga Hudyo.

245 Alam n’yo ba na si Martin Luther ay parang nagkaroon ng gayung kaisipan, din? Iyan ang katotohanan. Ang sabi n’ya, “Lahat ng mga Hudyo ay dapat paslangin. Sila’y mga anti-cristo.” Kita n’yo? Ngunit siya lamang ay nasa ilalim ng ibang dispensasyon, at hindi nakita iyon, hindi nakita ang Salita.

246 Ngayon ang Salita, Katotohanan, ay lumabas. Paano n’yo bubulagin ang Israel? Hindi mo magagawa iyan. Hindi.

247 Oh, paanong ang propetang iyon ay makatatayo roon, sa araw na iyon, at sabihing, “Ikaw ay mukhang isang guyang baka, Israel?” Nang sinisikap nila na ipakita sa kaniya ang mga pinakamalalang bahagi niyon! Ang sabi n’ya, “Aba,” sabi n’ya, “sinumang magpala sa inyo ay pagpapalain, at sinumang sumumpa sa inyo ay susumpain.” Iya’y tama. Oh, tao! Paano n’yo gagawin iyan?

248 Minsan naisip nila na kalilimutan ng Diyos, nang makita ng propeta ang madilim na bagay na iyan na darating para sa mga Hudyo. Iyang taong nakatayo roon, at ang Salita ng Diyos na nabuhos sa kaniya. Ang sabi n’ya, “O Panginoon, itatakwil Mo ba ang Iyong bayan?”

Ang sabi Niya, “Ano iyang nakalapag sa tabi mo?”

Ang sabi n’ya, “Isang panukat na patpat.”

249 Sabi “Gaano kataas iyan sa Kalangitan? Sukatin mo.” Uh-huh. “Gaano kalalim ang dagat?”

Ang sabi n’ya, “Hindi ko iyan magagawa.”

250 Ang sabi Niya, “Kahit Ako man, kahit Ako ma’y hindi malilimutan ang Israel.” Hindi, ginoo. Hindi Niya siya kalilimutan.

251 Kailangan Niyang bulagin ang Kaniyang Sariling anak. Ngayon, isipin iyan. Binulag ang Kaniyang Sariling anak, upang bigyan tayo ng isang pagkakataon, at tinanggihan natin Ito. Ngayon, hindi ba kayo ginagawang napakaliit niyan na kayo ay makagagapang sa ilalim ng isang konkretong bloke na may sampung galong nakapatong, at hindi magalaw iyon? Iyan ay talagang maliit, alam n’yo. Oh, naku! Oo.

252 “Sila’y humawak para sa Salita ng Diyos.” Sila ay mga Hudyo. Taglay nila ang mga kautusan nila; sila’y nanatiling kasama nito. Natatandaan n’yo ba kagabi, ngayon? Kita n’yo? Sila ay nanatili kasama iyon. At sila ay mga Hudyo, at taglay nila ang kautusan. At ang kautusan ay ang Salita ng Diyos, at sila’y nanatili mismo sa tabi nito. Iya’y tama. “At sa patotoong sumakanila, sila’y minartir.” At narito ang mga kaluluwa sa ilalim ng dambana, makaraan na ang Iglesya ay mawala na.

253 Ngayon pagmasdan. Kanilang, sa pagiging bulag nila, minartir ang Mesiyas nila, at ngayon ay inaani nila iyon. Napagtanto nila ito. Nakilala nila ito, makaraan na iyon ay mawala na. Nakita nila Siya pagkatapos, nang sila ay dumating sa harap ng dambana ng Diyos. Ngunit ngayon ang biyaya ng Diyos ay sa kanila.

254 Pagmasdan. Ngayon, hindi nila magawa, sa anumang paraan, ang maging mga santo, pagka’t sila’y nabalabalan na. Ngunit heto sila ngayon, sadyang “mga kaluluwa sa ilalim ng dambana, para sa Salita ng Diyos, at sa patotoong sumakanila,” sa pagiging bayan ng Diyos, ang mga Hudyo.

255 Ngunit ngayon, pagmasdan, ang biyaya ng Diyos ay dumating sa kanila. At binigyan sila ni Jesus, bawat isa, ng isang maputing balabal, (oh, naku, pagmasdan; nilampasan, makaraan na ang Iglesya ay mawala), sapagka’t sila ay tapat sa adhikain nila. At sila ay binulag, at hindi nila alam iyon. Hindi nila alam iyon. Ginagampanan nila ng eksakto ang bahaging ipinasiya ng Diyos para sa kanila na gampanan. At heto, dito, si Juan ay tumingin at nakakita ng mga kaluluwa sa ilalim ng dambana. Ngayon pagmasdan, nakita niya ang mga kaluluwang iyon. Tingnan kung anong itinawag niya sa kanila.

Sila’y sumigaw, “Panginoon, hanggang kailan?”

Pagmasdan, “Sandali na lamang.” Kita n’yo?

256 Kunin natin iyan, habang tayo’y nagpapatuloy, mismo sa Kasulatan ngayon. Napagtanto nila na pinahirapa’t pinatay nila ang kanilang Mesiyas. Kita n’yo? At hindi nila alam iyan, ngunit pagkatapos ay napagtanto nila. Sila ay—sila ay pinahirapa’t pinatay, din, upang magbayad para doon, sa paggawa roon ng mali. At ngayon tingnan kung anong bagay ang gagawin

nila! Kita n'yo, sila ay nagkasala ng pagpatay, kaya sila ay pinahirapa't pinatay. Kita n'yo? Sila'y sumigaw, "Ang Kaniyang Dugo ay mapasa amin!" Kita n'yo? Iya'y tama. At sila ay binulag.

²⁵⁷ Ngayon, kung hindi sila nabulag; Sabi ng Diyos, "Pabayaan lamang sila. Hindi sila karapat-dapat." Ngunit dahil sa binulag sila ng Diyos, ang Kaniyang biyaya ay umabot pababa sa kanila. Amen! Pag-usapan ang tungkol sa kahanga-hangang biyaya! At binigyan ang bawat isa sa kanila ng isang balabal, sapagka't lahat ng Israel ay maliligtas, bawat isa ay nakasulat ang kaniyang pangalan. Iya'y tama. Binigyan sila ni Jesus ng mga balabal.

²⁵⁸ Tulad ng ginawa ni Jose sa kaniyang mga kapatid; isang tipo. Tingnan, nang si Jose ay tumayo roon, at nang sa wakas kaniyang... Ipinakilala niya ang kaniyang sarili roon sa may dambana, kaniyang sariling dambana, sa kaniyang palasyo, kaniyang trono. Ang sabi niya, "Iwan ako ng lahat." Ang kaniyang asawang babae ay nasa palasyo; kung saan mapaparoon ang Nobya.

²⁵⁹ At ang sabi niya sa kanila, ang sabi n'ya, "Hindi n'yo ba ako kilala?" Aba, siya ay nagsasalita ng Hebreo ngayon. "Ako ang inyong kapatid, si Jose." Oh, naku!

Ang sabi nila, "Ngayon, naku, huhulihin mo kami."

²⁶⁰ Sabi, "Sandali lang. Sandali lang. Ginawa iyan ng Diyos para sa isang layunin. Kailangan n'yo akong palayasin, upang magligtas ng buhay." Kaluwalhatian! Hayan na kayo, tamang-tama. Sabi, "Huwag, huwag magalit sa inyong mga sarili." Natatandaan n'yo bang sinabi iyan ni Jose? Sabi, "Huwag magalit sa inyong mga sarili. Lahat ng bagay ay mabuti na ngayon. Tapos na ang lahat. Isinugo ako ng Diyos dito, nauna sa inyo."

²⁶¹ Alam n'yo, sinabi ng Biblia na sasabihin nila sa Kaniya, kapag nakita nila Siyang dumating, sabi, "Sabihin, Ikaw ang Mesiyas, alam namin. Ngunit, ngunit, naano ang mga pilat na iyan?" Kita n'yo?

²⁶² Ang sabi Niya, "Oh, nakuha ko ang mga iyan sa bahay ng Aking mga kaibigan." Mga kaibigan?

²⁶³ At pagkatapos nilang mapagtanto ito, sila na mga natira, ang sangdaan at apatnapu't apat na libo, sinabi ng Biblia na sila ay hihiwalay, isang bahay mula sa isa pa. At gugugol ng mga araw, upang umiyak lamang, at tumangis, at lumakad ng akyat-at-baba sa sahig; sabihing, "Paano namin ginawa iyon? Paano namin ginawa iyon? Bakit, ipinako namin ang aming sariling Mesiyas." Sabi, iiyak ng tulad ng isang tahanan para sa tanging bugtong niyang anak na lalaki, "Paano natin ginawa iyon?"

264 Silang mga Hudyo, sila ang—sila ang pinakarelihiyosong mga tao sa mundo; pinili ng Diyos. Ngunit binulag Niya sila, upang kunin tayo, at tinanggihan natin Ito. Ano ang kahatulan ng Gentil na iglesia! Hayan na kayo. Kita n'yo? Binulag sa kadahilanan, ng Diyos, upang makuha Niya tayo, isang Nobya para kay Jesus. Ilabas sila mula sa . . . Kita n'yo? At paunang itinipo iyon, at lahat na.

265 Ngayon nakita ninyo kung sino ang mga kaluluwa? Sila'y hindi ang mga minartir na mga banal. Sila ay wala na. Iya'y tama. Pansinin, sila ay, sila ay kinuha na. Kita n'yo?

266 Kaya, ang mga ito ay binigyan ng mga balabal, bawat isa sa kanila. At ngayon nais kong pansinin ninyo. Ngunit ngayon ang biyaya ng Diyos ay yumukod sa kanila. Binigyan ni Jesus ang bawat isa sa kanila ng isang maputing balabal, tulad ng ginawa ni Jose, ang kaniyang biyaya sa kaniyang mga kapatid.

267 Ngayon masdan. Kahit na tinangka nilang patayin si Jose, din, ngunit ang kaniyang biyaya ay umabot mismo pababa sa kanila. Kita n'yo? "Oh, iya'y ayos lang. Iya'y mabuti. Hindi ninyo sinasadyang gawin iyan. Ngunit, kita n'yo, iyan ay ang Diyos ang gumagawa niyan. Kita n'yo? Pinahintulutan ng Diyos na gawin ninyong lahat iyan upang mapaalis Niya ako, at ipadala ako rito upang makapagligtas ako ng mga buhay para sa mga tao, ang mga Gentil na ito rito, kung saan nakuha ko ang aking asawang babae. Hindi ako magkakaroon ng isang asawa kung—kung ako ay nanatili sa dako roon. Ngayon, mahal ko ang aking asawa. Binigyan niya ako ng mga anak na ito rito." At ang sabi, "Ako—ako . . . At ngayon—ngayon kukunin ko kayong lahat. Ngayon kayong lahat ay magiging mabuti, rin. Ipagsasama ko kayo rito. Lahat tayo'y mamumuhay ng sama-sama, bilang isang malaking pamilya." Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo? Sabi, "Isang bagay na nais kong itanong sa inyo. Nabubuhay pa ba ang aking matandang ama?" Oh!

268 At pagmasdan siya, kung anong ginawa niya kay munting Benjamin, na siyang isang tipo ng sangdaan at apatnapu't-apat na libo, na kukunin natin maya-maya. Nakita n'yo kung anong kaniyang ginawa? Siya ay sadyang tumakbo kaagad-agad kay Benjamin, yumakap sa kaniyang leeg at sinimulan siyang yakap-yakapin. Ang kaniyang munting kapatid na lalaki na ipinanganak sa pamilya makaraan na siya ay mawala, kita n'yo; ng kaniyang ina, ang unang iglesia, ang Orthodox na iglesia. Ang sangdaan at apatnapu't-apat na libo ay naipanganak noong Siya ay wala, habang Siya ay malayo upang kunin ang Kaniyang Gentil na Nobya. Oh, naku! Wala bang ginagawang anuman iyan sa inyo! Hayan ito. Kaya nakita ninyo kung sino sila? Hayan nga sila.

269 Pansinin ngayon, kahit na tinangka nila na patayin si Jose, ang kaniyang biyaya ay umabot sa kanila.

270 Kahit na tinangka nila na patayin si Jesus, Siya ay bumalik pa rin (pagka't sila ay bulag) at binigyan sila, bawat isa, ng isang maputing balabal. Ipagsasama niya sila, pauwi, kahit paano. Hindi gumagawa kahit kaunting kaibahan, pagka't sinabi nga Niyang, "Ililigtas Ko silang lahat, papano man." Kita n'yo?

Ngayon talata 10. Pansinin, sila'y humihiling para sa "paghihiganti." Kita n'yo?

271 Ngayon, kung iyan ay naging ang Nobya, ito'y magiging katulad kay Stephen. "Ama, patawarin mo sila," alam n'yo. Kita n'yo?

272 Ngunit ang mga ito ay mga Hudyo na kapapasok pa lamang, kita n'yo. Sila'y humihingi ng "paghihiganti." Pansinin muli, kita n'yo, muli sinabi Niyang. . . Pansinin, ito'y hindi. . . Ang sabi Niya, "Ito'y iyong mga kapatid," ang mga Hudyo. Ang sangdaan. . . Ngayon nais nila ng paghihiganti. Ang sabi nila, "Oh, kami ay magiging. . . Kami, nais naming ipaghiganti Mo kami roon sa ibaba."

273 Ang sabi Niya, "Sandali na lang, ngayon, sandali na lang." Sapagka't, pansinin, hayaang basahin ko ito rito. Ito'y nasa—nasa ika-10 talata. Tama.

At sila'y sumigaw ng tinig na malakas, na nagsasabi, Hanggang kailan, Oh Panginoong, banal at totoo, hindi mo hahatulan at ipaghiganti ang aming dugo sa mga nananahan sa ibabaw ng lupa?

At ang bawa't isa sa kanila ay binigyan ng isang maputing balabal; at sa kanila'y sinabi, na mangagpahinga pa. . . ng kaunting panahon, kita n'yo, (ano?) ng kaunting panahon, hanggang sa maganap ang bilang ng kanilang mga kapuwa alipin. . .

274 Kita n'yo? Ngayon ano ito? Ang mga propeta ngayon ay nangangaral sa Israel. Kita n'yo?

. . . hanggang sa maganap ang bilang ng inyong mga kapuwa alipin. . . inyong mga kapwa alipin at gayun din ang inyong mga kapatid, na mga papatayin. . .

275 Kita n'yo, ang mga itinalagang gagawan ng gayon. Kita n'yo?

. . . na mga papatayin namang gaya nila, ay maganap.

276 Kita n'yo, sa ibang mga salita, ito'y itinalaga sa kanila. Ito'y ang mga Kasulatan, na kailangan nilang gawin iyon. "At sadyang mamahinga ng kaunti pang panahon. Ngayon nasa inyo na ang inyong mga balabal; kayo'y uuwi na; at umupo lamang diyan ng kaunti pang panahon, kita n'yo, maghintay ng kaunti pa."

277 Ngayon pansinin. Ngayon pansinin, "Ang inyong mga kapatid." "Ang inyong mga kapatid ay papatayin pa lang," na nangangahulugang ang sangdaan at apatnapu't-apat na libo na

tatawagin sa Kapighatian. Ang sangdaan at apatnapu't-apat na libo na tinawag.

²⁷⁸ Sana mayroon pa tayong panahon. Maaring makuha natin ito bukas ng gabi, kung loloobin ng Panginoon, tayo . . . sadyang bago tayo pumunta sa isa pang Tatak. Kita n'yo?

²⁷⁹ Gayun din, ngayon pagmasdan, kailangan silang martirin ng anti-cristo. Kadadako pa lamang natin; at pansinin, sa kaniyang huling pangangabayo, kung saan kaniyang sinira—sinira iyang kasunduan sa kanilang mga Hudyo roon. At pagkatapos hayan na nga siya. Kita n'yo?

²⁸⁰ Ang mga Hudyong ito, ang sangdaan at apatnapu't apat na libo, ay tatawagin palabas ng dalawang saksi ng Apocalipsis 11. Ngayon, tandaan ninyo, kailangan nilang manghula.

²⁸¹ Nabasa ninyo iyan. Ilan ang nakabasa niyan? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] Tiyak, lahat tayo'y nakababatid, sa pagbabasa ng Kasulatan.

²⁸² At sila'y nanghula, ang dalawang saksing ito ay nanghula, sa panahon ng ikalawang kalahati ng pitumpung sanlinggo ni Daniel. Iyan ay ang huling tatlo at kalahating taon.

²⁸³ Natatandaan ba kung paano natin kinuha ang pitumpung sanlinggo ni Daniel? Sinabi kong kakailanganin natin iyan kapag tayo ay nakarating dito. Hindi ko alam kung bakit, ngunit ako lamang . . . Mayroong bagay na nagsabi sa aking kakailanganin natin ito, at heto nga tayo. Oo. Kita n'yo?

²⁸⁴ Pansinin, sa panahon ni Daniel. Ngayon tandaan, si Daniel ay nasabihan na, "Ang Mesiyas ay darating," ang prinsipe, "ang Mesiyas," mabuti pa, "at Siya ay manghuhula. Ang Israel ay mayroon pang pitumpung sanlinggong natitira. At sa kalagitnaan ng pitumpung sanlinggo, ang Mesiyas ay mahihwalay, at ang araw-araw na handog ay aalisin." Tama ba 'yan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] "Ngunit mayroon pa ring tatlo at kalahati, mga linggong nakatakda."

Sa panahong ito, Kaniyang kinuha ang Gentil na Nobya.

²⁸⁵ Ngayon, Siya ay pumaitaas. At nang Siya ay pumaitaas, dalawang propeta ang tumayo sa Israel. Kita n'yo?

²⁸⁶ At ang mga kaluluwang iyon na minartir noon, ngayon, tuloy-tuloy pababa hanggang dito, tunay, totoong mga Hudyo pababa hanggang doon; na ang mga pangalan nila ay nasa Aklat, na ipinamuhay ang tamang pamumuhay at ginawa ang tamang bagay, ipinamuhay ng lubos ang Judaismo. Sila, sila'y minartir ni Eichmann at marami pang iba. Tapat na mga tao, milyun-milyon sa kanila roon! At silang mga Alemanya ay pinagbabaril sila hanggang sa mamatay, at pinahirapa't pinagpapatay sila, at pinagpapaslang sila, at isinabit sila sa mga bakod, at sinunog sila, at sinunog ang bangkay nila, at lahat ng iba pang mga bagay. Iyan ay kawalang-dugo o pusong uhaw sa dugo, gutom

na Hitler, at Stalin, at Mussolini, at lahat silang mga tao na kinamuhian yaong mga Hudyo!

²⁸⁷ Palagay ko iyan ang isa sa—isa sa mga bagay na humahawak sa bansang ito ng buo, pagka't palagi nilang nirerespeto ang mga Hudyo, iya'y tama, binigyan siya ng isang dako. Inyong igalang ang mga Hudyo, at igagalang kayo ng Diyos.

²⁸⁸ Ngayon, mayroong mga pangkat ng mga Hudyo na mga taksil, tulad na lamang na mayroon sa mga Gentil sa gayunding paraan.

²⁸⁹ Ngunit ang tunay na Hudyo, inilagay ng Diyos ang kaniyang pangalan sa Aklat bago pa itatag ang sanlibutan. At heto nga siya, minartir sa panahong ito. At tandaan, isipin ito ngayon, kung gaano ito kaperpekto. Mismo makaraan iyang mga milyun-milyong pinagpapatay na mga Hudyo, inosenteng mga tao, ng mga bansa ng mundo; dito ay sinasabi ng Kasulatan, mismo sa panahong ito, na sila bawat isa ay nasa ilalim ng dambana, napagtanto kung anong naganap, at sila ay pinagbigyan ng mga maputing balabal.

²⁹⁰ At ang sabi nila, “Buweno, bakit? Maaari na ba tayong bumalik sa kaharian ngayon?” Ang Hudyong kaharian ay ilalagay sa lupa, alam n'yo. Sinabi ni Juan na ang kaharian ay naroon, kita n'yo, upang itayo.

Ngayon, ito ang Kaharian ng Ebanghelyo, kita n'yo.

²⁹¹ Ngunit ang kaharian ng mga Hudyo ay ipapangaral ng—ng dalawang propetang ito, kaya pansinin ang—ang—ang kaharian ng lupa rito.

²⁹² “Ang Kaharian ng Langit ay ipinangaral,” . . . ng mga Hudyo, o sa . . . ang ibig kong sabihin, “sa mga Gentil.”

²⁹³ Ang kaharian ng narito sa lupa, ay ihahanda sa Sanlibong taon, makaraan, ang Sanlibong taon sa mga Hudyo.

²⁹⁴ Ngayon pansinin. Pansinin ito ngayon, dito, habang sila—habang sila ay nangangaral, kita n'yo.

²⁹⁵ Bago ang mga ito—ang mga propetang ito ay lumitaw sa tagpo; ang mga Hudyong ito na kailangang mamatay sa ilalim ni Eichmann at sila ay, bawat isa sa kanila na itinalaga, ay binigyan (sa pamamagitan ng biyaya) ng isang maputing balabal. Bawat isa sa kanila ay nabigyan ng isang maputing balabal. Pansinin.

Ngayon anong naganap? Kaagad-agad nang iyan ay maganap . . .

²⁹⁶ Binabantayan ko ang orasan na iyan sa likuran diyan, at alam kong tayo'y—tayo'y atrasado na. Ngunit hindi ko gustong . . . Kita n'yo, Ako—Ako . . . Sila . . . napapansin silang mga kaawa-awang mga kaibigan na nakatayo roon. Tulungan kayo ng Diyos, mga kapatid. Ako'y umaasang bawat isa sa inyo ay bigyan ng isang maputing balabal sa araw na iyon,

kita n'yo. Nakatayo, nagpapalit papunta at parito, na nananakit ang mga binti. At ang ilan sa inyo ay nagtrabaho ng buong araw. Alam ko kung ano iyan. At tingnan dito. . . At ang ilan sa mga kaawa-awang munting matatandang mga babae ay nangakatayo. Napansin ko ang ilan sa mga ginoong ito na ibinigay sa mga kababaihan ang mga upuan nila; at mayroon pang nagbigay, isang kawawang munting ina na may sanggol. At ako—ako—ako—nakikita ko lahat ng iyan, kita n'yo, at tiyak akong nakikita Niya. Pansinin. Ngunit hindi ko gustong patagalin kayo ng masyadong mahaba. Kung maaari ko lamang gawin na makita n'yo ang Mensahe, iyan lang lahat ang gusto kong gawin ninyo, kita n'yo.

²⁹⁷ Ngayon pansinin ang mga Hudyong ito. Kailangan kong gawin ito, upang maipakita sa inyo ang kapahayagan ng Tatak na ito; makita kung ano ito, ang mga kaluluwang ito sa ilalim ng dambana, at kung sino sila. Ngayon pansinin.

²⁹⁸ Sa panahon ni Daniel, ngayon, ang ikalawang kalahati ng pitumpung sanglinggo. Ngayon tandaan, “Ang Mesiyas ay mahihiwalay sa kalagitnaan.” Iya’y ang kalagitnaan. Buweno, ano’ng kalahati ng pito? [Kongregasyon nagsabi ng, “Tatlo at kalahati.”—Pat.] Tatlo at kalahati. Gaano katagal nangaral si Cristo? [“Tatlo at kalahati.”] Iya’y tama. Ngayon, “Ngunit mayroon pang nakalaan, sa mga tao,” (ano?) “panibagong tatlo at kalahating taon.”

²⁹⁹ Buweno, nang panahong ito, aba, kita n'yo, ang naganap, ay, ang Gentil na Nobya ay pinili sa pitong kapanahunan ng iglesya, at pumaitaas.

³⁰⁰ At nang iyan ay naganap sa gayong paraan, lahat ng mga Hudyong ito na minartir doon dahil sa pagkabulag, nahihimlay sa ilalim ng dambana, ang Diyos ay lumapit at ang sabi, “Nakita n'yo kung ano nga iyan? Ngayon ay bibigyan Ko ang bawat isa sa inyo ng isang balabal.”

Ang sabi nila, “Hanggang kailan, Panginoon? Papasok na ba tayong ngayon?”

³⁰¹ Sabi, “Hindi, hindi, hindi, hindi. Ang inyong mga kapwa tao, ang mga Hudyo, ay kailangan pang maghirap ng kaunti, pa. Kailangan silang martirin tulad ninyo na minartir. Kailangang puksain sila ng hayop kapag kaniyang sinira ang kaniyang kasunduan.”

³⁰² Ngayon pansinin. At ngayon pansinin, minsan. . . Ngayon tandaan lamang, ang mga propetang ito ay magsisipanghula batay sa Apocalipsis 11. Kayo, inyong itinaas ang inyong kamay, binasa na ninyo iyan. Kita n'yo? At sila ay binigyan ng kapangyarihan.

³⁰³ At tutuklasin natin kung sino sila, sandali na lamang, sa kalooban ng Panginoon. Ngayon pansinin kung sino ang mga

propetang ito. At ngayon sinasabi iyan ng Biblia rito. Tiyak, sinasabi Niya. Tiyak! Kita n'yo?

304 Ngayon, pansinin, sa kalagitnaan nitong tatlo at kalahating linggo ngayon, na sila ay nagsisipanghula sa ibaba rito at ang—ang Apocalipsis dito ay nagsabing...At sila—sila ay nagsisipanghula ng sanglibo't tatlong daan at apatnapung araw. Kung...

305 Ngayon, ang regular na kalendaryong Hudyo, ang regular na oras ng kalendaryo ng Diyos, ay tamang-tamang tatlumpung araw sa isang buwan. Ang Romanong kalendaryo, ang nagpagulo nito. Ang regular na kalendaryo ay tatlumpung araw sa isang buwan.

306 Ngayon, kung gusto ninyong kunin ang tatlumpung araw, at magdagdag ng tatlo at kalahating taon doon, at makakita ng tatlumpung araw, at, buweno, anong nakuha ninyo? Isang libo't tatlong daan at...o dalawang daan at animnapung araw. "Isang libo't dalawang daan at animnapung araw (animnapung araw)," eksaktong tatlo at kalahating taon.

307 Ngayon, kita n'yo, walang pagkakamali riyan. Hayan ito, sadyang umakmang magkakasama tulad ng isang—isang pagtutugma-tugmang nagsama-sama. Pansinin, silang dalawang propeta ay nangaral sa loob ng tatlo at kalahating tao, sa mga Hudyo. Diyan, ay tinawag palabas, ang sangdaan at apatnapu't apat na libo.

308 At pagkatapos, pansinin, ang dalawang propetang ito ay eksaktong sina Moises at Elias. Kita n'yo? Kita n'yo? Ngayon tingnan, tingnan, ang kanilang...Tingnan ang ministeryo nila. Ngayon pagmasdan kung anong gagawin ng dalawang propetang ito. "Sila ay mayroong kapangyarihan upang saktan ang lupa ng isang salot, sa kanilang naisin." Sinong gumawa nito? Si Moises. "Sila ay may kapangyarihang magsara ng kalangitan, at hindi umulan sa araw ng ministeryo nila." Sino ang nagsarado ng kalangitan sa loob ng tatlo't kalahating taon? [Kongregasyon nagsabi ng, "Elias."—Pat.] Hayan nga sila. Sila iyan. Kita n'yo, ito'y...

309 Kita n'yo, ang tao, kapag siya'y namatay, hindi niya binabago ng kaniyang kalagayan. Hindi niya binabago ang kaniyang pagkakagawa, kita n'yo. Tingnan, nang—nang, bago...

310 Nang si Saul ay tumalikod, at walang mga propeta sa bayan, hindi niya maunawaan kung anong gagawin—kung anong gagawin. Siya'y pumaroon laban dito. Siya ay tutungo sa pakikipaglaban. Siya ay nagtungo sa mangkukulam ng Endor.

311 Ngayon, dugo lamang ng mga toro at mga kambing, magagawa niya ito. At tinawag niya ang espiritu ni Samuel.

312 At nang si Samuel ay umahon, doon siya'y nakatayo, sa kaniyang kasuotang propeta. Hindi lamang iyan, ngunit siya ay isang propeta pa rin. Sabi, "Bakit mo ako tinawag mula sa aking pamamahinga," kita n'yo, ang sabi n'ya, "nakikitang ikaw ay naging isang kaaway ng Diyos?" Ang sabi n'ya, "Sa ganitong oras, bukas ng gabi, ikaw ay magagapi sa labanan. At ganitong oras, bukas ng gabi, ika'y makakasama ko." At iya'y ang eksaktong naganap. Kita n'yo? Hindi lamang. . . Siya ay isang propeta pa rin. Kita n'yo?

313 At ang mga lalaking ito ay mga propeta pa rin. Ngayon tutungo tayo ng medyo malalim ng kaunti riyon, mga ilang minuto lamang, sa kalooban ng Panginoon. Kita n'yo?

314 Oh, naku, gaano ko kamahal ang Salitang iyan! Hindi nakapagtataakang, "Ang tao ay hindi mabubuhay sa tinapay lamang. Bawat Salita na lumalabas sa bibig ng Diyos!"

315 Ang dalawang propetang ito ay sina Moises at si Elias, batay sa mga gawa nila na naitulad muli. Iyan, iyan palagi ang nagiging ministryo nila. Ngayon pansinin, sadyang tulad ng ginawa nila. Hindi sila binago niyan. Tandaan, ang mga lalaking ito ay hindi namatay. Pagmasdan sandali lamang.

316 Ngayon, huwag malito, bago tayo lumayo mula rito. Huwag maguluhan sa ikalimang-ulit na ministryo ni Elias sa kaniyang ikaapat-na-ulit na ministryo. Madalas kong sabihin sa inyo, ang Gentil na Iglesya ay naghihitay para kay Elias. Tama.

317 At dito siya'y nasa banda rito sa mga Hudyo. Tandaan, hindi siya maaring dumating ng apat lamang; iya'y—iya'y numero ng kaaway. Kailangan niyang dumating ng limang beses.

318 Sa unang pagkakataon na siya'y dumating, siya ay si Elias, mismo. Nang sumunod na siya'y dumating, siya ay si Eliseo. Nang sumunod na siya'y dumating, siya ay (ano?) si Juan Bautista. Sa susunod na siya'y dumating, ay para sa ikapitong anghel. At sa ikalimang beses na siya'y dumating, siya ay kasama ni Moises doon, nangangaral sa kanila. Tiyak. Opo, ginoo. Huwag kayong malito sa kaniya. Uh-huh.

319 Lima, kung alam ninyo ang inyong—inyong mga numero ng Biblia, ang lima ay numero ng biyayang nagpapagal. At iyan ang Kaniyang ginawa. Ngayon, masdan, gusto ninyong malaman kung nasaan ito. Si Jesus ba ay isang pagpapakasakit ng biyaya? *J-e-s-u-s* [Si Kapatid na Branham ay nagbibigay diin sa numerong lima—Salin.], lima, *l-a-b-o-r*. Tama ba 'yan? Pagpapakasakit, dahil—dahil sa pag-ibig sa inyo. At kung ikaw ay lalapit sa Kaniya, paano ka lalapit, sa pamamagitan ng ano? *F-a-i-t-h* sa *l-a-b-o-r*. Tama ba 'yan? Ang *labor* ay numero ng *grace*, tama, sa mga mananampalataya.

320 Pansinin, ang unang Elias, iyan nga siya. Ang ikalawa ay Eliseo. Ang ikatlo ay Juan. Ang ikaapat ay ang ikapitong anghel, o ang huling mensahero sa Iglesya, batay sa Malakias 4 at

Apocalipsis 10:7. Ngayon, ang ikalimang beses, siya ay isang mensahero sa mga Hudyo, sa sangdaan at apatnapu't apat na libo, sa mga Hudyo, makaraan na ang Iglesya ay mawala na.

³²¹ Ako—ako—nakadarama ako ng medyo nakakatawa, kita n'yo. Kita n'yo? Tingnan, kung iniisip ng ilan...gusto kong makuha n'yo ito ngayon, kita n'yo. Kung iniisip pa rin ng ilan na ang Malakias 4, “upang ipanumbalik” ang mga tao, ay siya ring bagay na kaniyang gagawin sa mga Hudyong iyan doon, at iniisip na lahat iyan ay pare-pareho lang, sadyang lilinawin ko sa inyo iyan, sandali lamang. Kita n'yo, iyan ay medyo magiging nakakalito. Pagkat, tandaan, sa Malakias 4, sinasabing, “Ipapanumbalik ang Pananampalataya ng mga ama...o ng mga anak pabalik sa kanilang ama.” Kita n'yo, pabalik sa ama!

³²² Ngayon hayaan n'yong ipakita ko sa inyo ang kaibahan ng ministeryo. Kung siya ay dumating upang ipanumbalik ang Pananampalataya ng mga anak pabalik sa mga ama, itatanggi niya si Cristo. Siya ay babalik sa kautusan. Tama ba yan? Iningatan ng mga ama ang kautusan. Nakuha ba ninyo ito? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.]

³²³ Pansinin, nang si Eliseo, nang siya ay dumating upang ganapin ang kaniyang ministeryo sa Malakias 4, kita n'yo, tulad ng Malakias 4, si Elias ay mag-isa lamang.

³²⁴ Ngunit kapag siya'y dumating upang magministeryo sa mga Hudyo, ng Apocalipsis 11, kasama niya si Moises. [Ipinalapak ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga kamay ng dalawang beses—Pat.] Kaya, walang kaguluhan, wala ni kaunti. Kita n'yo? Nakuha ba ito? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.]

³²⁵ Kapag si Eliseo ay dumating, ng Malakias 4, siya'y mag-isa lang. Si Elias ang tatakbo; hindi sina Elias at Moises. Si “Elias” ay tatayo. Ngunit ang gayun ding inspirasyon, na, na nagsabing si Elias ay darating para sa huling bahagi ng kapanahunan ng iglesya, “upang ipanumbalik ang Pananampalataya ng mga anak pabalik sa orihinal na Pananampalataya ng mga ama,” ang apostolikong Pananampalataya, na dapat ninyong balikan. At nagawang hilahin silang lahat palabas ng anti-cristo. “Upang ipanumbalik,” tulad ng lahat ng mga Kasulatan ay nagkatugma-tugmang magkasama. Kita n'yo, siya'y dumating na mag-isa. Kita n'yo?

³²⁶ Ngunit kapag siya ay dumating sa Iglesya, ang Biblia...o dumating sa sangdaan at apatnapu't apat na libo, malinaw na sinasabi ng Biblia na kapwa siya...Mayroong dalawa sa kanila, hindi isa sa kanila. Dalawa sa kanila! At ang kaniyang unang ministeryo ay hindi magawang kunin ang mga Hudyo at ilagay sila pabalik sa kautusan, naging siya...pagkat siya ay dumating, na ipinapangal si Cristo sa sangdaan at apatnapu't apat na libo, amen, “Hayan nga Siya, iyang Mesiyas na

nahiwalay.” Amen! Iyan na, kaya huwag kayong malito rito. Ito’y hindi kaguluhan. Ang Kasulatan ay hindi nagsisinungaling, kahit kaunti.

³²⁷ Kaluwalhatian! Oh, nang makita ko iyan, ako ay nagtatalon! Sabi ko, “Salamat sa Iyo, Panginoon,” nang pinapanood ko iyan na maganap doon. Nakita iyang Elias na lumakad doon para sa unang kapanahunang iyan, nag-iisa, at siya ay nag-iisa. Pagkatapos nang makita ko siya na dumating muli, na patungo sa kung saan pa muli, mayroong dalawa sa kanila roon nang iyan ay maganap. Sabi, “Hayan ito. Iyan, iyan ang gumawa nito, Panginoon. Amen! Nakita ko na ito ngayon! Aleluya!” Iya’y tamang-tama.

³²⁸ Kung hindi ko nabanggit iyan, ito ay magiging medyo magulo ng kaunti sa ilang tao. Ngunit Siya—sinabi Niya sa akin na banggitin iyan, kaya binanggit ko.

³²⁹ Pansinin, ang mga taong ito ay pinanatiling buhay ng Diyos, mula sa orihinal nilang ministeryo, para sa panghinaharap na serbisyo; ipinaglingkod nila ito ng napakainam. Kita n’yo? Isipin lamang, ang espiritung iyan ni Elias ay nagministeryo ng limang beses; Si Moises, dalawa. Ano? Pinanatiling buhay para sa mas malayong, higit na serbisyo.

³³⁰ Alin man sa kanilang dalawa ay hindi patay ngayon; huwag ninyong paniniwalaan iyan. Sila ay kapwa nakitang, buhay, nakikipag-usap kay Jesus sa Bundok ng Pagbabagong Anyo. Ngunit, tandaan, sila ay dapat na mamatay.

³³¹ Ngayon, ngayon, si Moises ay talagang namatay. Ngunit siya’y bumangon, pagkat siya ay isang perpektong tipo ni Cristo. Kita n’yo? Walang nakakaalam kailanman kung saan siya inilibing. Ang mga anghel ay dumating kinuha siya. Kita n’yo? Siya ay may mga Anghel na tagapagdala. Uh-huh. Bakit? Walang taong mortal ang makakapag-dala sa kaniya kung saan siya pupunta. Siya ay tumungo lamang sa paraan ng pagkilos, yan lang lahat. Siya ay may mga Anghel, tagapagdala, kita n’yo, pagkat kinuha Nila siya kung saan siya ay dapat na naroroon. Walang nakakaalam.

³³² Maging kay Satanas, ni hindi man lang nalaman. Siya ay nakipagtalo sa Arkanghel. Iya’y tama. Hindi niya maunawaan kung anong nangyari kay Moises. “Nakita ko siya na nanginginig sa banda roon. At tumatanaw sa lupain, at tumitingin pabalik sa mga anak, at iba pa, nakita ko siyang nanginginig. Ngunit siya ay tumuntong sa Bato, at iyan ang huling pagkakataong nakita ko siya.”

³³³ Iya’y ang Bato! Iya’y ang Bato! Hayaan akong tumayo sa Batong iyan, sa katapusan ng aking landas! Opo, ginoo! Ngayon, ang... Ang aking mga kapatirang negro ay dating pumupunta rito at umaawit ng isang munting awit, “Kung aking magagawa, siguradong ako ay tatayo sa Batong iyan kung saan

tumayo si Moises.” Opo, ginoo! Oh, iya’y ang Bato na gusto kong tayuan, din. Sa pamamagitan ng pananampalataya ako’y tumatayo roon.

³³⁴ Ngunit tandaan, si Elias, siya ay sadyang napagod, pagkat siya ay nagkaroon ng maraming gawain sa kaniyang unahan. [Si Kapatid na Branham ay tumigil panandali. Kongregasyon ay tumawa—Pat.] Kaya siya ay talagang pagod na pagod na, at pinadalhan lamang siya ng Diyos ng isang sasakyan sa Pauwi, iya’y tama, nagpadala ng isang karo. Tama ba yan? [“Amen.”] Kinuha siya paitaas. Hindi siya namatay kailanman, pagkat pinanatili Niya siyang buhay. Siya ay mayroong panghinaharap na gawain para sa kaniya. Hinayaan siyang magpahid ng isang tao, din, kita n’yo, dumating sa kaniyang Espiritu.

³³⁵ Ngunit kailangan nilang matikman ang kamatayan. Ngayon Apocalipsis, ang ika-11 kabanata. Ngayon, tayo’y tumungo, ako ay nandito mismo kahit paano. Sadyang patamaan natin iyan, Apocalipsis 11. Pagmasdan at tingnan kung sila ay hindi parehong pinatay. Opo, ginoo. Makaraang ang kanilang ministeryo’y matapos, matitikman nila ang kamatayan. Apocalipsis 11, at tayo’y mag-umpisa sa 7.

At pagka natapos nila . . . ang kanilang patotoo, ang hayop na umahon mula sa kalaliman . . . ay babaka sa kanila, . . .

³³⁶ Oh, naku, hindi niya matatagalan iyan; silang mga holly-roller ay nagbalik muli, kita n’yo. Tama. Tama.

. . . mula sa kalaliman . . . ay babaka sa kanila, at pagtatagumpayan sila, at sila’y papatayin.

³³⁷ Ngunit pagmasdan kung anong naganap. Sila ay walang kamali-maling itinipon ngayon.

At ang kanilang mga bangkay ay nasa lansangan—nasa lansangan ng malaking bayan na iyan, . . . na ayon sa espiritu . . . ay tinatawag na Sodoma at Egipto, na doon din naman ipinako sa krus ang Panginoon natin, (Jerusalem, kita n’yo).

³³⁸ Ngayon kailangan nilang matikman ang kamatayan, (hindi ba?) iya’y tama, makaraan na ang ministeryo nila ay matapos.

³³⁹ Bakit? Ang ministeryo ng ikapitong anghel, ang ministeryo ng ikapitong anghel, ang ministeryo ni Elias sa ikapitong anghel, hindi . . . Bakit hindi, bakit hindi maari, mabuti pa, ang sinisikap kong sabihin, ang ministeryo ng ikapitong anghel kung gayon ay maging kay Moises, kung siya ay imortal, pareho lamang ng magaganap tulad ng ito’y kay Elias? Bakit hindi nila . . . Bakit hindi na lamang nagpadala ang Diyos, sabihing, “Elias, ikaw—ikaw ay nagtrabaho na ng husto, Ako . . . at lahat na, sa lahat ng mga iba’t-ibang dakong ito. Ako—sa palagay Ko’y isusugo Ko na lang si Moises pababa?” Bakit?

340 Tingnan ang ministryo ni Moises. Si Elias ay isang propeta sa lahat ng mga bansa; ngunit si Moises ay isang tagapag-bigay ng kautusan sa mga Hudyo lamang. Amen. Si Moises ay naroon upang sabihin. . . Ang dahilan na siya'y sumama kay Elias. . . Sinasabi nilang mga Hudyo na, "Hintay, sinusunod pa rin namin ang kautusan dito." Ngunit heto nakatayo si Moises mismo; at heto si Elias na nakatayong kasama niya. Oh! Kita n'yo? Siya ay dumarating sa mga Hudyo lamang. Kita n'yo? Nagpunta lamang si Moises sa mga Hudyo; ang propeta Elias ay sa lahat ng mga bansa. Ngunit si Moises ay naging isang propeta sa mga Hudyo, at isang tagapagbigay ng kautusan. Kita n'yo? Iyan ang kaniyang mensahe, ang kautusan.

341 Ngunit ano ang mensahe ni Elias? Para mga may maikling-buhok na mga kababaihan; mga denominasyon. Opo, ginoo. At talagang pinunit niya sila ng pira-piraso. Napintahang mga mukha; sinabi sa kanilang, "Kayo'y ipapakain sa mga aso." Siya'y sadyang talagang nanghimasok sa kanila roon.

342 At pagkatapos nang ang kaniyang Espiritu ay suma-kay Juan, siya ay lumabas mula sa ilang at gumawa ng gayun ding bagay. Tama. Sabi, "Huwag ninyong isipin na tayo'y nabibilang sa *ganito* at sa *ganyan*. Magagawa ng Diyos na mula sa mga batong ito ang makapagbangon ng mga anak kay Abraham."

343 Lumakad sa daanan, ang sabi n'ya, "At ang ibig mong sabihin sa akin ay iyong pinakasalan ang iyong sariling bayaw. . .?" Sabi, "Hindi marapat para sa iyo na gawin iyan!" Oh, kapatid! Whew! Hum! Sinabi niya sa kaniya. Tiyak.

344 Pansinin, ang mga kaluluwang ito ay dapat na maghintay ng kaunti pang panahon, para sa sangdaan at apatnapu't. . . upang martirin. Oh, hindi ba iyan, hindi. . . Sadyang pinagtutugmatugma niyan ang Biblia.

345 Ngayon tapos na ang aking oras, kung palalabasin ko ng maaga. Ngunit mayroon pa akong kaunting mga bagay na sasabihin, kung matatagalan n'yo pa ito. [Kongregasyon nagsabi ng, "Ipagpatuloy."—Pat.] Alam kong mainit. At ako'y pinagpapawisan.

346 Ngunit, makinig, mayroong lang akong sasabihin sa inyo. Napakabuti niyan, inya'y nag-aalab mismo sa puso ko. Umaasa akong hindi pa ninyo nakalimutan ito, kita n'yo. Hayaang sabihin ko ito, sa presensiya Niya. Sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya, hinayaan rin Niya akong makita ang aking bayan, hindi katagalan ang nakakalipas, sa maputing mga balabal. Natatandaan n'yo ba ito? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] Natatandaan n'yo? Natatandaan ninyo ang istorya, hindi katagalan ang nakalilipas? ["Amen."] Ang Gentil na Nobya, sila'y naroon ngayon. Silang lahat ay nasa maputing mga balabal.

347 Ako'y nagising. Ako ay nanggaling sa isang pagtitipon. Ito'y mga isang taon na ang nakalilipas, o higit pa. Ako ay nagising isang umaga, at ako ay bumangon. At ang sabi ko, "Mahal?" sa aking kabiyak. Hindi siya gumalaw. Ang mga bata ay... Kailangang gumising na at dalhin sila sa paaralan, mismo rito sa dating lugar. Buweno, ako—ako ay bumangon sa kama, alam n'yo, at sumandal. Alam n'yo na kung paano; umupo at sadyang isandal ang inyong ulo sa uluhan ng kama. Mayroon kaming isa sa mga makalumang kama. At kaya ako ay sadyang sumandal tulad *niyan*.

348 At naisip ko, "Aba, ikaw ay limampu't tatlo na. Kung ika'y may gagawing anumang bagay para sa Diyos, mas makabubuting gawin mo na ito, pagka't ika'y magiging masyadong—masyadong matanda na, makaraan ang ilang panahon."

349 At naisip ko, "Alam n'yo, iya'y tama, ngayon." Naisip ko, "Aba, alam mo, hindi ako masyadong malayo. Kailangan ko ng lumisan sa madaling panahon." Sabi ko, "Iya'y—iya'y mas matanda ng isang taon kaysa ibinuhay ng aking ama." Kita n'yo? Naisip ko, "Kailangan ko nang umalis sa madaling panahon. Nakita ko ito. At, heto, wala pa akong nagagawa para sa Diyos." Naisip ko, "Lagi kong ninanasa na mayroong magawa para sa Kaniya." Naisip ko, "Kailangan kong magmadali at gawin iyon, kung gagawin ko iyon. At hindi ko alam kung paano ko gagawin iyon, iyan lang lahat."

350 Naisip ko, "Naku, umaasa ako na ako'y mabuhay pa upang makita Siyang dumarating. Ayokong maging isang multo, o isang espiritu."

351 Kita n'yo, palagi akong takot sa isang espiritu. At ngayon, alam n'yo, iyan ay tila isang... Palagi kong iniisip, tulad kung makikita ko si Kapatid na Neville at siya ay magiging isang munting maputing ulap na kumikilos sa palagid, alam n'yo. At sasabihin kong, "Helo, Kapatid na Neville." At sasabihin niyang, "Helo, Kapatid na Branham," sa pamamagitan ng ibang pandama; hindi siya makapagsalita. Ngunit sadyang malalaman ko na iyan ay si Kapatid na Neville. Oo. Gugustuhin kong kamayan siya tulad na palagi kong ginagawa. Pagka't, iyan lahat ang aking nalalaman, ay mga taong nilalang. Kita n'yo, gugustuhin kong kamayan siya, ngunit wala siyang kamay. Ito'y naroon sa libingan, nabulok na. Kita n'yo?

352 Naisip ko, "Naku, sana ay hindi ko na kailangang dumaan sa ganiyan." Ngayon, ako ay... Ngayon sasabihin ko sa inyo ang katotohanan. Ako—ako ay takot mamatay; hindi takot na ako ay mawawala, ngunit ayokong maging isang espiritu. Gusto kong manatiling isang tao. Gusto kong maghintay para sa Pag-agaw, kita n'yo. Sadyang gusto kong manatili ng ganiyan. Ayokong

maging isang espiritu, magtungo sa palibot. Nakasandal ako roon, iniisip iyan.

353 At, bigla na lang, mayroong isang bagay na naganap. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kaniyang daliri ng minsan—Pat.]

354 Ngayon, alam n'yo, at lahat kayo ay nakababatid, sa mga pangitain. At kung ito ay isang pangitain, hindi pa ako kailanman nagkaroon ng isang tulad nito, kita n'yo. At nagkaroon ako niyaon simula pa ng ako'y munting batang lalaki.

355 At, bigla na lang, mayroong nangyari. At naramdaman ko ang aking sarili na umaalis. Naisip ko, "Uh-oh." At aking—aking inisip na, "Ako—ako ay namatay na, kita n'yo, at ako'y—ako'y umalis na." Kita n'yo?

356 At ako ay napunta sa isang dako, at naisip ko, "palagay ko ako'y lilington." At ito'y sadyang kasing totoo, mga kaibigan, ng tulad na ako'y nakatayo rito. Kita n'yo? At ako ay umikot, upang tumingin pabalik. At naroon ako, nakahiga sa kama. At ako ay nakatuwid, nakahiga sa tabi ng aking kabiyaq.

357 Naisip ko, "Buweno, marahil ito ay isang atake sa puso." Kita n'yo? Naisip ko, "Buweno, kita n'yo, kamamatay ko lang bigla," na isang mabuting paraan ng pag-alis. Kaya, naisip ko, "Iya'y isang atake sa puso. Hindi ko na kailangang maghirap." Ako ay tumingin, at naisip ko, "Buweno, ngayon, iya'y kakatwa. Doon ako'y nakahiga, mismo roon; at heto ako ay nakatayo, rito."

358 Kaya, ako'y umikot. Iyon ay tila isang napakalaking—tulad ng isang napakalaking kaparangan, tulad, o isang bagay, sadyang isang napakalawak na kaparangan ng damong-bughaw. At—at ang sabi ko, "Buweno, inisip ko kung ano ito?"

359 At, bigla na lang, nang ako ay tumingin, heto dumarating ang libu-libong maka libu-libong ulit ng mga kabataang kababaihan, lahat ay nasa maputing balabal, ang mga buhok ay nakalugay hanggang sa mga baywang nila, nakapaa, at sila ay tumatakbo patungo sa akin. Naisip ko, "Ngayon ano ito?"

360 Ako ay lumingon, tumingin pabalik *doon*, at naroon ako; at tumingin pataas sa *gawing* ito, hayan silang dumarating. Kinagat ko ang aking daliri. "Ako—ako—ako—hindi ako tulog, talaga." Ngunit, nakakaramdam ako. At ang sabi ko, "Buweno, kung gayon, may isang bagay dito, nakakatawa."

361 At lahat ng mga kababaihan ito ay dumarating, nagsisitakbo. At hindi pa ako nakakita kailanman ng ganoon kagagandang mga kababaihan! At lahat sila ay dumarating, tumatakbo patungo sa akin. At nang sila ay tumakbo patungo sa akin . . .

362 Alam ninyo kung paanong nangyari sa akin, parang... Tinawag nila akong galit sa mga babae, ngunit hindi ako, kita n'yo. Ngunit, ako—iniisip ko lamang, ang isang mabuting babae ay isa sa mga... ay isang hiyas. Ngunit, palagay ko, ang isa na walang buti, ay, tulad ng sinabi ni Solomon, “tubig sa iyong dugo.” Kaya siguradong wala akong pakinabang para sa—para sa babaeng may masamang-kabantugan o mga nagmamamarunong.

363 At kaya lahat ng mga kababaihang ito ay dumating. Nagsimula nilang iyakap ang mga kamay nila sa akin. Ngayon, iya'y di-pangkaraniwan. Alam ninyong hindi ako papayag para ryan. Kaya, at sila ay... Ngayon, kailangan kong sabihin ito sa isang paraan, na, ako'y—ako'y nasa halong mga tao. Ngunit, sila ay, sila ay mga kababaihan. Sila'y mga babae. At kanilang—niyakap nila ako, bawat isa, at ang sabi, “Aming—aming pinakamamahal na kapatid!” At yayakapin ako ng isa, at pagkatapos ay yayakapin ako ng iba pa.

364 Ako'y nakatayo roon, tumitingin. Naisip ko, “Buweno, ngayon, ano ito?” Kita n'yo? At sila ay nangakatayo roon. Naisip ko, “Ano'ng nangyari?” Tumingin ako pabalik sa baba. Naroon ako, nakahiga mismo sa baba *roon*; at heto ako, nakatayo *rito*. Naisip ko, “Ngayon, iya'y kakatwa. Ako'y— hindi ko maunawaan ito.”

365 At silang mga kababaihan ay humihyaw, “Oh, aming pinaka mamahal na kapatid,” at niyayakap ako. Ngayon, sila sa bawat bahagi, sa pakiramdam, ay kababaihan.

366 Ngayon ipagpaumanhinan ninyo ako, mga kapatid na kababaihan, sa pagsasabi nito pagka't... Ngunit makinig sa inyong doktor; at kung wala tayong mga malinis na mga pag-iisip, kung gayon tayo'y hindi mga Cristiano. Bale wala sa akin...

367 Ako'y palaging namuhay na malinis. Alam ng Diyos iyan. Nang ako ay isang munting bata, sinabi ng Anghel ng Panginoon sa akin na huwag kong dudumihan ang aking katawan, manigarilyo, o uminom. At iya'y talagang totoo. Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, natupad ko iyan. Noong ako ay isang makasalanan, hindi ako nambabae. At kaya...

368 Ngunit sinumang lalaki na hinahayaang yumakap ang isang babae sa kaniyang mga bisig, siya bilang gawa ng mga selula ng lalaki, at siya ay isang babae, mayroong isang pakiramdam. Bale wala sa akin kung sino ka man, ngayon, huwag mong sabihin sa akin na ikaw ay hindi, kung ika'y isang matinong tao.

369 Ngunit, hindi Roon; sapagka't wala na kayong, anupaman, magkaibang mga selula. Hindi na kayo kailanman magkakasala Roon. Mayroong isang pagbabago. Wala nang anupaman kundi sadyang isang pag-ibig sa kapatid sa mga kababaihang iyon.

370 Bagama't, sa kagandahan nila kung pagmasdan; palagay ko, isang—isang babae, isang mabuting babae na pinanatili ng maayos ang kaniyang sarili, at lumalakad ng tulad sa isang mahinhing dalaga, siya ay isang—isang ehemplo ng isang hiyas sa lupa. Ako—gusto ko ang anumang bagay na kaaya-aya. Palagay ko, ang isang—isang babae na pinananatili ang kaniyang katayuan, at sinisikap na maging isang mahinhing dilag, ay isang—isang estatwa ng karangalan. Naniniwala ako riyon. At palagay ko, ang isa na hindi gayon, ito'y sadyang tulad ng—ng Cristo at ang anti-cristo, katulad na bagay.

371 Aking—gusto ko ang anumang bagay na natural. Tulad ng isang magandang kabayo, o anumang bagay, ito'y sadyang tumatayo sa kaniyang anyo ng isang tunay na magandang kabayo. O, anumang bagay tulad niyan, isang magandang bundok, magagandang kababaihan, magagandang kalalakihan, anumang bagay na nanatili sa pagkalikha ng Diyos, palagi kong hinahangaan iyan.

372 At ang mga ito ay perpekto. Ngunit gaano man nila ako yakapin sa mga braso nila, at sila ay mga kakabaihan, naunawaan ninyo, ngunit hindi maaaring magkaroon ng kasalanan. Ang mga male gland at ang mga female gland, kapwa, ay wala na. [Iपालाकपक ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga kamay ng minsan—Pat.] Pasalamatang ang Panginoon! Sila ay aking mga kapatid na mga kababaihan, ganap.

373 Ako'y tumingin. At ako ay nagsimulang. . . ako—ako'y tumingin sa aking mga kamay; nakita ko silang lahat ay napakabata. At ako'y tumingin; ako'y bumata, rin. At ako. . .

374 At naubos ang aking buhok, bilang isang kabataang lalaki; nilagyan ng asidong karboliko ito, ginawa ng isang barbero, at nalagas lahat iyan noong ako ay sadyang isang batang lalaki pa. At iyan ay palaging parang isang—isang bagay sa akin, na ako—ako—ako ay madaling nakakakuha ng sipon, dahil ang aking anit ay malambot pa, alam n'yo. At ang mga ugat ng buhok ay naroon pa, ngunit iyon ay nasunog ng asidong karboliko, at hindi makatubo ang buhok, kita n'yo.

375 At ako'y nagtungo, ang aking asawa, nang ako. . . mahabang mga taon na ang nakalipas, at kinuhanan ako ng isang peluka upang maisuot, isang munting piraso ng buhok, na isusuot, takpan ang aking ulo. Ngunit palagi akong nahihiyang isuot iyon, dahil ito'y mistulang isang bagay na peke. At ayoko ng anumang bagay na peke.

376 At kaya naisip ko, “Maglalagay na lamang ako ng isang sombrero ng istaking.” Pagkatapos, naglagay nga ako, mga ilang panahon. Alam ninyo kung anong ginawa nila? Gusto nila akong tawaging “obispo” pagkatapos, sinabing gusto kong maging. . . Kita n'yo? Sinabi ko na lang, “Pabayaang nga siya.”

377 Kaya sadyang nagdanas ako ng malalang sipon, at pinabayaan ito. . . Ngunit, ngayon, itaas n'yo lamang ang mga bintana, anuman, para makapasok kahit kaunting hangin tulad niyan, naku, nakuha ko ito.

378 At ako'y nagpunta sa isang doktor at tinanong siya, kung ano sa palagay niya. Ang sabi n'ya, "Buweno, kita mo, ang iyong—ang mga maliit mong butas sa balat ay nakabukas. Ika'y nagpapawis, mula sa pangangaral. Iyang hangin ay dumarating. Iyan—iyan ay naglalagay ng isang mikrobyo ng sipon dito sa uhog, at iyan ay tutungo pababa sa iyong lalamunan. Sa susunod na umaga ikaw ay paos na. Iyan na nga."

379 At—at kaya, ay, naku, kayong mga tao na may buhok, hindi ninyo alam kung gaano kayo dapat magpasalamat, at sa pagkakaroon niyan. Iya'y tama. Kita n'yo?

380 Buweno, ngayon, natuklasan ko, pagkatapos, na ako—ako'y pupunta sa. . . Isa sa mga araw na ito, kung lagas ang aking mga ngipin, magkakaroon ako ng ilan sa kanila, at, kaya, o kahit pa nga wala ang mga ito.

381 Kaya kung ang isang tao—kung ang isang tao. . . Buweno, hindi ko iisiping ito'y magiging labis pa sa isang lalaki, kung gugustuhin niya, na magsuot ng isang peluka, kaysa isang babae na magsuot ng isa sa mga pusod ng buhok na ito, anuman ang ilagay nila sa buhok nila tulad niyan, upang ayusin iyan. Kita n'yo? Ngunit—ngunit, siyempre, kung gagawin ninyo iyan, depende kung para sa ano n'yo ito ginagawa. Kita n'yo? Depende iyan sa kadahilanan kung bakit ninyo iyan ginagawa. At kaya. . .

382 Ngunit, gayun pa man, sa pagkakatayo rito, naramdaman ko, at nagkaroon muli ako ng buhok. Naku! Ako'y bumata! At ang mga ito, lahat ng mga ito, bumata! At naisip ko, "Buweno, hindi ba ito kakatwa! Heto sila." At lahat sila ay tumatakbo. . .

383 At ako ay tumingin, dumarating, at aking—nakita ko si Hope na dumarating. Siya ay mukhang. . . Alam n'yo, siya ay namatay sa dalawampu't dalawa. Siya ay sadyang kasing ganda pa rin tulad ng dati. Marami sa inyo ang natatandaan siya; yaong mga malalaking maitim na mga mata. Siya ay isang Aleman. Ang kaniyang maitim na buhok ay nakalugay sa kaniyang likuran. Naisip ko, "Ngayon, kapag siya ay napunta rito, sasabihin niyang—sasabihin niyang, 'Bill.' Alam kong gagawin niya. Alam kong sasabihin niyang, 'Bill,' kapag siya ay nakarating dito."

384 Ako ay nanonood. At bawat isa sa mga kababaihang ito ay dumarating at niyayakap ako, sinasabing, "Oh, pinakamamahal na kapatid, kami'y lubos na nagagalak na makita ka!" Naisip ko. . . Bawat isa ay pare-pareho ang kasuotan, ngunit iba't-iba ang mga buhok nila, alam n'yo, mapulang buhok, at maitim na buhok, at olandesang buhok. At—at sila ay dumarating, ngunit silang lahat ay kabataan.

385 At nang siya'y makalapit sa akin, naisip ko, "Titingnan ko lamang kung anong kaniyang sasabihin."

386 At siya'y tumingin sa akin, at ang sabi, "Oh, ang aming pinakamamahal na kapatid!" Niyakap niya ako, at siya ay sadyang umalis. Lumapit ang iba pang babae, niyakap ako, sumunod.

387 At ako'y nakarinig ng isang ingay. At tumingin banda sa gawing *ito*, at heto dumarating ang isang pangkat ng mga kalalakihan, mga kabataang mga kalalakihan, lahat ay nasa edad ng mga dalawampu. Sila ay mayroong mga maiitim na buhok, at olandesang buhok. At silang lahat ay nakasuot ng mga maputing balabal, at nakapaa. At sila'y tumakbo patungo sa akin at sinimulang yakapin ako, naghihiyawan, "Pinakamamahal na kapatid!"

388 Naisip ko. At ako ay lumingon pabalik, at naroon ako, nakahiga pa rin doon. At naisip ko, "Buweno, ngayon, ito ay kakatwa."

389 At doon din ay isang Tinig ang nangusap sa akin. Hindi ko nakita ang Tinig. Sinabi Nito, "Ikaw ay ipinakipagtipon, ikaw—ikaw ay ipinakipagtipon sa iyong mga lahi." At pagkatapos ay binuhat ako ng ilang kalalakihan, inilagay ako pataas, sa isang malaking mataas na bagay tulad *nito*.

Sabi ko, "Bakit ninyo ginawa iyan?"

Sabi, "Sa lupa ikaw ay isang tagapanguna."

At ang sabi ko, "Buweno, ako—hindi ko maunawaan ito."

390 At ang Tinig na iyon na nangungusap sa akin. Hindi ko makita ang Tinig. Ngayon, Iyon ay nasa itaas ko lamang, nangungusap sa akin.

391 Ang sabi ko, "Buweno, kung ako—ako'y namatay na, gusto kong makita si Jesus." Ang sabi ko, "Ako . . . Siya ay talagang . . . Siya ang aking buong buhay. Gusto kong makita Siya."

At kaya ang sabi Niya, "Hindi mo pa Siya makikita ngayon. Siya'y nasa mas mataas pa."

392 Kita n'yo, iyon ay nasa ibaba ng dambana, gayun pa man, kita n'yo, ang ika-anim na dako, kung saan ang mga tao ay napupunta, kita n'yo; hindi ang ika-pito, kung saan naroon ang Diyos, ikapitong dimensiyon. Ang ikaanim!

393 At sila ay—at silang lahat ay naroon, at sila ay nagsisidaan. At sabi ko . . . Parang tila talagang mayroong milyun-milyon sa kanila. Hindi ko sila nakita . . . At, nang ako ay nakaupo roon, ang mga kababaihan at kalalakihang ito ay nagsisitakbo pa rin at niyakap ako, tinatawag ako na "kapatid." At ako ay nakaupo roon.

394 At pagkatapos ay sinabi ng Tinig na iyon, “Ikaw ay ipinakipagtapon sa iyong lahi, tulad ng si Jacob ay ipinakipagtapon sa kaniyang lahi.”

Ang sabi ko, “Lahat ito, aking lahi? Lahat ito ay mga Branham?”

Ang sabi Niya, “Hindi. Sila ay ang iyong mga kombertido kay Cristo.”

395 Ako ay tumingin sa palibot. At mayroong isang talagang magandang babaeng tumakbo. Siya ay mukhang halos katulad din. Iniyakap niya sa akin ang kaniyang bisig, at ang sabi niya, “Oh, pinakamamahal kong kapatid!” Siya’y tumingin sa akin.

396 Naisip ko, “Naku! Siya ay mukhang isang Anghel.” At siya’y dumaan.

At sabi ng Tinig na iyon, “Hindi mo ba siya nakilala?”

Sabi ko, “Hindi, hindi ko siya nakilala.”

397 Sabi, “Inakay mo siya kay Cristo nang siya ay mahigit siyamnapu.” Sabi, “Alam mo kung bakit iniisip ka niya ng husto?”

Sabi ko, “Ang magandang babaeng iyan ay mahigit siyamnapu?”

398 “Oo.” Sabi, “Hindi na siya magbabago pa ngayon kailanman.” Sabi, “Iyan ang dahilan kung bakit kaniyang sinasabing, ‘Pinakamamahal na kapatid.’ ”

399 Naisip ko, “Oh, naku! At ako ay natatakot dito? Aba, ang mga taong ito ay totoo.” Sila, sila ay hindi pupunta kung saan. Hindi sila napapagod, habang Naroroon.

At ang sabi ko, “Buweno, bakit hindi ko makikita si Jesus?”

400 Sabi, “Buweno, ngayon, Siya ay—Siya ay darating balang araw. At Siya’y darating sa iyo, muna, at pagkatapos ika’y hahatulan.” Sabi, “Ang mga taong ito ay iyong mga kombertido na iyong naakay.”

401 At ang sabi ko, “Ang ibig mong sabihin, sa pagiging isang tagapanguna, na ako . . . na hahatulan Niya ako?”

Sabi, “Oo.”

402 At ang sabi ko, “Kailangan bang hatulan ang bawat tagapanguna tulad niyan?”

Sabi, “Oo.”

Sabi ko, “Papaano si Pablo?”

Ang sabi n’ya, “Siya ay kailangang hatulan kasama ang sa kaniya.”

403 “Buweno,” sabi ko, “kung ang kaniyang grupo ay papasok, gayun din ang akin, pagka’t ipinangaral kong eksakto ang gayon

ding Salita.” Iyan nga. Sabi ko, “Kung saan siya’y nagbautismo sa Pangalan ni Jesus, ginawa ko, din. Ako’y nangaral. . . .”

404 At milyun-milyon ang nagsisigaw, sabay-sabay, sabi, “Kami ay nananangan Diyán!”

405 At naisip ko, “Naku! Kung nalaman ko lamang ito bago ako dumating dito, gugustuhin kong makapunta rito ang mga tao. Hindi nila gugustuhin hindi ito masaksihan. Aba, tingnan dito!” At pagkatapos. . . .

406 At ang sabi Niya, “Ngayon, balang araw Siya’y darating, at pagkatapos. . . . Ngayon, dito, hindi kami kumakain, umiinom, o natutulog. Kaming lahat ay iisa.”

407 Buweno, ito’y hindi perpekto; ito’y higit pa sa perpekto. Ito’y hindi dakila; ito’y higit pa sa dakila. Walang pangalan na magagawang. . . . Hindi mo maiisip. . . . Walang mga salita sa bokabularyo upang sabihin iyon. Ika’y dumating lamang, iyan lang lahat.

408 At naisip ko, “Buweno, ito, ito’y magiging perpekto. At pagkatapos ay ano ang susunod nating gagawin?”

409 Sabi, “Pagkatapos, kapag si Jesus ay dumating, at tayo’y. . . . at hinatulan ka Niya, o para sa iyong ministryo, pagkatapos tayo’y babalik sa lupa at kukuha ng mga katawan.” Buweno, ako—hindi ko naisip ang tungkol dito noon. Iya’y tamang-tamang ang Kasulatan. Sabi, “Pagkatapos tayo’y babalik sa lupa at kukuha ng mga katawan, pagkatapos tayo’y kakain. Kami ay hindi kumakain dito, hindi rin kami natutulog.” Sabi, “Tayo’y kumakain sa ibaba roon, ngunit tayo’y babalik sa lupa.”

410 Naisip ko, “Naku, hindi ba ito kamangha-mangha! Oh, naku! At ako ay takot doon. Bakit ba ako takot na mamatay, upang dumating sa ganito? Buweno, ito ay kasakdalan, dagdagan pa ng kasakdalan, dagdagan pa ng kasakdalan. Oh, ito ay kamangha-mangha!”

411 Kita n’yo, tayo mismo ay nasa ilalim ng dambana. Kita n’yo? Iyan nga ito, kita n’yo, mismo sa ilalim ng dambana, naghihintay para sa Pagdating, kita n’yo, upang kunin Niya ang mga nangatutulog sa. . . . ang—ang mga katawan na nangatutulog sa alabok, upang buhayin tayo muli; dumating, ibangon tayo.

412 Tulad nang si Jesus ay pumunta sa paraiso, at ibinangon si Abraham, Isaac, at lahat sa kanila, alam n’yo, na naghihintay ng unang pagkabuhay na mag-uli. Sila ay pumasok sa siyudad at nagpakita sa marami.

413 Ito’y ganap na ganap ayon sa Kasulatan. Ang pangitain ay iyan, o anuman iyon, iyan ay walang kamali-maling ayon sa Kasulatan.

414 At ang sabi ko, “Buweno, hindi ba ito kamangha-mangha!” At pagkatapos naisip ko, “Hindi ba iyan kamangha-. . . .?”

415 At may narinig akong humalinghing, tulad ng isang kabayo. At ako'y tumingin. At ang aking munting kabayo na aking sinasakyan noon, munting Prince, iniisip ko siya palagi. Heto siya, nakatayo roon sa tabi ko, at inilagay ang kaniyang ulo sa aking balikat, upang yapusin ako. Tulad ng pagbibigay ko dati sa kaniya ng asukal, alam n'yo, at inilagay niya ang kaniyang . . . Inilagay ko ang aking mga bisig sa kaniya. Sabi ko, "Prince, alam kong ikaw ay mapupunta rito."

May naramdaman akong dumila sa kamay ko. Naroon ang matanda kong aso na coon.

416 Nang—nang si Ginoong Short, dito, ay nilason siya, isinumpa kong papatayin si Ginoong Short dahil dito. Ako ay mga labing anim na taong gulang. Nilason niya siya, binigyan siya ng isang buto ng aso. At nahuli ako ng aking ama na may baril, bababa upang barilin siya, mismo sa istasyon ng pulisya. At sabi ko, "Papatayin ko siya." Sabi ko, "Buweno . . ." Ako ay pumunta sa puntod ng aso. At sinabi ko sa kaniya, sabi ko, "Fritz, ika'y naging isang parang matalik na kasa-kasama ko. Binihisan mo ako at ipinadala ako sa paaralan. Kapag ikaw ay tumanda, aalagaan kita. Ngayon pinatay ka nila." Sabi ko, "Ipinangangako ko sa iyo, Fritz, na hindi siya mabubuhay." Sabi ko, "Ipinangangako ko sa iyo, hindi siya mabubuhay. Mahuhuli ko rin siya sa lansangan minsan, naglalakad, pagkatapos ako'y tatakbo mismo sa kaniya, kita n'yo." At sabi ko, "Papatayin ko siya para sa iyo."

417 Ngunit alam ninyo kung ano? Naakay ko ang lalaki kay Cristo, binautismuhan siya sa Pangalan ni Jesus, at inilibing siya sa kaniyang kamatayan. Opo, ginoo. Ako'y naging kombertido dalawang taon makaraan iyan. Nakita ko ang mga bagay sa ibang paraan pagkatapos, kita n'yo. Minahal ko siya sa halip na kamuhian siya.

418 Kaya pagkatapos, ngunit, gayun pa man, naroon si Fritz na nakatayo roon, dinidilaan ako sa kamay. At ako ay . . . Ako'y tumingin.

419 Hindi ako makaiyak. Walang makaiyak. Lahat iyon ay kagalakan. Hindi ka maaring maging malungkot, pagka't lahat iyon ay kaligayahan. Hindi ka maaaring mamatay, pagka't lahat iyon ay Buhay. Kita n'yo? Kita n'yo? Hindi tatanda, pagka't lahat ay pagkabata. At iya'y kung ano . . . Ito'y sadyang sakdal. Naisip ko, "Oh, hindi ba ito kamangha-mangha!" At ang milyun-milyon . . . Oh, naku! Ako ay nasa tahanan mismo, kita n'yo.

420 At—at sadyang noon din nakarinig ako ng isang Tinig. At Iyon ay nagsalita, sabi, "Lahat ng iyong minahal . . ." ang gantimpala para sa aking paglilingkod. Hindi ko kailangan ng gantimpala. Ang sabi Niya, "Lahat ng iyong minahal, at lahat ng nagmahal sa iyo, ibinigay sa iyo ng Diyos."

Sabi ko, "Purihin ang Panginoon!"

421 Nakakatawa ang naramdaman ko. Naisip ko, “Anong nangyari? Nakakatawa ang nararamdaman ko.” Ako’y lumingon at tumingin. At sa kama, ang katawan ko ay gumagalaw. Sabi ko, “Oh, hindi ko na kailangang bumalik, tiyak. Huwag, huwag mo akong pabayaan bumalik.”

422 Ngunit ang Ebanghelyo ay kailangang maipangaral. Sa isang segundo lamang, ako ay nasa kama muli, kita n’yo, tulad niyan.

423 Hindi hihigit sa mga dalawang buwan ang nakalilipas, na . . . Narinig ninyo iyang binasang ito sa—sa *Business Men’s Voice*. Ito’y tumungo sa lahat ng panig ng mundo, kita n’yo. At si Kapatid na Norman, dito, palagay ko siya ay narito kung saan ngayong gabi. Kaniyang isinalin iyan mula roon, at ipinadala iyan sa mga pampleta. Ito’y tumungo sa lahat ng dako. At sumulat ang mga ministro, marami sa kanila, at ang sabi . . .

424 Isa rito, sasabihin ko lang ang mismong isang ito. Mayroong mga daan-daan sa kanila, siyempre. Ang isang ito ay tumakbo, sabi, “Kapatid na Branham, ang pangitain mo sa *Business Men’s Voice* . . .”

425 At pinasasalamat ko si Tommy Nickels, kahit siya’y hindi na kabilang sa mga *Business Men*, hindi na. Hindi ko alam kung bakit, ngunit siya ay hindi na. Ngunit inilagay niya iyan doon ng tama lamang, kung saan ko sinabi. Mismo roon sa babasahing trinitarian na iyan, ang sabi n’ya, “Kung saan ako . . . Kung saan si Pablo ay nagbautismo sa Pangalan ni Jesus, at inutusan ang mga tao na gumawa ng gayun din, ako ay gumawa ng gayun din.” Kita n’yo, inilagay niya iyan sa paraan na iyan ay gayon lamang. Kita n’yo? At kaya pagkatapos ay ako—ako—naisip ko, “Naku!”

426 Ang ministrong ito ay sumulat, sabi, “Kapatid na Branham, ang iyong pangitain . . .”

427 Na, iyan ay maaaring maging isang pangitain. Sabi . . . Ngayon, hindi ko gustong sabihing, “inilipat.” Kung si Pablo . . . Kung ako ay inagaw pataas patungo sa unang kalangitan ito at nakita iyan, paano naman si Pablo na inagaw na dinala diretso patungo sa ikatlong kalangitan? Ano iyan? Sinabi niyang ni hindi siya makapangusap tungkol doon, kita n’yo, kung siya ay inagaw pataas. Kung iyon ay isang pag-agaw, hindi ko alam. Hindi ko masasabi. Hindi ko masasabi sa inyo.

428 Ngunit sinabi ng ministrong ito, “Kapatid na Branham, ang iyong pangitain talagang napakaIskriptural sa pandinig at mainam hanggang sa iyong sinabi na ang isang kabayo ay naroon.” Sabi, “Isang kabayo sa Langit?” Sabi . . . Ngayon nakita n’yo ang eklesiyastikong tao na iyan, karunungan, kaisipan? Kita n’yo? Ang sabi n’ya, “Ang Langit ay ginawa para mga taong nilalang, hindi sa mga kabayo.”

429 Buweno, ako ay umupo. Si Billy, ang aking anak na lalaki rito, ay inilagay ang sulat dito mismo sa lumang opisina ng simbahan, mga tatlo o apat na buwan na ang nakakaraan.

430 Sabi ko, “Aking pinakamamahal na kapatid, ako ay nagulat sa iyong karunungan, ngunit, at sa iyong kaalaman ng Kasulatan. Hindi ko sinabi na ako ay nasa Langit. Sinabi kong iyon ay nasa isang dakong tulad ng isang paraiso, sapagka’t si Cristo ay nananatili pa sa itaas, kita n’yo. Ngunit,” sabi ko, “kung ito ay makakapagbigay-kuntento sa iyo, buksan mo sa Apocalipsis 19. At nang si Jesus ay lumabas mula sa mga kalangitan ng Langit, Siya ay nakasakay sa isang maputing kabayo, at ang lahat ng mga santo na kasama Niya ay nakasakay sa mga kabayo.” Tama. Tumpak. Oo, gayon nga.

431 At doon rin sa Dakong iyon, mayroong isa na mukhang isang agila, at isa na mukhang isang guya, at isang. . .Buweno, naku, nasaan yaong mga kabayo na dumating at kumuha kay Elias? Ipinapakita lamang, kita n’yo, gusto lamang ng pantaong kaisipan na may isang bagay na mapulot. Iya’y tama.

432 Ngayon pansinin. Ngunit iniisip ko lamang, na itong pinakamamahal, maka-diyos na kapatid, si Juan. . .Inisip ko lamang na ito ay magiging isang mabuting dako upang isingit ito, bago sa pagtatapos, kita n’yo. Kung si Juan ay tumingin banda Roon, at sila ay kaniyang mga kapatiran, kita n’yo, ang kaniyang mga kapatiran na kailangang maghirap pa ng kaunti; kung gayon, kita n’yo, ipinahintulot ng Panginoong Diyos na makita ko ang aking mga kapatiran at ang mga banal na naghihintay para sa Pagdating ng Panginoon. Pansinin, sila ay wala sa ilalim ng dambana ng handog; ang sa akin ay wala. Ngunit, ang mga ito ay naroon, sila ay mga martir. Kita n’yo? Ang sa akin ay wala sa ilalim ng dambana ng mga martir.

433 Ngayon nais kong makinig kayo ng maigi. At ako’y magtatapos na, tapatan, mga sampung minuto na lamang, sa ika-sampu, kung kailangan kong putulin na ito at tapusin ito bukas.

434 Tingnan. Sila, sila ay hindi ko. . . ang mga ipinakita sa akin ng Panginoon, ang Nobya, Siya ay wala sa ilalim ng dako ng mga martir, hindi, ang dambana ng handog ng mga martir; ngunit nakatanggap ng mga maputing balabal, sa pamamagitan ng pagtanggap ng biyaya ng pagpapatawad ng buhay na Salita. Binigyan sila ni Cristo ng isang maputing balabal. Palagay ko ay hindi, sa pagbubukas. . .

435 O, iniisip ko, nga pala, sa pamamagitan ng pagbubukas ng Ikalimang Tatak na ito, tulad ng aking pinaniniwalaan, na Ito’y bukas sa atin. Ginawa ko ito na may mabuting budhi, na may malinaw na kapahayagan sa harap ng Diyos. Hindi sinisikap na gawin lamang iyan, isipin, sapagka’t ako ay palaging laban

sa organisasyon, hindi kailanman mabibilang sa kanila. Ngunit Ito'y bukas na sa akin ngayon.

⁴³⁶ At mayroon pa akong iniisip na iba pang bagay. Sa pagbubukas ng Ikalimang Tatak na ito, sa araw na ito, itinuwid ang isang doktrina mismo rito, na maari kong sabihin, ang pagtulog-ng-kaluluwa. Ngayon, napagtanto ko na mayroong mga tao rito na pinaniniwalaan iyan, kita n'yo, sa pagtulog ng kaluluwa. Sa palagay ko pinabubulaanan Nito iyan. Sila'y hindi nangatutulog. Sila ay buhay. Ang mga katawan nila, ang nangatutulog. Ngunit, ang kaluluwa, wala sa libingan, sila'y nasa Presensiya ng Diyos, kita n'yo, sa ilalim ng dambana.

⁴³⁷ Dito ako di-umaayon sa isang mahal na kapatid, isang tagpagturo. At, napansin ko, alam kong nakikita ko ang ilan sa kaniyang mga tao na nakaupo rito. Na, napagtanto ko na ito ay isang magaling na tagapagturo. Siya'y isang doktor, at isang— isang Doktor ng Dibinidad, at isang Ph., LL.D.. At siya'y isang— siya'y isang tunay na mabuting tao, din. Palagay ko siya ay wala na, sa oras na ito. Ngunit siya ay isang mabuting tao, at isang magaling na manunulat. At iya'y si Kapatid na Uriah Smith, ang may akda ng *Si Daniel at Mga Kapahayagan*. Ngayon, sa inyong mga tao na tagasunod ng kaniyang mga katuranan, kita n'yo, ngayon hindi ko. . . Hindi lamang ako. . . hindi gustong sabihin ito sa pagiging arogante, ngunit ako lamang. . . Kita n'yo?

⁴³⁸ Ngunit, si Kapatid na lalaking Smith, at sinisikap na suportahan, kita n'yo, at sinisikap na suportahan ang pagtulog ng kaluluwa, doon ay kaniyang binanggit na, “Ang kaluluwa ay natutulog. At walang dambana ng handog sa Langit. Na, ang tanging dambanang pinatungkulan ay,” na kaniyang— pinaniniwalaan niya na nasa Kalangitan, “ay ang dambana ng kamangyan.” Ngunit sa inyong mga ginigiliw na mga tao. . . At hindi pagiging-iba sa aking kapatid. Ako'y mara- . . . umaasa akong makita siya sa kabilang dako, kita n'yo. Hindi pagiging iba sa tanyag na tagapagturong iyan.

⁴³⁹ Ngunit upang ipakita lamang sa inyo kung paano Nito pinabubulaanan iyan, kita n'yo. Pinabubulaan Nito iyan. Ang pagbubukas ng Tatak na ito, sa huling araw na ito, sadyang inaalis nito direktso mula sa daan ang pagtulog ng kaluluwa. Kita n'yo? Sila'y buhay. Sila'y hindi patay. Kita n'yo? Pansinin.

⁴⁴⁰ Pansinin ito ngayon. Ngayon, kung walang dambana ng handog sa Kalangitan, saan nakalagay ang handog para sa kasalanan kung gayon, ang Cordero? Kailangang magkaroon ng isang dako kung saan ang pinatay na Corderong iyan, duguan, ay nakalapag doon, kung saan ang Dugo. . . iyan.

⁴⁴¹ Ngayon, ang kamangyang ay ang mga halimuyak, mahalimuyak na bagay na sinusunog nila, na sabi ng Biblia na “ang mga panalangin ng mga banal.” Kung walang handog sa dambana, kung gayon ang mga dalangin ay hindi matatanggap.

Tanging sa pamamagitan lamang ng Dugo, sa dambana ng paghahandog, na nagpapahintulot sa mga panalangin na tumuloy sa Diyos.

442 Si Kapatid na Smith ay mali, kita n'yo. Hindi sa di- pagsang-ayon sa kaniya; palagay ko nalinaw ko ang aking sarili, na may pag-ibig sa kapatid at mga respeto para sa kaniyang dakilang gawa, kita n'yo. Ngunit siya ay mali.

443 Binuksan iyan ng Ikalimang Tatak, kita n'yo, kita n'yo; marami pang ibang mga bagay, kung nakuha n'yo ito. Kita n'yo? Ako'y naghihintay para sa aking mga katanungan, kita n'yo, kung ako. . . O sig.

444 Ngayon, nasaan ang arka; ang pinatay, sinugatan, nagdurugong, duguang Cordero para sa katubusan ng kasalanan, para sa mga mahalimuyak na panalanging ito?

445 Pansinin, sinasabi ng Biblia, "Kung ang tabernakulong ukol sa lupa na ito na ating tinatahanan ay maparam, mayroon tayong isa na naghihintay na." Diyan ko nakita ang mga banal na iyon. Kita n'yo?

446 Pagmasdan kapag ang isang sanggol. . . Pagpaumanhin muli ako, mga kapatid na kababaihan, para sa diretsahang pangungusap na ito sa harapan ng mga kabataang kababaihan. Ngunit, tingnan. Kapag ang isang ina ay nagdalang-tao, at ang munting bungkos ng mga kalamnang iyan ay umiikot at umaalsa, naunawaan ninyo, iyan ay isang natural na katawan. At sadyang kung paanong ang kalikasan ay ginagawa ang natural na katawan. . .

447 Napansin n'yo ba ang inyong asawang babae bago ipanganak ang mga munting sanggol? Siya ay palaging, mismo sa pagpapatuloy, ang panghuli, ay nagiging isang tunay na mabait, magiliw. Kung hindi pa siya nagkaganoon, sa buong buhay niya, siya ay magiging ganoon pagkatapos. Napansin n'yo ba kung gaano kabanal, o parang isang uri ng pakiramdam, ang inyong napansin sa ina?

448 At nakita n'yo ang ilang makasalanan sa labas doon, na ginagawang katatawanan ang isang ina na isang—isang buntis na babae. Palagay ko iya'y pagtutuya. Iya'y isang buhay na darating sa mundo.

449 Ngunit napansin n'yo ba, sa palibot ng inang iyan ay tila isang magiliw na pakiramdam? Ano ito? Ito'y isang munting espirituwal na katawan, espirituwal na buhay, na naghihintay na pumasok sa munting katawang iyan kaagad-agad kapag ito'y ipinanganak. Ngayon ito'y ipinanganak lamang; ngunit, kapag ito'y isinilang, ito'y isinilang. Ang espirituwal na katawan ay nakikipagkaisa sa natural na katawan.

450 At, pagkatapos, itinuturo ng Biblia na tayo ngayon ay mga ipinanganak ng Diyos. Tayo'y ipinanganak ng Banal na Espiritu,

na, sa loob natin ay si Cristo, isang anak ng Diyos na nabuo sa atin. At kapag ang makalupang katawan na ito ay maparam, ang espirituwal na katawan na ito na nagmula mula sa dumi ng lupa, mayroong panibagong katawan na naghihintay upang tanggapin ito. “Kung ang makalupang tabernakulong ito ay mahulog, mayroong panibagong katawan upang tanggapin ito.” Ang mortal na katawang ito ay magsusuot ng kawalang-kamatayan. Ang makalupang ito ay magsusuot ng makalangit. Ito, nakita n’yo ang ibig kong sabihin? Mayroong isang natural na katawan na makasalanan; ngunit, sa pagkagawa nito, sadyang tulad nito, ay panibagong katawan na pupuntahan natin.

⁴⁵¹ At ako ay labis na nagpapasalamat sa Diyos na masasabikong, bilang inyong pastor at kapatid, nakita ko ang mga taong iyon, kaya tulungan ako, sa katawang iyan, at nahawakan sila ng aking mga kamay. Iya’y tama. Pansinin.

⁴⁵² Pagmasdan. Tingnan si Moises, si Eliseo. Makaraan na si Moises ay mamatay, at si Eliseo ay kinuha patungo sa Kalangitan, siya ay tumayo rito sa Bundok ng Pagbabagong Anyo kasama ang kaniyang mga pandama sa pagsasalita, pandinig, pang-unawa, at nakipag-usap kay Jesus bago ang pagpapako. Ngayon, anong uri ng katawan mayroon siya?

⁴⁵³ Tingnan si Samuel, makaraang maging patay sa loob ng mga dalawang taon. Tinawag pabalik sa—sa kuweba ng gabing iyon, ng mangkukulam ng Endor, at nakipag-usap kay Saul na may wika; narinig si Saul, na sumagot, at nalaman ang mga bagay na magaganap. Nananatili pa rin, ang kaniyang espiritu ay hindi nagbago. Siya ay isang propeta.

⁴⁵⁴ Kapag ang Espiritu ni Elias ay dumating sa tao, itutulak siya niyan na sadyang tulad ni Elias. Siya’y tutungo sa ilang. Pakaiibigin niya ang ilang. Siya’y magiging isang namumuhi sa mga imoral na mga kababaihan. Siya’y magiging laban sa organisasyon. Hindi siya titigil sa pagtuligsa para sa kung kanino. At iya’y sadyang. . . Iya’y, iya’y magiging kaniyang espiritu. Iyan nga, sa tuwing iyan ay darating, kita n’yo.

Si Moises ay magiging gayun ding persona.

Ngayon, at natagpuan natin, sa Apocalipsis 22:8, ang gayun ding bagay.

⁴⁵⁵ Ngayon, o upang isaayos iyan, para roon sa mga. . . Ang mga kaluluwang iyon (ngayon pagmasdan ito) sa ilalim ng dambana, ng pagbubukas ng Tatak na ito, na pinatay sa panahon sa pagitan ng kamatayan ni Cristo at ng pag-akyat ng Iglesia; ang grupo ni Eichmann, at lahat iyan, silang mga totoong Hudyo na ang kanilang mga pangalan ay nasa Aklat. Kung inyong pagmamasdan, aking kapatid, batay sa Kasulatan, nagagawa nilang mangusap, humiyaw, magsalita, makarinig, at mayroon ng lahat ng limang mga pandama. Hindi natutulog sa libingan, walang malay. Sila ay gising na

gising, at nakakapangusap, nakakapagsalita, nakaririnig, anu pa mang ibang bagay. Iya'y tama? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Oh, tulungan kami!

⁴⁵⁶ Dalawang minuto. Amen. Ikinalulungkot ko dahil napanatili ko kayo ng kalahating oras. Hindi, hindi ko magawang, hindi ko dapat sabihin iyan, kita n'yo. Kita n'yo? Iya'y tama, kita n'yo.

⁴⁵⁷ Ngunit, tingnan, heto ay sa pinaka abot ng aking pang-unawa, ang pinakamainam. At batay sa kapahayagan na ibinigay sa akin kaninang umaga sadyang bago ang pag-uumaga, ng Panginoong Jesus Cristo, hayun ang nabuksan na Ikalimang Tatak, upang sumama sa iba pang apat. Sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya, ibinigay Niya ito sa akin, Kaniyang biyaya sa inyo at sa akin. Pinasasalamat natin Siya para Diyan. At, sa Kaniyang tulong, layunin kong mamuhay ng mas malapit . . . na aking maipapamuhay, na nagtuturo sa iba na gumawa ng gayun ding bagay, hanggang sa makita ko Siya, kasama kayo, sa Kaluwalhatian, kapag ang lahat ng bagay ay tapos na. Mahal ko Siya dahil dito, at ito'y ang pinakamainam sa aking pang-unawa Roon.

⁴⁵⁸ At ako ay totoong naniniwala, ng buong puso ko, na ang tunay na mga kapahayagan ng mga paghahayag ng Una, Ikalawa, Ikatlo, Ikaapat at Ikalimang Tatak, ay bukas na sa atin ngayon.

Mahal ko Siya, Mahal ko Siya
Pagka't una Niya akong minahal

[Si Kapatid na Branham ay tahimik na nakikipag-usap sa isang tao—Pat.]

Sa puno ng Kalbaryo

[Pinasimulang ihimig ni Kapatid na Branham ang *Mahal Ko Siya*—Pat.]

⁴⁵⁹ Ngayon, may tahimik, magalang, sa harap ng Diyos! Nang nakita nating mabuksan ang Tatak na ito sa atin, ang Diyos na kailangang kunin ang Kaniyang Sariling mga minamahal na anak at bulagin ang mga mata nila, at ipadala sila, dahil ang Kaniyang Sariling katarungan—katarungan ay humihingi ng kahatulan ng kasalanan. Isipin iyan. Ang Kaniyang katarungan, at ang Kaniyang kabanalan ay humihingi ng katarungan. Ang isang batas na walang kaparusahan ay hindi batas. At ang Kaniyang Sariling mga batas, Kaniyang Sarili, hindi Niya maaring labagin at manatili pa ring Diyos.

⁴⁶⁰ Iyan ang dahilan kung bakit ang Diyos ay kailangang maging tao. Hindi siya makatanggap ng isang kapalit, isang anak na lalaki na hindi . . . isang ordinaryong anak lamang na lalaki sa Kaniya, o isang bagay. Ang Diyos ay naging kapwa, si Jesus ay naging kapwa Anak at Diyos, ang tanging paraan na makatarungan Niyang magagawa iyon. Kailangang

kunin ng Diyos ang kaparusahan, Siya mismo. Hindi magiging makatarungan, na ilagay iyon sa kung sinong iba pa, ibang tao. Kaya, ang Persona ni Jesus ay Diyos, nahayag sa laman, tinawag na Emmanuel.

⁴⁶¹ At upang gawin iyan, at upang kumuha ng isang Nobya, at upang magligtas ng isang nawawalang lupon ng mga paganong Gentil, kailangan Niyang bulagin ang Kaniyang Sariling mga anak. At pagkatapos ay parusahan sila dahil doon, sa laman, dahil sa pagtangi. Ngunit ang Kaniyang biyaya ay naglaan ng mga balabal. Ngunit, ang Buhay, tingnan kung anong naganap.

⁴⁶² At kung kailangan Niyang gawin iyan, para tayo ay magkaroon ng isang pagkakataon, paano natin matatanggihan ang pagkakataong iyan sa pag-ibig? Kung mayroon dito sa gusaling ito, ngayong gabi, ang taong iyan, bata o matanda, na hanggang sa panahong ito ay tinanggihan ang oportunidad na iyan na nagdulot sa Diyos ng gayon na lamang halaga, at nais ninyong tanggapin ang alok na iyan para sa Diyos, ngayong gabi; na hindi n'yo na kailangan pa, sa abot ng nalalaman natin, na maging isang martir, kahit na maari nga kayo. Ngunit isang maputing balabal ang inilaan para sa iyo. At kung ang Diyos ay kumakatok sa iyong puso ngayon, bakit hindi tanggapin iyan! [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng tatlong beses—Pat.]

Ngayon iyukod natin ang ating mga ulo muli.

⁴⁶³ Kung ang taong iyan, o mga tao, ay narito, na ninanais iyan, o gustong tanggapin iyan ayon sa batayan ng inyong pananampalataya sa ibinuhos na Dugo na ibinuhos ng Diyos para sa inyo, nagdusa ng higit pa sa anumang bagay na naranasan ng sinumang iba pang mortal. Hindi maaaring magkaroon ng isang mortal na nagdusa ng tulad niyon. Hanggang, ang Kaniyang Sariling pagdurusa ang naghiwalay ng Kaniyang tubig mula sa Kaniyang Dugo, sa Kaniyang mga ugat. Bago Siya nagtungo sa Kalbaryo, maraming mga patak ng Dugo ang lumalabas mula sa Kaniyang katawan, na mayroong gayon na lamang na pagdurusa at dalamhating puso na kung ano ang kailangan Niyang gawin. Ngunit, maaring tanggihan iyon, din naman. Ngunit, bukas sa kaloobang ginawa iyon para sa inyo at sa akin. Matatanggihan n'yo ba ang gayong di mapapantayang pag-ibig?

⁴⁶⁴ At nakita ninyo iyan ngayon, sa pagbubukas ng mga Tatak na ito; na kung ano ang inyong ginawa, at kung ano ang ginawa ng Diyos para sa inyo. At kayo'y handa upang isuko ang inyong buhay sa Diyos, at kung aagawin kayo Niya mula sa mga kamay ng anti-cristo kung saan kayo ay naroon ngayon? Tatanggapin n'yo ba ang Kaniyang alok, sa pamamagitan lamang ng pagtataas ng inyong kamay sa Kaniya,

sinasabing, “Diyos, sa pamamagitan nito, aking ipinahihiwatig. Tinatangap ko ang alok na iyan ng biyaya.”

465 “At, Kapatid na Branham, ninanais ko ang iyong mga panalangin, na ako ay manatiling tapat.”

466 Itaas ang inyong kamay, at ako’y mananalangin. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Isa puso iyan ngayon. Huwag—huwag ninyong gagawin iyan liban na talagang gusto ninyo iyan. At mismo kung saan kayo nakaupo, tanggapin iyan mismo riyon. Pagkat, tandaan, hindi ninyo maitataas ang inyong mga kamay liban na lamang kung may Isang Bagay na magsabi sa inyo upang gawin iyan. At walang iba pang makagagawa ninyan kundi ang Diyos.

467 Kaya, ngayon, nang inyong nakita ang Kasulatan na walang kamali—maling nabuksan! Nakita ninyo kung anong nagaganap sa kasalukuyan, sa nagdaang ng mga kapanahunan, ang mga huling ilang taon, dalawampu o tatlung taon. Nakita ninyo iyan na ganap na isang pinagtibay. Nakita ninyo ang Kasulatan na sinasabi ng eksakto kung anong naganap, at kung anong nahahandang maganap. Pagkatapos, ayon sa saligan ng pananampalataya sa gawa ni Cristo, kung saan kayo’y nakaupo mismo ngayon, at itinaas ang inyong mga kamay, sabihing, “Mula sa sandaling ito mismo, ito’y naayos na. Kinukuha ko si Cristo ngayon bilang aking Tagapagligtas. At ako’y mabubuhay para sa Kaniya, sa buong buhay ko. At ninanasa ko na puspusin ako ng Diyos ng Banal na Espiritu.” At kung hindi pa kayo nababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang bautismuhan ay maghihintay para sa inyo.

Tayo ay manalangin.

468 Panginoong Diyos, mayroong ilang maraming bilang ng mga kamay sa mga tao, na tumaas. Ako’y tiyak na Ikaw ang mismong siya ring Panginoong Jesus na gumawa ng katubusan ng kasalanan para sa amin, maraming mga taon na ang nakalipas. At sa pagkakita ng mga Tatak na iyan na nahayag, at ang mga dakilang bagay na naganap mismo rito sa huling mga ilang taon, ako ay nananampalataya ng buong puso ko na ang pintuan ng awa ay nagpapasimula ng magsara, at Ika’y nahahanda ng kunin ang Iyong paglalakbay ngayon upang tubusin ang Iyong bayan. Habang mayroon pang silid, at isang pintuang bukas, tulad sa mga araw ni Noe, nawa’y ang mga pinaka mamahal na mga kaluluwang ito na nabubuhay sa katawan ng tabernakulong ito na masisira balang araw, na itinaas iyang mortal na kamay, sa kalooban nila; dahil sa kanilang—matibay nilang paniniwala at sa pagpapahayag nila, na pinaniniwalan nila at nais na tanggapin ang Iyong mungkahi sa kanila, para sa kaligtasan, dito sa bukas na natatakang Aklat na nabuksan sa amin. Ibigay sa kanila, ngayong gabi, Panginoon, ang isang balabal ng katuwiran ni Jesus Cristo, at damitan ang kanilang

mga kaluluwa roon, na sila nawa ay makatayo sa Iyong harapan sa Araw na iyan na nalalapit na, sakdal, sa pamamagitan ng Dugo ni Cristo.

⁴⁶⁹ Panginoong Diyos, kung hindi pa sila nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo! At hinggil sa kapahayagan na Iyong ipinagkaloob sa akin tungkol doon; at nakikita na iniutos ni Pablo sa mga tao na kahit nabautismuhan na ni Juan Bautista, na magpabautismong muli sa Pangalan ni Jesus Cristo, upang matanggap ang Banal na Espiritu, sa Mga Gawa 19. Aking hinihiling na Iyong kumbinsihin sila, Panginoon, sa Katotohan, at nawa'y sundin Ka nila.

⁴⁷⁰ At pagkatapos sa pagsunod sa kanilang pagtanggap, at pagsunod sa pagtatapat nila, at sa tubig; nawa'y Iyong, sa pagpapanumbalik, puspusin sila ng Espiritu Santo, para sa kapangyarihan ng paglilingkod, sa nalalabi pa ng kanilang buhay. Ipinagkakatiwala ko sila ngayon sa Iyo, sa Pangalan ng isinakripisyon ng Cordero ng Diyos, si Jesus Cristo. Amen. Amen.

Mahal ko Siya, Mahal ko Siya
Pagka't una Niya akong minahal
At binili ang aking kaligtasan
Sa puno ng Kalbaryo.

⁴⁷¹ Ngayon, sa inyo na nagsitaas ng inyong mga kamay. Sundin ang ipinag-uutos ng Espiritu, na susunod sa—sa konstitusyon ng Salita, para sa isang nagsising makasalanan. Sundin iyan, sa bawat kilos. At gantimpalaan kayo ng Diyos ng Kalangitan para sa inyong pagtayo dahil sa Kaniya. Pagpalain kayo ng Panginoon.

⁴⁷² Bukas ng gabi, dalhin ang inyong mga lapis at mga papel, ngayon, tulad nang dati n'yong ginagawa. Inaasahan natin na maparito sa gayunding oras, sa ika-pito at kalahati, empunto, sa kalooban ng Panginoon. At sa . . . manalangin para sa akin, na buksan ng Diyos ang Ika-anim na Tatak sa akin, bukas, na magawa kong dalhin Iyan sa inyo na tulad ng Kaniyang pagkakabigay Niyan sa akin. Hanggang doon, tayo'y umawit muli. Hindi lamang sa pamamagitan ng mga himno, ngunit sa pamamagitan ng mga papuri para sa Kaniya na namatay sa kapakanan natin at tinubos tayo. *Mahal Ko Siya*. "Ako . . ."

Heto ang inyong pastor ngayon.

. . . mahal Siya, Mahal ko Siya
Pagka't una Niya akong minahal.



ANG KAPAHAYAGAN NG PITONG TATAK
(The Revelation Of The Seven Seals)

Ang sampung Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham ay ipinangaral noong Marso 17 hanggang Marso 24, 1963, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., at *Ang Ikapitong Tatak* ay ipinagpatuloy noong Marso 25 sa Sherwood Motel. Dahil sa pagkaka-kalap ng mas malinaw at mas kumpletong orihinal na mga teyp, ang mga Mensaheng ito ay inayos muli batay sa pangkasalukuyang ayos. Bawat pagsisikap ay ginawa upang tamang-tamang mailipat ang berbal na Mensahe mula sa mga nakatalang magnetikong teyp tungo sa pahinang lathalain, at nalathala rito na walang bawas ng Voice of God Recordings.

Ang lahat ng karapatan sa aklat na ito ay reserbado. Ang aklat na ito ay hindi maaring ipagbili, ilathala muli, isalin tungo sa ibang mga wika, o gamitin para sa pangangilak ng mga pondo ng wala ang nasusulat na kapahintulutan ng William Branham Evangelistic Association.

TAGALOG

©1998 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org